
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • SETYEMBRE 2018


# Liahona



**Mga Tore ng Kalakasan: Paglilingkod sa Panig ng Propeta, pp. 12, 18**

Ano ang Ibig Sabihin ng Ito ang Tunay na Simbahan? p. 24

Paghahanap ng Lakas sa Kasaysayan ng Buhay ng Aking mga Ninuno, p. 36




*Mula sa "Huwag Talikuran ang Tagapagligtas," pahina 44*

# Liahona, Setyembre 2018




## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


**6** **Mga Alituntunin ng Ministering: Sumangguni tungkol sa Kanilang mga Pangangailangan**

**12** **Pangulong Dallin H. Oaks: Pagsunod sa mga Paraan ng Panginoon**
Ni Elder David A. Bednar

**18** **Pangulong Henry B. Eyring: Kahanga-hanga ang Talino, Mapagpakumbabang tulad ng Bata**
Ni Elder Jeffrey R. Holland

**24** **Ang Totoong Simbahan: "Sa Ikasasakdal ng mga Banal"**
Ni Elder J. Devn Cornish
*Maaaring hindi natin makita ang kasakdalan sa dating mga lider at miyembro ng Simbahan, ngunit makatitiyak tayo na ang doktrinang itinuturo ng Simbahan—ang doktrina ni Cristo—ay sakdal.*

**26** ***Mga Banal:* Ang Kuwento ng Simbahan—Kabanata 7: Mga Kapwa Tagapaglingkod**
*Humingi ng patnubay sina Joseph at Oliver nang mabasa nila ang tungkol sa pagbibinyag habang nagsasalin. Naghanda ang Panginoon ng tatlong lalaking magpapatotoo sa mga laminang ginto.*

**36** **Ang Kapangyarihan ng Pananampalataya at mga Kuwentong Pampamilya**
Ni Adam C. Olson
*Batid ang pinagdaanan ng kanyang ninuno, nakadama ng pag-asa si Rosalene sa sarili niyang mga pagsubok.*


## MAIIKLING BABASAHIN


**4** **Mga Larawan ng Pananampalataya: Libuletswe Gofrey Mokgatle—Gauteng, South Africa**

**10** **Sa Pulpito: Palagay ko Magpapakatotoo Ako**
Ni Jutta Baum Busche

**34** **Ang Aking Notebook sa Kumperensya: Pangkalahatang Kumperensya ng Abril 2018**

**40** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pinamumunuan ng mga Buhay na Propeta**
Ni Elder Mark E. Petersen




**SA PABALAT**
*A Majestic Monument* ni Jolynn Forman. Sinabi raw minsan ni Pangulong Brigham Young (1801-77) na ang tatlong tore sa gawing silangan ng Salt Lake Temple ay kumakatawan sa Unang Panguluhan at sa Melchizedek Priesthood (ayon sa ulat ni William Ward, sa "Who Designed the Temple?" *Deseret Weekly,* Abr. 23, 1892, 578). Kilalanin ang dalawa sa "mga tore" sa Unang Panguluhan ngayon, na sina Pangulong Dallin H. Oaks at Pangulong Henry B. Eyring, sa mga pahina 12 at 18.

## MGA YOUNG ADULT





**44 Huwag Talikuran ang Tagapagligtas**
Ni Elder Kevin W. Pearson
*Kailangang patuloy na palakasin ang ating patotoo upang hindi tayo mahila palayo.*

**48 Pagtuklas sa Aking Kabanalan**
Ni Daiane Korth da Silva
*Naging bulag ako sa sarili kong kahalagahan nang tingnan ko ang sarili ko ayon sa pananaw ng mundo.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Paano mo naaalala na mahal ka ni Jesus?***

## MGA KABATAAN


**50 Ikaw ba ay Isang Maaasahang Kaibigan?**
Ni Marissa Widdison
*Magagamit natin ang maliliit na pagpapakita ng pagmamahal para tulungan ang mga kaibigang nahihirapan.*

**52 Mga Embahador ng Pag-asa: Pagtutulungan para Mahadlangan ang Pagpapakamatay**
Ni Maryssa Dennis
*Pag-aralang mabuti ang mga palatandaan at estratehiya sa pagpigil sa pagpapakamatay.*

**56 Naligaw sa Forbidden City**
Ni Sarah Keenan
*Makikita ko ba ulit ang mga kaklase ko sa mataong lungsod na ito sa ibang bansa?*


**58 Paghahayag kay Propetang Joseph Smith—at sa Inyo**
Ni Ryan Carr
*Tulad ng pinatunayan ni Joseph Smith, walang limitasyon sa edad sa pagtanggap ng personal na paghahayag.*

**60 Ang Pakikipaglaban para sa Inyong Kalayaan**
Ni David Dickson
*Kapag mas sinunod natin ang Tagapagligtas, mas lubos nating mararanasan ang kalayaang laan ng kalayaang pumili.*

**62 Ang Bahaging para sa Atin**

**64 Poster: Tunay na Pananampalataya kay Cristo**

**65 Mga Propeta: Isang Pagpapamalas ng Pagmamahal ng Diyos**
Ni Elder Ulisses Soares


## MGA BATA





**66 Paningningin ang Iyong Liwanag: Pangangalaga at Pagbabahagi**

**68 Pananampalataya, Pag-asa, at Biyaya, Bahagi 2: Nasagot na Panalangin**
Ni Megan Armknecht

**70 Ang mga Apostol ay Nagpapatotoo Tungkol Kay Cristo**
Ni Elder Neil L. Andersen

**71 Kanlungan mula sa Bagyo**
Ni Elder Joaquin E. Costa
*Sinunod ni Noe ang Panginoon na tulad ng isang bata, at kalaunan ay nanatili siyang ligtas pagsapit ng kalamidad.*

**72 Samahan ng mga Nagbabasa ng Aklat ni Mormon**

**74 Mga Panalangin sa Likod ng Entablado**
Ni Emily B.
*Naririnig ng Ama sa Langit ang aking mga dalangin saanman ako naroroon.*

**75 Anuman ang Mangyari!**
Ni Christian B.
*Sabi ko sa kaibigan ko, mahal siya ni Jesucristo, anuman ang mangyari.*

**76 Mga Kuwento sa Banal na Kasulatan: Si Elijah at ang Babaeng Balo**
Ni Kim Webb Reid

**79 Pahinang Kukulayan: Kaya Kong Magsabi ng Totoo**

**SETYEMBRE 2018 TOMO 21 BLG. 9**
**LIAHONA 14753 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

**Patnugot:** Hugo E. Martinez
**Mga Assistant na Patnugot:** Randall K. Bennett, Becky Craven
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, LeGrand R. Curtis Jr., Edward Dube, Sharon Eubank, Christina B. Franco, Donald L. Hallstrom, Douglas D. Holmes

**Namamahalang Direktor:** Richard I. Heaton
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Francisca Olson
**Writing at Editing Team:** Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune

**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis, Ammon Harris

**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis
**Direktor sa Pamamahagi:** Troy R. Barker

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas.

**Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa Liahona para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.


LIAHONA Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150.


# Marami pang Iba Online



Magbasa ng mga artikulo at magsumite ng sarili mong artikulo sa **liahona.lds.org**


Maghanap ng nakasisigla at maibabahaging mga mensahe (sa English, Portuguese, at Spanish) sa **facebook.com/liahona**





Magpadala ng feedback sa **liahona@ldschurch.org**

Mag-subscribe sa **store.lds.org** O bumisita sa isang distribution center, magtanong sa mga lider ng ward, o tumawag sa 1-800-537-5971 (U.S. at Canada)



MGA ICON MULA SA GETTY IMAGES

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *4, 22, 72*
***Ama sa Langit,*** *43*
***Binyag,*** *26*
***Espiritu Santo,*** *56, 58*
***Family history,*** *30*
***Jesucristo,*** *44, 60, 65, 70, 75*
***Joseph Smith,*** *26, 58*
***Kahalagahan ng sarili,*** *10, 43, 48, 75*
***Kahandaan sa emergency,*** *42*
***Kalayaan,*** *60*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *24, 26, 58*
***Katapatan,*** *79*
***Komunikasyon,*** *6*
***Ministering,*** *6*
***Paghahayag,*** *26, 58, 80*
***Paghihirap,*** *4, 36, 42*
***Pagiging ina,*** *40*
***Pagkakaibigan,*** *50, 52, 63*
***Paglilingkod,*** *6, 42, 66*
***Pagmamahal, Pag-ibig,*** *75*
***Pagpigil sa pagpapakamatay,*** *50, 52*
***Pagsunod,*** *60, 71*
***Panalangin,*** *56, 63, 68, 74*
***Pananampalataya,*** *24, 36, 44, 68, 76*
***Patotoo,*** *44, 62*
***Pinuno ng Simbahan, mga,*** *12, 18*
***Priesthood,*** *26*
***Propeta, mga,*** *12, 18, 26, 76, 80*
***Word of Wisdom,*** *41*


MGA LARAWAN NG PANANAMPALATAYA

*Nabulag si Libuletswe noong siya ay 21 anyos. Muli niyang pinag-aralan ang maraming bagay, pero hindi niya napag-aralan ang Braille kailanman. Gusto niyang basahin ang mga banal na kasulatan, kaya humingi siya ng tulong sa Diyos sa panalangin.*

**CODY BELL, RETRATISTA**

# Libuletswe Gofrey Mokgatle

*Gauteng, South Africa*



Sa isang home teaching visit, sinabi ko sa sister na binisita namin, "Hindi ko mababasa ang mga banal na kasulatan kasi hindi ako makakita. Gusto kong pumasok sa paaralan kung saan ako matututo kung paano magbasa at magsulat ng Braille."

Nagtrabaho ang kanyang kapatid sa isang paaralan para sa mga bulag. Tinulungan niya akong magaplay. Nag-aral ako ng Braille araw-araw. Gumising pa ako sa gabi para magpraktis ng pagbasa ng Braille. Apat na buwan lang, marunong na akong magbasa nito.

Nakatapos ako sa pag-aaral at sinabi ko sa branch president ko na nakakabasa na ako ng Braille. Binigyan niya ako ng isang kahon na manwal para sa priesthood at lahat ng banal na kasulatan sa Braille. Hindi ko alam na may ganoon ang Simbahan. Noon ako nagsimula na talagang unawain at tamasahin ang ebanghelyo.

Alam ko na ang mga banal na kasulatan ay totoo. Natututo ako mula roon tuwing babasahin ko ito. Palagi akong may natututuhang isang bagay mula roon.

**HANAPIN ANG IBA PA**

Matuto tungkol sa disability resources ng Simbahan sa **lds.org/go/9184.**

Marami ka pang makikitang Mga Larawan ng Pananampalataya sa **lds.org/go/18.**



# Mga Alituntunin ng Ministering

# SUMANGGUNI TUNGKOL SA KANILANG MGA PANGANGAILANGAN

*Hindi mo kailangang gawin itong mag-isa. Makakatulong ang pagsangguni para matulungan mo ang iba.*

Inanyayahan ka ng Diyos na maglingkod sa isang indibiduwal o pamilya sa inyong ward o branch ayon sa kanilang mga pangangailangan. Paano mo aalamin ang mga pangangailangang iyon? Ang alituntunin ng pagsasanggunian, na lubhang pinagtutuunan sa Simbahan, ang susi.

Matapos talakayin ang maaari nating ituring na pagsasanggunian, susuriin natin ang:

1. Pagsangguni sa Ama sa Langit.
2. Pagsangguni sa nakaatas na indibiduwal at pamilya.
3. Pagsangguni sa ating kompanyon.
4. At pagsangguni sa iba pang inatasan rin sa indibiduwal o pamilyang iyon.

Mahalaga ring sumangguni sa ating mga lider. Susuriin sa isang artikulo sa Mga Alituntunin ng Ministering sa *Liahona* sa hinaharap ang pagsangguni sa mga lider pati na ang papel na ginagampanan ng mga interbyu sa ministering sa prosesong iyan.

### Ang Isinasangguni Natin

Ang pag-unawa sa mga pangangailangan ay mahalaga sa ministering sa isa't isa. Pero ano kayang uri ng mga pangangailangan iyon, at may iba pa ba tayong dapat alamin maliban sa mga pangangailangan?


Maraming uri ng pangangailangan. Ang ating mga pinaglilingkuran ay maaaring may mga hamong emosyonal, pinansyal, pisikal, edukasyonal, at iba pa. May ilang pangangailangan na mas dapat unahin kaysa iba. Makakaya nating tumulong sa ilan; sa iba naman ay maaari nating kailanganing humingi ng tulong sa iba. Sa pagsisikap nating matugunan ang mga temporal na pangangailangan, huwag kalimutan na kasama sa ating tawag na maglingkod ang pagtulong sa iba na sumulong sa landas ng tipan, sa paghahanda at pagtanggap ng mga ordenansa ng priesthood na kailangan para sa kadakilaan.

Bukod pa sa pagpapayo tungkol sa pangangailangan ng isang indibiduwal o pamilya, hangarin nating malaman ang kanilang mga kalakasan. Sa anong mga bagay sila hindi nangangailangan ng tulong? Ano ang mga kakayahan at kaloob nila na maaaring magpala sa iba? Paano sila angkop na partikular na tumulong sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos? Ang mga kalakasan ng isang tao ay maaaring mahalaga ring maunawaan na katulad ng kanyang mga pangangailangan.

MGA LARAWAN MULA SA STOCKADOBE.COM AT SA GETTY IMAGES

## 1 Pagsangguni sa Ama sa Langit

Ang isa sa mga pangunahing doktrina ng ating pananampalataya ay na nangungusap ang Ama sa Langit sa Kanyang mga anak (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9). Kapag tumanggap tayo ng bagong tungkulin na maglingkod sa isang tao, dapat tayong humingi ng payo sa Ama sa Langit sa panalangin, na naghahangad ng kaalaman at pag-unawa sa kanilang mga pangangailangan at kalakasan. Dapat magpatuloy ang prosesong iyon ng paghingi ng payo sa pamamagitan ng panalangin sa buong ministering natin.



Ang mga artikulo tungkol sa "Mga Alituntunin ng Ministering" ay nilayong tulungan tayong magmalasakit sa bawat isa—hindi para ibahagi bilang mga mensahe kapag bumibisita. Habang nakikilala natin ang mga pinaglilingkuran natin, ipapahiwatig sa atin ng Espiritu Santo na malaman kung anong mensahe ang maaaring kailangan nila bilang karagdagan sa ating pangangalaga at habag.



## 2 Pagsangguni sa mga Indibiduwal at Pamilya

Maaaring mag-iba-iba kung paano at kailan natin lalapitan ang mga indibiduwal at pamilyang pinaglilingkuran natin depende sa sitwasyon, ngunit ang tuwirang pagpapayo sa indibiduwal o pamilya ay mahalaga sa pagpapatatag ng relasyon at pag-unawa sa kanilang mga pangangailangan, pati na kung paano nila gustong matulungan. Dapat mo sigurong ipagpaliban ang pagtatanong ng ilang bagay hanggang sa magkaroon kayo ng makabuluhang relasyon. Samantalang wala namang iisang tamang paraan para magawa iyan, isipin ang mga sumusunod:

- Alamin kung paano at kailan nila gustong magpakontak.
- Alamin ang kanilang mga interes at pinagmulan.
- Magpunta nang may mga mungkahi kung paano ka makakatulong, at hingan sila ng mga mungkahi.

Habang kinukuha natin ang kanilang mga loob, isiping pag-usapan ang mga pangangailangan ng indibiduwal o pamilya. Magtanong ayon sa pahiwatig ng Espiritu Santo.[1] Halimbawa:

- Ano ang mga hamon na kinakaharap nila?
- Ano ang mga mithiin nila o ng kanilang pamilya? Halimbawa, gusto ba nilang maging mas mahusay sa pagdaraos ng regular na family home evening, o mas makaasa sa sarili?
- Paano natin sila matutulungan sa kanilang mga mithiin at hamon?
- Anong mga ordenansa ng ebanghelyo ay dumarating sa kanilang buhay? Paano natin sila matutulungang maghanda?

Alalahaning mag-alok ng partikular na tulong, tulad ng, "Kailan kami makakapaghatid ng hapunan sa inyo sa linggong ito?" Ang isang malabong alok, gaya ng, "Sabihin lang ninyo kung may maitutulong kami," ay hindi talaga nakakatulong.

## 3 Pagsangguni sa Ating Kompanyon

Dahil maaaring hindi kayo palaging magkasama ng iyong kompanyon kapag nakipag-ugnayan kayo sa indibiduwal o pamilya, mahalagang mag-ugnayan at magsanggunian habang naghahangad kayo ng inspirasyon bilang magkompanyon. Narito ang ilang ideyang isasaalang-alang.

- Paano at gaano kadalas kayo mag-uusap bilang magkompanyon?
- Paano magagamit ng bawat isa sa inyo ang inyong mga kalakasan sa pagtugon sa mga pangangailangan ng pamilya o indibiduwal?
- Ano ang mga natutuhan ninyo, ano ang naging mga karanasan ninyo, at anong mga pahiwatig ang natanggap ninyo mula nang huli kayong magsalita tungkol sa indibiduwal o pamilya?

## 4 Pagsangguni sa Iba pang Inatasan

Makakabuti sigurong kausapin paminsan-minsan ang iba pang inatasang maglingkod sa indibiduwal o pamilyang pinaglilingkuran ninyo.



Ang pagpapatatag ng mga relasyon ay mahalagang bahagi rin ng pagsasanggunian. Tingnan din sa artikulong Mga Alituntunin ng Ministering na "Pagbubuo ng mga Makabuluhang Relasyon," sa isyu ng *Liahona* noong Agosto 2018, sa pahina 6.

### Mag-usap para Malutas ang mga Hamon

Inangkop ni Elder Chi Hong (Sam) Wong ng Pitumpu ang isang salaysay mula sa Marcos 2 sa ating panahon para ilarawan kung paano nakatulong sa apat na tao ang pagsasanggunian para malaman kung paano papayagang makalapit ang isang lalaking lumpo kay Jesus.

"Parang ganito iyan," sabi ni Elder Wong. "Apat na katao ang ginagawa ang iniutos ng kanilang bishop na bisitahin ang isang lalaking lumpo sa tahanan nito. . . . Sa pinakahuling ward council, matapos pag-usapan ang mga pangangailangan sa ward, sinabi ng bishop kung sino ang mga 'sasagipin.' Naatasan ang apat na ito na tulungan ang lalaking lumpo. . . .

"[Pagdating nila sa gusaling kinaroroonan ni Jesus,] maraming tao sa silid. Hindi sila makapasok sa pintuan. Tiyak ko na sinubukan nila ang lahat ng bagay na naisip nila, pero hindi talaga sila makapasok. . . . Pinag-usapan nila kung ano ang susunod na gagawin—kung paano nila dadalhin ang lalaki kay Jesucristo para mapagaling. . . . Nagkasundo sila sa gagawin—hindi ito madali, pero ginawa nila.

". . . 'Binakbak [nila] ang bubungan ng kaniyang kinaroroonan: at nang yao'y kanilang masira, ay inihugos nila ang higaang kinahihigan ng lumpo' (Marcos 2:4). . . .

". . . 'At pagkakita ni Jesus sa kanilang pananampalataya ay sinabi sa lumpo, Anak, ipinatatawad ang iyong mga kasalanan' (Marcos 2:5)."[2]

### Paanyayang Kumilos

Hinimok ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Payuhan ang isa't isa, gamitin ang lahat ng makukuhang tulong, hangarin ang inspirasyon ng Espiritu Santo, hingin ang pagsang-ayon ng Panginoon, at ihanda ang sarili at kumilos.

"Ipinapangako ko sa inyo na kung tutularan ninyo ang paraang ito, kayo ay makatatanggap ng gabay o patnubay sa kung *sino ang tutulungan, ano ang itutulong, kailan,* at *saan* tutulong sa paraan ng Panginoon."[3] ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 208–10.
2. Chi Hong (Sam) Wong, "Tulung-tulong sa Pagsagip," *Liahona,* Nob. 2014, 14–15.
3. Dieter F. Uchtdorf, "Pagtulong sa Paraan ng Panginoon," *Liahona,* Nob. 2011, 55.

# PALAGAY KO MAGPAPAKATOTOO AKO

**Ni Jutta Baum Busche**

Ang bagong seryeng ito ay nagtatampok sa buhay ng matatapat na kababaihan at sa kanilang mga mensahe, na sinipi mula sa aklat na *At the Pulpit: 185 Years of Discourses by Latter-day Saint Women* (2017).

Tandang-tanda ko pa ang mga pagbabagong kinailangan naming gawin nang manirahan kami sa Utah. Ang una kong tungkulin sa aming ward ay maglingkod bilang Relief Society teacher. Minasdan kong mabuti ang ibang mga guro at lubha akong humanga sa pagsisikap nilang maging perpekto sa kanilang pagtuturo. Maging ang ayos ng kanilang buhok at malinis na damit ay nagpakita ng pagsisikap nilang maging perpekto. Humanga ako sa tatas at husay nilang magsalita ng Ingles. Paano ako makakapagturo sa kanila samantalang mahina ako sa Ingles? Sabik akong matuto at tuwang-tuwa ako nang mabalitaan ko na may stake preparation class para sa mga Relief Society teacher.

Nang dumalo ako sa training meeting sa unang pagkakataon, punung-puno ako ng pag-asa. Hindi ako handa sa itinanong sa akin tungkol sa gagamitin kong dekorasyon sa mesa nang magturo ako. Pakiramdam ko walang-wala akong kakayahang magturo! Wala akong ideya kung ano ang dekorasyon sa mesa o ano ang layunin noon sa paglalahad ng lesson. Nagsimulang mawala ang kumpiyansa ko nang maging negatibo ang pakiramdam ko sa aking sarili. . . .

Patuloy kong nadama ang kaabahan ko nang masdan ko ang mga sister sa aking ward at makita ko silang nagtatanim ng mga halaman at nagdede-lata ng ani. Araw-araw silang nag-jogging. Nanahi sila at namili sa baratilyo. . . . Nagdala sila ng pagkain sa mga bagong panganak at maysakit sa mga kalapit-bahay nila. Inalagaan nila ang isa at kung minsa'y dalawang matandang magulang. . . . Naging tapat sila sa paggawa ng gawain sa templo, at nag-alala sila tungkol sa pagsulat sa kanilang journal.

Sa takot sa mga halimbawa ng pagiging perpekto sa buong paligid ko, dinagdagan ko ang pagsisikap na tularan ang kababaihan sa ward namin, at nayamot ako sa sarili ko at pakiramdam ko may kasalanan ako kapag hindi ako tumakbo tuwing umaga, nag-bake ng sarili kong tinapay, nanahi ng sarili kong damit, o pumasok sa unibersidad. Nadama ko na kailangan kong maging katulad ng kababaihang kasama ko, at pakiramdam ko bigo ako dahil hindi ako madaling nakaakma sa kanilang pamumuhay.

Nakinabang sana ako sa panahong ito mula sa kuwento ng isang anim-na-taong-gulang na, nang tanungin ng isang kamag-anak ng, "Ano ang gusto mong maging?" ay sumagot ng, "Palagay ko magpapakatotoo na lang ako. Sinikap ko na gayahin ang ibang tao. Palagi akong bigo!" Tulad ng batang ito, matapos paulit-ulit na mabigong maging katulad ng ibang tao, sa huli ay nalaman ko na dapat akong magpakatotoo. Gayunman, kadalasa'y hindi



## TUNGKOL KAY SISTER BUSCHE

Si Jutta Baum (i. 1935) ay lumaki sa Dortmund, Germany. Ikinasal siya kay Enzio Busche noong 1955, at nabinyagan ang dalawa noong Enero 19, 1958, sa isang public swimming pool sa Dortmund.

Noong Oktubre 1977, dumalo sila sa isang conference sa Berlin para makapagsalin si Enzio, isang regional representative ng Simbahan, para kay Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985). Sa pagtatapos ng kumperensya, kinausap nang sarilinan ni Pangulong Kimball si Enzio at tinawag siyang maglingkod sa Unang Korum ng Pitumpu—isang full-time na katungkulan na kakailanganin ang mga Busche na mangibang-bayan.

Ang una nilang tungkulin ay sa Munich, Germany, kung saan pinamunuan ni Enzio ang mission nang dalawang taon; pagkatapos ay lumipat sila sa Utah noong 1980. Naglakbay sila nang husto, bumisita sa mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo, at nagsalita si Jutta sa mga regional conference kasama ang kanyang asawa.

Sa paglalaan ng Frankfurt Germany Temple noong 1987, sila ang naging pangulo at matron doon. Hindi pa naging temple worker si Sister Busche, kaya pinayuhan siya ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) sa isang training seminar, na "Ang pinakamahalaga ay magmahal nang magmahal nang magmahal." Sineryoso niya ang payo ni Pangulong Hinckley. Pinakiusapan niya ang mga temple worker na gawing prayoridad ang pagtulong sa mga patron na madama ang Espiritu ng Diyos.

Ang mensaheng ito ay hango sa isang mensahe ni Sister Busche na ibinigay sa Women's Conference ng Brigham Young University noong 1989.

iyon madali dahil ang mga hangarin nating makibagay, makipagsabayan at magpakitang-gilas, o magustuhan man lang ay hinihikayat tayong gayahin ang iba at hamakin ang sarili nating pinagmulan, mga talento, at sariling mga pasanin at hamon. . . . Kinailangan kong matutong pigilin ang aking pagkabalisa na kung hindi ako nakaakma, hindi ko lang kinaya.

. . . Nang tangkain kong gayahin ang kahanga-hangang kababaihan nang magturo ako sa klase na may espesyal na dekorasyon sa mesa at iba pang mga paraan sa pagtuturo na hindi pamilyar sa akin, nabigo ako dahil nangungusap pa rin sa akin ang Espiritu sa German, hindi sa Ingles. Ngunit nang humingi ako ng tulong sa panalangin, natuto akong umasa sa patnubay ng Espiritu, na nakatitiyak sa kaalaman na ako ay anak ng Diyos. Kinailangan kong matuto at *maniwala* na hindi ko kailangang makipagsabayan sa iba para ako mahalin at tanggapin ng aking Ama sa Langit. . . .

. . . Ang ating mga pagsisikap ay hindi dapat para *magsagawa* ni para *sumunod* kundi para *mabago* ng Espiritu. . . .

Maraming problemang gumagapos sa atin sa mundo. Ang pagkakaroon ng tapat na puso ay nagpapalaya sa atin na alamin ang kalooban ng Diyos para sa ating buhay. . . .

. . . Kahit abala tayo sa pagtugon sa araw-araw nating mga hamon at pagkakataong lumago, hindi tayo maaaring mabuhay sa isang araw o isang minuto nang hindi nalalaman ang kapangyarihang taglay natin. ■



KUWADRO MULA SA GETTY IMAGES



**Ni Elder David A. Bednar**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

PANGULONG DALLIN H. OAKS:

# Pagsunod sa mga Paraan ng Panginoon

*Kapag alam ni Pangulong Oaks ang gustong ipagawa sa kanya ng Panginoon—ginagawa niya iyon.*

Nang tawagin siyang maglingkod bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol noong Abril ng 1984, pinag-isipan nang malalim ni Elder Dallin H. Oaks ang kanyang bagong tungkulin at ang di-maiiwasang mga pagbabagong mangyayari sa buhay niya.

Hindi ito ang unang pagkakataong nahilingan si Elder Oaks na iwan ang kanyang personal at propesyonal na "mga lambat" (tingnan sa Mateo 4:18–20). Noong 1970 nagbitiw siya sa kanyang puwesto sa faculty sa University of Chicago Law School para tumugon sa paanyaya ng mga pinuno ng Simbahan na maging pangulo ng Brigham Young University sa Provo, Utah, USA. Lubos ang kasiyahan niya sa pagtuturo, pagsasaliksik, at pakikisalamuha sa mga estudyante sa abogasya sa Chicago. Subalit tumugon siya nang may pananampalataya sa hiling na maglingkod bilang ikawalong pangulo ng BYU.



Naharap si Elder Oaks sa gayon ding sitwasyon noong 1984 matapos siyang tawagin sa Labindalawa, nang muli siyang magbitiw sa puwesto at trabahong minahal niya bilang isang huwes sa korte suprema sa estado ng Utah. Gayunman, naiiba ang pagbabagong ito.

Noong 1970, may katwiran si Elder Oaks na isipin na babalik siya sa pagiging abugado pagkatapos ng serbisyo niya sa BYU, at ang totoo'y nagbalik nga siya kalaunan. Pero katangi-tangi ang tawag na iyon noong 1984—isang sagradong paglalaan ng kanyang buong kaluluwa at buong buhay sa Panginoon. Ang walang-hanggang kahalagahan at pandaigdigang saklaw ng bago niyang mga responsibilidad ay talagang mahirap.

Inilarawan ni Elder Oaks ang kanyang mga saloobin tungkol sa mahalagang pagbabagong ito:

"Sa panahong ito ng pagsisiyasat sa sarili, na iniisip kung paano ko gugugulin ang natitira ko pang buhay, itinanong ko sa sarili kung anong klase kaya akong apostol. Magiging abogado kaya ako na tinawag na maging apostol, o isang apostol na dating abogado? Naisip ko na ang sagot sa tanong na ito ay depende sa kung sisikapin kong iakma ang calling ko sa personal na mga katangian at karanasan ko, o kung







kay Pangulong Oaks na "sundan ang mga paraan ng Panginoon" at tunay na maging magiting na Apostol na dating abogado.

Maraming espirituwal na kaloob na makikita sa buhay at ministeryo ni Pangulong Dallin H. Oaks.

**Pananampalataya sa Tagapagligtas**

Si Pangulong Oaks ay biniyayaan ng espirituwal na kaloob na malaman sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na si Jesucristo ang Anak ng Diyos (tingnan sa D at T 46:13–14). Itinuturo niya ang doktrina ng Tagapagligtas nang malinaw at pinatototohanan Siya nang may pananalig. Ang Panginoon ang kanyang liwanag sa bawat aspeto ng kanyang buhay. Kapag alam ni Pangulong Dallin H. Oaks ang gustong ipagawa sa kanya ng Panginoon—ginagawa niya iyon.

Sa pamamagitan ng kanyang mga turo sa loob ng maraming taon, mas lubos na naipaunawa ni Pangulong Oaks sa mga miyembro ng Simbahan ang layunin at kahalagahan ng plano ng kaligtasan ng Ama, ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, ang awtoridad at mga susi ng priesthood, ang sagradong ordenansa ng sakramento, ang proseso na huwag lang basta "gawin" kundi "maging," ang mga pagkakaiba ng maganda, mas maganda, at pinakamaganda sa ating buhay, at maraming iba pang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang kanyang simple at maayos na pamamaraan sa pagkatuto ng ebanghelyo ay nagpalakas

pagsusumikapan kong iakma ang sarili ko sa calling ko.

"Sisikapin ko bang gampanan ang calling ko ayon sa mga paraan ng mundo, o sisikapin kong alamin at sundan ang mga paraan ng Panginoon?

"Nagpasiya ako na susubukan kong baguhin ang sarili ko para sa aking tungkulin, na sisikapin kong pumantay sa kwalipikasyon at espirituwal na katayuan ng isang Apostol. Iyan ay isang hamon na panghabambuhay."[1]

Ang banal na biyaya ng Panginoon, mga karanasan sa buhay, mapagsuportang pamilya, at mga personal na katangian at disiplina na yumabong sa pamamagitan ng masigasig na pag-aaral at pagkatuto, kasipagan, at mapagmahal na paglilingkod ay nagbigay-kakayahan

Panganay sa tatlong magkakapatid, pitong taong gulang lang si Dallin (dulong kaliwa) nang pumanaw ang kanyang ama. Habang lumalaki, nag-aral siyang tumugtog ng biyolin sa loob lamang ng ilang buwan ngunit tinulungan ang kanyang biyudang ina sa loob ng maraming taon.



sa pananampalataya ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo.

**Integridad**

Si Pangulong Oaks ay isang taong may integridad. Ang kanyang mga paniniwala at pag-uugali ay nakasalig sa mga alituntunin ng ebanghelyo, at isinasabuhay niya ang kanyang pinaniniwalaan. Hindi niya inisip kailanman ang kanyang sariling kapakanan dahil determinado siyang gawin ang tama, kahit hindi siya kinilala sa ginawa niya o hindi tinanggap ng iba ang kanyang pananaw. Walang mga shortcut sa buhay niya—gawin ang tama o huwag na lamang gawin ito.

Ang kanyang integridad ay makikita sa kahandaan niyang harapin ang mahihirap na isyu at assignment. At ginagawa niya ito sa napakahusay na paraan—sa paraan ng Panginoon. Nagturo siya nang tahasan tungkol sa mga paksang tulad ng pagtatanggol sa tradisyunal na pamilya, pagtugon sa mga banta sa kalayaan sa relihiyon, pagprotekta sa mga bata mula sa mga makasariling kasalanan ng matatanda, at pagtuligsa sa mga kasamaan ng pornograpiya.

**Kaamuan**

Bukod-tangi ang personal at propesyonal na mga nagawa ni Pangulong Oaks saanmang pamantayan iyon sukatin. Subalit nagpapakita ng kaamuan at espirituwal na kahandaang tumanggap si Pangulong Oaks sa pagkatuto kapwa mula sa Espiritu Santo at sa mga taong lubhang magkakaiba ang mga pinagmulan at karanasan.

Sa isa sa mga quorum meeting namin, nagpahayag ng opinyon si Elder Oaks tungkol sa isang gawain na pinaniniwalaan niyang dapat isulong. Nakakakumbinsi ang kanyang mga dahilan, at marami siyang alam tungkol sa isyu. Nakahihikayat ang mga argumento niya na pabor sa gawain.

Nang magpulong kami, sumang-ayon ang isang miyembro ng Labindalawa na medyo bago pa sa grupo na ituloy ang gawain ngunit nag-alinlangan ito sa ipinanukalang tiyempo sa pagsusulong nito. Maaari sanang sagutin ni Elder Oaks ang pag-aalala sa pagtugon ng "Naniniwala ako na mas marami akong karanasan sa bagay na ito kaysa sa inyo." Ngunit hindi niya iyon ginawa. Nang walang pahiwatig ng pagtatanggol sa sarili o galit, hiniling ni Elder Oaks ang miyembro ng kanyang korum, "Ipaunawa mo nga sa akin kung bakit ka nag-aalinlangan sa tiyempo nito?"

Matapos pakinggang mabuti ang kanyang kasamahan sa korum, nag-isip sandali si Elder Oaks at saka sinabing, "Mahalaga ang puntong nabanggit mo. Hindi ko lubos na

Si Pangulong Oaks at ang kanyang yumaong asawang si June ay may apat na anak na babae at dalawang anak na lalaki (ipinanganak ang bunso matapos kuhanan ang larawang ito).



Nagtrabaho si Dallin Oaks bilang radio announcer at transmiter engineer at nakilala niya si June habang ibinabalita ang high school basketball games noong college freshman siya. Nagpakasal sila noong 1952.

napag-isipan ang magiging epekto ng tiyempo ng gawaing ito sa paraang naisip mo, at kumbinsido ako na dapat nating baguhin ang panukala batay sa natutuhan natin sa talakayang ito."

Nakinig at natuto si Elder Oaks sa kamiyembro niya sa korum at saka lumakad sa kaamuan ng Espiritu ng Panginoon (tingnan sa D at T 19:23) upang makamtan ang hangad na resulta. Para kay Dallin H. Oaks, ang isyu ay hindi kailanman tungkol sa kung ano ang gusto niya; palagi iyong tungkol sa kung ano ang nais ng Panginoon at pagsunod sa Kanyang mga paraan.

### Paghiwatig

Si Pangulong Oaks ay nabiyayaan din ng espirituwal na kaloob na makahiwatig at ng kakayahang mapansin ang pangmatagalang mga bunga ng mga panukala, desisyon, at gawain. Namamalas ang kakayahang ito sa isang bagay na madalas niyang itanong sa sarili at sa iba: "Saan ito hahantong?"[2] Hindi lamang maaaring magsalita o magpayo ang isang tao sa council na kasama si Pangulong Oaks nang hindi napapansin kaagad kung paano nakinabang sa kakayahang ito ang maraming tao at pamilya at ang buong Simbahan noong panahon ng paglilingkod niya sa Panginoon.

Isang gabi ng tag-init noong 1970, naharap sa isang nakakatakot na sitwasyon si Pangulong Oaks nang may isang armadong magnanakaw sa South Side sa Chicago ang humarang sa kanya pagbalik niya sa nakaparada niyang kotse. Hinihintay siya ng asawa niyang si June sa sasakyan.

"Ibigay mo sa akin ang pera mo," giit ng magnanakaw.

"Wala akong pera," sagot ni Brother Oaks, habang ipinapakita ang pitaka niyang walang laman.

"Ibigay mo sa akin ang mga susi ng kotse mo," utos nito. Nasa loob ang mga susi sa nakakandadong kotse kasama ni Sister Oaks. "Pabuksan mo sa kanya ang kotse," giit ng magnanakaw. Tumanggi si Brother Oaks.

Banta ng magnanakaw, "Sumunod ka, o papatayin kita."

Mariing sinabi ni Brother Oaks, "Hindi."

Habang paulit-ulit na sinabi ng magnanakaw ang hinihingi at mga banta nito, nakakita ng pagkakataon si Brother Oaks na agawin ang baril sa binata. Ayon sa paglalarawan ni Pangulong Oaks sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperansya noong 1992, "Nang gagawin ko na iyon, may kakaiba akong naranasan. Wala akong nakita o narinig na anuman, ngunit may *nabatid* ako. Nabatid ko ang mangyayari kung aagawin ko ang baril na iyon. Maglalaban kami, at itututok ko ang baril sa dibdib ng binatang iyon. Puputok iyon, at mamamatay siya. Naunawaan ko rin na hindi ako dapat usigin ng konsiyensya ko sa pagkamatay ng binatang iyon habang nabubuhay ako."[3]






**1932:** Isinilang sa Provo, Utah, USA

**1949:** Sumali sa Utah National Guard isang taon bago naganap ang Digmaan sa Korea

**1952:** Pinakasalan si June Dixon sa Salt Lake Temple

**1954:** Nagtapos sa Brigham Young University na may degree sa accounting

**1957:** Nagtapos sa University of Chicago Law School

**1957–58:** Naglingkod bilang clerk para kay U.S. Supreme Court Chief Justice Earl Warren

**1958–61:** Naging abogado sa Chicago, Illinois, USA

**1961–70:** Nagturo ng abugasya sa University of Chicago Law School

**1971–80:** Naglingkod bilang pangulo ng Brigham Young University

**1980–84:** Naglingkod bilang huwes sa Utah Supreme Court

**1984:** Tinawag sa Korum ng Labindalawang Apostol

**1998:** Pumanaw si June Dixon Oaks, ina ng kanilang anim na anak

**2000:** Pinakasalan si Kristen M. McMain sa Salt Lake Temple

**2002–04:** Naglingkod bilang Area President sa Pilipinas

**2018:** Tinawag bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang mahimalang pagpapamalas na ito ng kaloob na makahiwatig ay nagbigay-kakayahan kay Pangulong Oaks na lutasin ang paghaharap na iyon at sa huli ay mailigtas ang sarili niyang buhay at ang buhay ng binatang magnanakaw.

Kamakailan lamang, sa isang pulong ng Missionary Executive Council, na si Elder Oaks ang chairman, nag-usap-usap kami tungkol sa isang panukalang may kaugnayan sa mga missionary na naglilingkod sa isang partikular na lugar sa daigdig. Matapos ipahayag ng mga miyembro ng council ang kanilang pananaw tungkol doon, nagtanong ng ilang bagay si Elder Oaks at ibinuod ang natutuhan nila. Pagkatapos ay sinabi niya, "Palagay ko hindi pa natin mapagpapasiyahan ang bagay na ito. Dapat nating hintayin ang Panginoon at huwag muna tayong magdesisyon ngayon."

Ang mga kaganapan ilang buwan kalaunan ay lubos na nagtampok sa inspirasyong nadama sa pagdedesisyong iyon na maghintay. Napagpala ang council, na kumilos sa ilalim ng inspiradong pamumuno ni Elder Oaks, na gumawa ng tamang desisyon, sa tamang panahon, at sa paraan ng Panginoon para protektahan ang mga missionary at umunlad ang gawain.

### Pagiging Palabiro at Kabaitan

Nakakatuwa ang pagiging palabiro ni Pangulong Oaks. Halimbawa, sa pagtatapos ng isang pananghaliang dinaluhan ng lahat ng miyembro ng Labindalawa, ipinahiwatig ng isa sa mga Kapatid na mahirap manatiling gising sa hapon matapos kumain ng masasarap na pagkain. Ngumiti nang husto si Pangulong Oaks at sumagot, "Maliban kung wala kang makitang magandang tutulugan."

Madalas siyang magbiro tungkol sa sarili niya at sa kanyang pagiging kalbo. Ngunit kaya rin niyang ipagtanggol nang husto ang mga taong kakaunti ang buhok sa ulo. Madalas niyang sinasabing, "Maraming ginawang ulo ang Panginoon, at ang mga di-gaanong maganda ay tinakpan niya ng buhok."

Nakakatuwa ang giliw at talas ng isip niya, at palagi siyang may konsiderasyon at mabait. Madalas magkomento ang mga tao matapos makasama si Pangulong Oaks na gustung-gusto nila ang ginagawa niya para mapanatag sila dahil palabiro siya, taos magmahal, at mapagmalasakit.

### Impluwensya ng Matwid na Kababaihan

Sa lahat ng tagumpay at parangal na nauugnay sa kanyang pambihirang buhay, si Pangulong Oaks ang unang kumilala sa malaking impluwensya ng tatlong matwid na babae sa kanyang buhay: sina Stella Harris Oaks, June Dixon Oaks, at Kristen M. McMain Oaks.

Pitong taong gulang si Dallin Oaks nang mamatay sa tuberkulosis ang kanyang amang si Lloyd E. Oaks, isang doktor, sa edad lang na 36. Inilibing ito noong ika-11 anibersaryo ng kasal nila ng ina ni Pangulong Oaks na si Stella Harris Oaks. Hindi na ito muling nag-asawa at mag-isang pinalaki ang tatlo nilang anak.

"Biniyayaan ako ng isang pambihirang ina," paggunita ni Pangulong Oaks. "Talagang isa siya sa maraming marangal na babaeng nabuhay sa mga huling araw."[4]

Noong freshman siya sa BYU, nakilala ni Pangulong Oaks si June Dixon. Ikinasal sila noong 1952 at biniyayaan ng anim na anak. "Hindi ako nakapagtrabaho nang maayos noon hanggang sa makilala ko si June," sabi ni Pangulong Oaks. "Utang ko sa kanya ang halos lahat ng



nagawa ko."[5] Noong Hulyo 21, 1998, pumanaw si June sa sakit na kanser.

Pinag-usapan na nina June at Dallin ang kinabukasan ng kanilang pamilya bago pa siya pumanaw. Napagkasunduan nila na magiging pagpapala sa kanya at sa kanilang pamilya kung muli siyang mag-aasawa. Noong Agosto 25, 2000, pinakasalan ni Elder Oaks si Kristen M. McMain.

Inilarawan ni Kristen Oaks ang buhay niya sa piling ni Pangulong Oaks sa isang simpleng pangungusap: Nagkakaisa kami sa gawain ng Panginoon, at napakaraming pagpapala ang ibinuhos nito sa amin. Madalas siyang magplano ng mga pagtitipon ng pamilya hangga't maaari dahil nagpapasaya ito nang husto sa buong pamilya. Palagi nilang pinag-uusapan si June.

RETRATO NA KASAMA ANG MGA MIYEMBRO SA ASIA MULA SA *DESERET NEWS*; RETRATO NA KASAMA ANG ASAWANG SI KRISTEN SA ROOTSTECH NA KUHA NI JEFFREY D. ALLRED, *DESERET NEWS*

Kapag nagtuturo at nagpapatotoo si Pangulong Oaks tungkol sa mga katotohanang nasa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," alam niya mismo ang kahalagahan ng pagiging asawa at ama. Natuto siya ng mahahalagang aral tungkol sa mga responsibilidad na pinaghahatian ng mga mag-asawa na "mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak"—at na "sa mga banal na tungkuling ito, ang mga [asawang alaki at ] ama at [ang kanilang asawa at] ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan."[6] Palagi at sa abot ng kanyang makakaya, nagbuhay-pamilya si Pangulong Oaks na sumusunod sa paraan ng Panginoon.





Kilalang mapagmalasakit sa mga tao, naglakbay si Pangulong Oaks sa buong mundo para maglingkod at magbahagi ng ebanghelyo.

Kaliwa: Nagsalita sila ng asawa niya ngayon na si Kristen tungkol sa pagkonekta sa pamilya sa 2018 RootsTech family history conference.


## Ang Habambuhay na Dedikasyon

Noong Abril 6, 2018, sinang-ayunan si Pangulong Russell M. Nelson bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kasama sina Pangulong Dallin H. Oaks bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan at Pangulong Henry B. Eying bilang Pangalawang Tagapayo.

Nagsimula si Pangulong Oaks sa kanyang bagong tungkulin sa namumunong korum ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na may "habambuhay na matiwasay at matatag na dedikasyon"[7]—isang buhay na nakalaan sa Tagapagligtas at sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan. Ang personal na pagkadisipulo, makapangyarihang mga turo, at di-nagbabagong mabuting halimbawa ni Pangulong Oaks ay magiging positibong impluwensya sa mga tao sa buong mundo at makakatulong sa kanila na sundan ang mga paraan ng Panginoon. ■


**MGA TALA**

1. Dallin H. Oaks, *The Lord's Way* (1991), 7.
2. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Where Will It Lead?" (Brigham Young University devotional, Nob. 9. 2004), speeches.byu.edu.
3. Dallin H. Oaks, "Bible Stories and Personal Protection," *Liahona,* Nob. 1992, 39–40.
4. Don L. Searle, "Elder Dallin H. Oaks: 'It Begins by Following the Other Apostles,'" *Ensign,* Hunyo 1984, 14.
5. Dallin H. Oaks, "The Student Body and the President" (Brigham Young University devotional, Set. 9, 1975), 6, speeches.byu.edu.
6. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
7. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "The Dedication of a Lifetime" (Church Educational System fireside for young adults, Mayo 1, 2005), 2, broadcasts.lds.org.



**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

## PANGULONG HENRY B. EYRING:


# Kahanga-hanga ang Talino, Mapagpakumba-bang tulad ng Bata

*Ang kadalisayan ng iba't ibang aspeto ng buhay at pagkatao ni Pangulong Henry B. Eyring ay may kabalintunaan kung minsan.*


Sabi ng isa sa mga anak na lalaki ni Pangulong Henry B. Eyring kamakailan, "Mailalarawan ko ang aking ama sa tatlong salita: dalisay na layunin." Tiyak na sasang-ayon ang lahat ng nakakilala rito sa bagong Pangalawang Tagapayo kay Pangulong Russell M. Nelson, nakita siyang makihalubilo sa iba, o narinig siyang mangaral. Totoo ngang tila ang iba't ibang dimensyon ng buhay ni Hal Eyring (ang tawag sa kanya ng kanyang pamilya at mga kaibigan) ay isang mahabang pagpapamalas ng isang napakadalisay na katangian, isang di-nagbabagong pagpapakita ng "dalisay na layunin": na maging ayon mismo sa gusto ng Diyos na kahinatnan ng Kanyang mga anak kapwa sa salita at sa gawa.

Ang pamamaraan ni Pangulong Eyring sa pagsusulong ng mithiing iyon ay kasinglinaw at kasingsimple ng gawain mismo—ngunit mahirap pa rin! Mula sa kanyang pagkabata ngayon hanggang sa sumapit siya sa edad na 80s, pinagsikapan ni Hal na maging matwid sa harap ng Diyos sa masigasig na paghahangad sa—at kahandaang hindi kumilos kailanman nang walang—patnubay ng Espiritu Santo, isang makalangit na kasama na tutukuyin niya sa halos bawat pakikipag-usap niya, bawat desisyon sa pamamahala na ginagawa niya, o bawat pampublikong pahayag na sinasambit niya. Ang pinakamahalagang paraan ni Henry B. Eyring para marating ang kaluwalhatiang selestiyal ay ang magtamasa ng patnubay ng Espiritu Santo. Ito ay pagpapamalas ng kanyang tunay na pagpapakumbabang tulad ng bata. Ito ay katibayan ng kanyang natatanging espirituwal na kadalisayan.

Ang nakakatuwa, maraming may kabalintunaang aspeto sa kanyang buhay kaya mas kakaiba ang kadalisayan nito. Isinilang at ipinangalan sa chemist na maaaring magwagi ng Nobel prize, sinubukan ni Hal ang talino niya sa physics at chemistry ngunit pinili niyang kumuha ng kurso sa business, isang paksang malayung-malayo sa nakagawiang pag-aralan ng mga Eyring. Dahil napakayaman nila, pinili nila ng kanyang asawang si Kathleen na mamuhay nang disente at







kaninuman—sa Rexburg, Idaho, USA.

Patuloy ang kadalisayan at kabalintunaan. May talinong higit pa sa mga karaniwang halimbawa ng katalinuhang iyon, ayaw umasa ni Pangulong Eyring sa kanyang sariling talento o mabuting pagpapasiya sa paggawa ng anumang desisyon tungkol sa mga bagay na may espirituwal na bunga. Matapang sa ganap na kahulugan ng salitang iyan kapag kailangan at matatag nang higit pa sa karaniwang kahulugan ng katatagan, ayaw niya talaga, tulad ng sabi ni Pangulong M. Russell Ballard (at ng sariling mga anak ni Pangulong Eyring), "na minamadali siyang magdesisyon o magpasiya ng gagawin nang walang ingat. Hindi siya kikilos kailanman

matipid sa kanilang buong pagsasama—at paminsa-minsa'y nahirapan sila (ayon sa nakakatawang ulat ng kanilang mga anak). Pormal na nag-aral sa isa sa mga pangunahing unibersidad sa Estados Unidos, matagal na naging ganap na propesor sa isa pa, at naging visiting fellow sa ikatlo, walang hihigit sa edukasyong narating ni Hal nang medyo bata pa siya, subalit iniwan niya ang mataas na pinag-aralan at propesyonal na seguridad para mamuno sa halos di-kilalang dalawang-taon pa lang na kolehiyo (di-kilala ng sinuman at lahat ng kanyang kasamahan sa Harvard, Stanford, at MIT), isang paaralan na hindi pa niya nabisita kailanman—ang Ricks College—sa isang lungsod na hindi niya kayang ituro

Kaliwa: Habang lumalaki sa New Jersey, USA, nagkaroon ng patotoo ang batang si Henry (nakaupo sa tabi ng kanyang ina), kahit iilan lang ang mga miyembro ng Simbahan na makakausap. Sa edad na 13, lumipat sila ng kanyang pamilya sa Utah dahil nagkatrabaho ang kanyang ama sa University of Utah. Naglaro ng basketball si Henry para sa East High School sa Salt Lake City.

sa anumang paraan na malalagay sa panganib ang Simbahan o sinumang pananagutan niya."[1]

Ang isang huling halimbawa ng kadalisayan at kabalintunaan sa kaibuturan mismo ng kaluluwa ni Henry B. Eyring ay magbubuo sa integridad ng pambihirang lalaking ito:

Minsa'y kinailangang magbigay ni Pangulong Eyring ng sakramento sa isang grupo na hindi kayang sumama sa regular na pagdaraos ng ward sacrament miting. Bago niya itinuloy ang kabutihang-loob na iyon, tinawagan niya nang sunud-sunod ang bishop ng kanyang ward para humingi ng pahintulot na gawin iyon. Mangyari pa, kusang-loob at mapagmahal na pumayag ang bishop.



**1933:** Ipinanganak sa Princeton, New Jersey, USA

**1955:** Nagtapos sa University of Utah na may degree sa physics

**1959, 1963:** Tumanggap ng degree sa master of business administration at doctor of business administration mula sa Harvard University

**1962:** Pinakasalan si Kathleen Johnson sa Logan Utah Temple

**1962–71:** Nagturo sa Graduate School of Business sa Stanford University sa California, USA

**1971–77:** Naglingkod bilang pangulo ng Ricks College

**1980–85:** Naglingkod bilang Commissioner of Education ng Simbahan

**1985:** Tinawag bilang Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric

**1992:** Tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu

**1992–2005:** Naglingkod bilang Commissioner of Education ng Simbahan

**1995:** Tinawag sa Korum ng Labindalawang Apostol

**2007:** Tinawag bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

**2008:** Tinawag bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

**2018:** Tinawag bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Binabanggit ko ang partikular na pangyayaring ito sa isang dahilan. Siguradong malinaw sa lahat ang aral na ito. Ito ay isang miyembro ng Unang Panguluhan ng Simbahan na nagtatanong. Ito ay isang inorden na Apostol, isang taong mayhawak sa lahat ng susi ng priesthood na maaaring hawakan ng sinumang tao dito sa lupa. Ito ay isang maaaring gumabay at gumagabay sa bawat priesthood leader ng ward at stake sa Simbahan, kabilang na ang bishop ng kanyang sariling ward sa Bountiful, Utah, USA. Ito ay isang may awtoridad sa lahat ng susi na maaaring sumakop sa sinumang lokal na lider at bilang isang namumunong opisyal ng Simbahan ay madalas niyang kailanganing gawin iyon. Ngunit sa dalisay na pusong naglalarawan sa lahat ng kanyang ginagawa at ang kabalintunaang hindi lahat ay handang-handang ipamalas, ito si Pangulong Henry B. Eyring na masusing sinusunod ang protocol na itinatag para sa bawat karaniwang miyembro ng Simbahan saanmang dako ng mundo, na mapagkumbabang ipinapahayag ang kanyang kahilingan sa harap ng hinirang ng Panginoon at handang-handang tumanggap ng payo at sumunod sa desisyon ng kanyang lokal na lider.


## Ang Pundasyon ng Kanyang Pananampalataya

Maagang nagsimula ang saganang espirituwalidad at malinaw na kadalisayan ng pananampalataya ni Pangulong Eyring. Isinilang kina Henry at Mildred Bennion Eyring noong Mayo 31, 1933, noong si Henry Sr. ay isang bantog na propesor sa Princeton University, lumaki si Hal sa isang rehiyon kung saan kakaunti ang mga miyembro ng Simbahan kaya idinaos ng mga Eyring sa kanilang tahanan ang mga miting ng Simbahan tuwing Sabbath. Kalaunan ay magbibiro si Pangulong Eyring na sila lang ng nakababata niyang kapatid na si Harden ang nasa Primary ng branch, at si Kuya Ted lang nila ang nasa Young Men. Ang ina nilang si Mildred ang piyanista at tagakumpas, bagama't hindi niya gaanong maalala kung paano nito sabay na ginawa iyon.

Hindi nakahadlang sa pagtatamo ng patotoo ni Hal ang mapunta sa isang maliit na ward. "Natutuhan ko noon," paggunita niya, "na ang Simbahan ay hindi isang gusali; ang Simbahan ay hindi rin ang maraming tao. Napalapit ako sa Ama sa Langit at nalaman ko [kahit noon] na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Kanyang Simbahan; hindi na mahalaga kung nagpupulong ang aming maliit na branch sa komedor namin."

Noong 13 anyos si Hal, tumanggap ng mataas na puwesto ang kanyang ama sa University of Utah. Dumalo ang nakababatang Henry sa early-morning seminary at nakatuwaan niyang maglaro sa basketball team nila sa high school, ngunit inamin niya na hindi siya nagkaroon ng matatalik na kaibigan kailanman.

Habang naaawa sa sarili isang araw, nakatanggap siya ng impresyon na magpapabago sa kanyang buhay. Nadama niya na isang babala iyon mula sa Diyos: "Balang-araw, kapag



alam mo na kung sino ka talaga, magsisisi ka na hindi mo ginamit nang mas mabuti ang oras mo." Tumugon siya sa pahiwatig na iyon sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon nang ilang beses noong tinedyer siya. Nadama rin niya na ginabayan siya ng aklat ni President David O. McKay na *Gospel Ideals,* na nagturo sa kanya, higit sa lahat, kung paano tratuhin nang angkop ang mga babae, isang debosyon na habambuhay niyang ipapakita sa kanyang pinakamamahal na asawang si Kathleen.


**Isang Pangarap na Nagkatotoo**

Bata pa si Hal, ang pinakamatinding pangarap niya ay makapag-asawa at makabuo ng pamilya. Dahil napakadalas niyang maisip ang kinabukasan ng kanyang magiging mga anak, binigyan na niya silang lahat ng palayaw na "The Redheads," na iniisip na pula ang magiging buhok nila na katulad ng kanyang ina.

Nagkatotoo ang pangarap na ito sa huli nang maglingkod siya bilang tagapayo sa Boston District presidency, isang calling ni Hal sa Simbahan habang nag-aaral siya sa graduate school sa Harvard University pagkatapos niya ng kolehiyo sa University of Utah. Nang mag-aral siya ng doctorate noong tag-init ng 1960, kinatawan ni Hal ang district presidency sa isang single adult devotional na idinaos sa Cathedral of the Pines sa southwest New Hampshire, USA, isang kilalang outdoor amphitheater sa rehiyon. Sa kaganapan nakita niya ang isang dalagang naka-pula at puting damit at humanga siya sa dalisay na kabutihang nabanaag niya rito. Naisip niya, "Siya ang pinakamabuting taong nakita ko. Kung makakasama ko siya habang ako'y nabubuhay, magiging napakabuti kong tao."

Ang dalaga ay si Kathleen Johnson na taga-Palo Alto, California, USA, na walang planong magpunta sa New England sa tag-init na iyon ngunit, sa pagpipilit ng kanyang kaibigan, sabay silang nag-aral sa Harvard noong tag-init na iyon. Kasunod ng outdoor devotional na iyon, gumawa ng paraan si Hal para makilala si Kathy sa simbahan isang araw ng Linggo at natuwa nang marinig na mahilig itong maglaro ng tennis. Ilang beses sa isang linggo naglalaro ng tennis si Hal kasama ang isang kaibigan sa kolehiyo at likas na mahusay siyang atleta, kaya inakala niya na ang paglalaro ng tennis ay napakagandang gawin sa unang pagdedeyt para mapahanga niya







Kaliwa: Nasa faculty si Pangulong Eyring sa Graduate School of Business sa Stanford University bago siya hinilingang maglingkod bilang pangulo ng Rick's College (ngayo'y Brigham Young University–Idaho).

Itaas: Nabiyayaan si Pangulong Eyring at ang kanyang asawang si Kathy ng apat na anak na lalaki at dalawang anak na babae.



gulo para pagkumpunihan at pag-imbakan ng kayak," kasama ng "kahit limang saksakan ng kuryente man lang sa may mesa sa kusina" at "isang kubol o tagong bihisan ng mga swimmer para sa pagsusulat."

"Ano ang ibig mong sabihin?" tanong ni Hal sa asawa.

"Hindi ka ba makakagawa ng mga pag-aaral para kay Neal Maxwell?" mungkahi niya, na tinutukoy ang bagong Commissioner of Education ng Simbahan. Nagulat si Hal dito. Minsan lang niya nakadaup-palad si Neal A. Maxwell, at alam niya na ni hindi pa ito nakikilala ni Kathleen. Sinikap niyang ipaliwanag ito nang husto. Ang hindi sinabi sa kanya ni Kathleen ay na siya ay naging kapitan ng kanyang high school tennis team! "Inilampaso niya ako," reklamo pa rin ni Hal tungkol sa paglalaban nila. Ito ang una sa pambihirang mga halimbawa ng kanyang magiging asawa sa pamumuhay nang mapagkumbaba at pagtulong sa kanyang asawa na gawin iyon.

## Isang Bagong Landas

Pagkatapos ng kanilang kasal at ng paghirang kay Hal kalaunan sa faculty ng business school sa Stanford University, isang hatinggabi noong Disyembre 1970, ilang buwan lang bago na-release si Hal bilang bishop ng student ward sa Palo Alto, biglang nagtanong si Kathy. Nang humiga sa kama si Hal pagkaraan ng nakakapagod na maghapon, sumandal si Kathy at nagtanong, "Sigurado ka bang ginagawa mo ang dapat mong gawin sa propesyon mo?"

Nagulat si Hal sa tanong nito. Parang perpekto naman ang lahat sa buhay nila. Para namang may pag-asa at maaliwalas ang hinaharap, pati na ang pangarap na bahay ng mga Eyring na kamakailan lang ay ibinalangkas ni Hal sa kanyang journal. Kabibilangan ito ng mga detalyeng katulad ng "isang kuwarto para sa mga proyekto, na sapat ang laki at

Tinawag bilang Apostol noong 1995 (itaas), nakapaglingkod na si Pangulong Eyring bilang tagapayo sa tatlong Pangulo ng Simbahan: kay Gordon B. Hinckley (kanan), kay Thomas S. Monson, at ngayo'y kay Russell M. Nelson.

Kanan: Kumakaway si Pangulong Eyring mula sa kanyang lugar bilang grand marshal sa parada ng Days of '47 noong 2012 sa Salt Lake City, Utah.



sa asawa kung bakit hindi bagay sa kanya ang magbago ng propesyon, subalit iginiit nito na ipagdasal man lang niya iyon. Ginawa niya ito kaagad, lumuhod sa tabi ng kama at nag-alay ng isang maikling panalangin. Nang walang dumating na sagot, naging desidido na si Hal sa bagay na iyon at agad nang natulog.

Gayunman, kinaumagahan, nakatanggap si Hal ng dalawang malilinaw na espirituwal na pahiwatig na magpapabago sa takbo ng kanyang propesyon at buhay magpakailanman. Isinulat niya ito pareho sa kanyang journal. Una, "Huwag gamitin ang sarili mong pagpapasiya para mawala ang mga pagkakataong ibinigay sa iyo: ipagdasal ang lahat ng

RETRATO KASAMA SI PANGULONG HINCKLEY AT ANG ASAWA NIYANG SI KATHY, MULA SA *DESERET NEWS*; RETRATO MULA SA PARADA NA KUHA NI TOM SMART, *DESERET NEWS*

ito nang may bukas na isipan." At ikalawa, "Gampanang mabuti ang mga tungkuling ibinigay sa iyo sa Simbahan at ang iyong propesyon hangga't kaya mo; paghahanda ang mga ito."

Dumating ang unang impresyon na parang isang pangaral na susundin ni Hal sa kanyang buhay magpakailanman. Matapos tanggihan dati ang tatlong iba't ibang alok na trabaho nang hindi ipinagdarasal ang mga ito, pumasok sa kanyang isipan ang mga salitang, "Huwag mo nang ulitin ang pagkakamaling iyon kailanman. Hindi mo alam kung ano ang kauuwian ng propesyon mo."

Dahil sariwa pa rin sa kanyang isipan ang espirituwal na patnubay na ito, handa na si Hal nang wala pang tatlong linggo kalaunan, tumawag si Commissioner Maxwell para mag-iskedyul ng miting nila sa Salt Lake City. Agad ipinaliwanag ni Brother Maxwell ang layunin ng miting. "Gusto kong gawin kang pangulo ng Ricks College," sabi nito. Sumagot si Hal na kailangan niyang ipagdasal ito. Nagdasal nga siya at ang maikling sagot sa kanya ay, "Iyan ang paaralan ko." Sabi nga nila, alam na ninyo ang nangyari. Ang kanyang paglilingkod sa Simbahan mula noon ay naging huwaran at kapansin-pansin, hanggang sa maglingkod siya bilang Deputy Commissioner of Education at pagkatapos ay Commissioner (dalawang beses), at sinundan ng mga tawag sa Presiding Bishopric, Korum ng Pitumpu, Korum ng Labindalawang Apostol, at bilang tagapayo sa tatlong Pangulo ng Simbahan.



Ngunit ang tunay na kahulugan para kay Hal, walang calling sa Simbahan na mas mahalaga para sa kanya kaysa iba: "Ang mga problema sa bawat aspeto ng buhay ay maaaring mag-udyok sa atin na tanggihan o balewalain ang mga tawag na maglingkod sa Tagapagligtas," pagtuturo ni Pangulong Eyring. "Ang ilan sa mga tungkuling iyon ay tila hindi mahalaga, ngunit ang buhay *ko*, at ang pamilya ko, ay napabuti dahil tinanggap ko ang tungkuling magturo sa deacons quorum. Nadama ko ang pagmamahal ng mga deacon na iyon sa Tagapagligtas at ang pagmamahal Niya sa kanila."[2]

Isang panghuling kabalintunaan: Halos wala akong maisip na sinumang kilala ko na mas galit at ayaw sa karahasan kaysa sa kaibigan kong si Henry B. Eyring. Subalit nagtapos siya bilang nangungunang ROTC cadet sa klase niya sa University of Utah at naglingkod sa kanyang bayan nang may karangalan sa United States Air Force. Kung may kailangang magpunta sa digmaan—at siguradong nakasama tayo sa isa na nagsimula sa mga kapulungan ng langit—gugustuhin ninyo, una sa lahat, na mapamunuan ng isang taong napopoot sa mismong ideya ng digmaan. Ngunit kung magkaroon ng (espirituwal) na digmaan, isasamo ninyo sa pinunong iyon na mag-isip nang malinaw, maging matalino, sukatin ang bawat taktikal at planadong opsiyon laban sa inihayag na doktrina, at mabuhay para sa at maghangad ng patibay ng Espiritu Santo sa bawat desisyong ginawa niya. Ang gayong kakaibang pagtatanggol sa sagrado sa isang digmaan laban sa anumang di-banal o mahalay ay nagpapamalas ng marahil ay tunay na kadalisayan ng kung minsa'y tila may kabalintunaang buhay ni Henry B. Eyring. Ipagmamalaki kong makapaglingkod sa kanyang flight crew, sakay ng kanyang battleship, o sa kanyang hinukay na kanlungan. ■



Ang talambuhay ni Pangulong Eyring na, *I Will Lead You Along: The Life of Henry B. Eyring,* nina Robert I. Eaton at Henry J. Eyring, ay napakahalaga sa paghahanda sa artikulong ito. Dito nagmula ang ilan sa mga personal na obserbasyon at talambuhay ni Pangulong Eyring.

**MGA TALA**

1. Personal na liham, Abr. 25, 2018.
2. Henry B. Eyring, "Sa Aking mga Apo," *Liahona,* Nob. 2013, 69.



**Ni Elder J. Devn Cornish**
General Authority Seventy

# Ang Totoong Simbahan

## "Sa Ikasasakdal ng mga Banal"

Sa ngayon nagkaroon ka na ng pagkakataong mabasa ang unang ilang kabanata ng tomo 1 ng bagong apat-na-tomong salaysay tungkol sa kasaysayan ng Simbahan na, *Mga Banal: Ang Kuwento ng Ang Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw*. Kamangha-manghang makita kung paano pinatatatag ang ating pananampalataya at pinaninibago ang ating pag-asa ng kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na ikinuwento sa konteksto ng naranasan ng mga taong nabuhay noon. Pribilehiyo naming ihatid ang kasaysayang iyon sa paraang mauunawaan at mapapahalagahan ng buong mundo at ng buong Simbahan.

Ang mga impresyong matatamo ng isang tao sa pagbabasa ng kasaysayan ng Simbahan ay depende sa inaasahan niyang matuklasan sa kasaysayang iyon. Nabasa natin ang sariling pahayag ng Panginoon na ang Simbahang ito "ang tanging tunay at buhay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo" (D at T 1:30). Kaya tila makatwirang asahan na ang kasaysayan ng tunay na Simbahan ay naglalarawan ng mga pinunong hindi nagkakamali na tagumpay na ipinatutupad ang sunud-sunod na inihayag na mga tagubilin hanggang sa maging perpekto ang organisasyon na masayang tinatanggap ng lahat. Ngunit hindi iyan ang inilalarawan ng mga banal na kasulatan ni isinasagisag ng ating kasaysayan, dahil hindi pangunahing layunin ng Panginoon na gawing perpekto ang Simbahan bilang isang organisasyon.

### Ano ang Layunin ng Simbahan?

Walang itinuturo sa ating mga banal na kasulatan, ating doktrina, o mga turo ng mga apostol at propeta sa mga huling araw na ang layunin ng Panginoon ay gawing perpekto o iligtas ang Simbahan. Sa halip, ang layunin ng Simbahan ay para "sa ikasasakdal ng mga banal . . . hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya . . . hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo" (Mga Taga Efeso 4:12–13). Ang pangunahing layunin ng Panginoon ay gawing sakdal o perpekto ang Kanyang mga banal. Suportado ng Simbahan ang adhikaing iyan.

Sa gayon, matutuwa tayo sa matutuklasan natin sa ating kasaysayan kung inaasahan natin na ipapakita nito kung paanong hindi lang itinatag ng Panunumbalik ang tunay na Simbahan ng Panginoon sa lupa kundi naglaan din ito ng mga karanasan na magpapalago sa mga lider at miyembro hanggang sa sila ay maging sakdal kapag natuto sila mula sa kanilang mga tagumpay at pagkakamali. Ang kanilang mga karanasan ay makapagpapaibayo sa ating pananampalataya sa Diyos at kay Cristo at matutulungan tayong makita kung paano tayo mababago at mapagpapala ng ating pakikibahagi sa prosesong ito na ginagabayan ng Diyos. Sa madaling salita, ang kasaysayan ng Simbahan ay nagbibigay sa atin ng pag-asa na tayo man sa huli ay magiging "ganap [kay Cristo]" (Moroni 10:32).

### Ano ang Ibig Sabihin ng Ito ang Tunay na Simbahan?

Kung nagawang itatag ng mga lider at miyembro noong araw ang Simbahan ni Cristo kahit kung minsa'y hindi perpekto ang kanilang mga pagsisikap, at kung minsa'y nagkakamali sila, ano ang ibig sabihin ng ito ang tunay na Simbahan? Ang ibig sabihin nito, maaari tayong lubos na magtiwala sa bisa ng awtoridad ng ipinanumbalik na priesthood, nakapagliligtas na mga ordenansa, inihayag

na doktrina, mga banal na kasulatan, at nagkakaisang mga korum ng Labindalawang Apostol at Unang Panguluhan. Ang ibig sabihin nito, maaari nating malaman na ang Tagapagligtas mismo ang namamahala sa Simbahan at na ang Espiritu Santo ay magpapatotoo sa lahat ng taos-pusong naghahanap sa katotohanan ng mga bagay na ito. Ang ibig sabihin nito, sa pagsisikap na sundin ang mga tipang nauugnay sa mga ordenansa, at patuloy na pagsisisi, kahit ang mga taong katulad natin na hindi perpekto ngunit tapat ay mamumuhay sa kaluwalhatiang selestiyal sa piling ng Diyos at ni Cristo at ng ating pamilya magpakailanman, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Pribilehiyo naming ipakita ang salaysay ng kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at hinihikayat namin kayo na patuloy na basahin ang nalalabi sa serye habang lumalabas ang bawat aklat. Tapat ito sa mga talaan at tunay na pangyayari. Tiwala kami na ang tapat na pagbabasa ng kasaysayang ito ay magpapaibayo ng ating pananampalataya sa pagmamahal ng Ama sa Langit at sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, magpapalakas ng ating patotoo tungkol sa banal na patnubay ni Propetang Joseph Smith at sa Panunumbalik, at makapagbibigay sa atin ng pag-asa na tayo man ay tatanggap ng lahat ng pagpapalang ipinangako Nila sa matatapat. ■

*Si Elder Cornish ay naglilingkod bilang Assistant Executive Director ng Church History Department noong inihahanda ang artikulong ito.*

Ang Kabanata 7 ng *Mga Banal* ay makikita sa sumusunod na artikulo. Ang unang buong aklat ay makukuhang nakalimbag sa 14 na wika sa **store.lds.org** at nang libre sa Gospel Library app at online sa **saints.lds.org.** Makukuha rin ito sa English, Spanish, at Portuguese sa mga sikat e-book at audio book platform.

Para malaman ang iba pa tungkol sa mga inspiradong kaganapan sa kasaysayan ng Simbahan, sumali sa pandaigdigang debosyonal, isang Face to Face event kasama si Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Setyembre 9, 2018. Bisitahin ang **YSAface2face.lds.org** para sa mga detalye at para maagang magsumite ng mga tanong.




A. FRIBERG



Kabanata 7

# Mga Kapwa Tagapaglingkod

*Ito ang kabanata 7 ng bagong apat-na-tomong salaysay ng kasaysayan ng Simbahan na pinamagatang* Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw. *Ang aklat na ito ay nakalimbag sa 14 na wika, sa bahaging Church History ng Gospel Library app, at sa mgabanal.lds.org. Ang naunang mga kabanata ay inilathala sa nakaraang mga isyu at makukuha sa 47 wika sa Gospel Library app at sa mgabanal.lds.org.*

Ang tagsibol ng 1829 ay malamig at mahamog hanggang buwan ng Mayo. Habang ang mga magsasaka sa Harmony ay nananatili sa loob ng bahay, ipinagpapaliban ang kanilang pagtatanim hanggang sa bumuti ang panahon, isinasalin naman nina Joseph at Oliver ang karamihan ng talaan hanggang sa abot ng kanilang makakaya.[1]

Nakarating na sila sa tala tungkol sa naganap sa mga Nephita at Lamanita noong pumanaw si Jesus sa Jerusalem. Isinasalaysay nito ang tungkol sa malalakas na lindol at mga bagyo na lumipol sa mga tao at nagpabago sa anyo ng lupain. Nabaon sa lupa ang ilan sa mga lunsod, habang ang iba naman ay nasunog at natupok. Ilang oras na gumuhit ang kidlat sa kalangitan at naglaho ang araw, at binalot ng makapal na kadiliman ang mga nakaligtas. Sa loob ng tatlong araw tumangis ang mga tao, nagdadalamhati para sa kanilang mga patay.[2]

Sa wakas, narinig sa karimlan ang tinig ni Jesucristo. "Hindi pa ba kayo ngayon magbabalik-loob sa akin," tanong Niya, "at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?"[3] Pinawi Niya ang kadiliman, at nagsisi ang mga tao. Hindi nagtagal, marami sa kanila ang sama-samang nagtipon sa templo na nasa lupaing tinatawag na Masagana, kung saan pinag-usapan nila ang kagila-gilalas na mga pagbabagong nangyari sa lupain.[4]

Habang sila ay nag-uusap, nakita nila ang Anak ng Diyos na bumaba mula sa langit. "Ako si Jesucristo," wika Niya, "na siyang pinatotohanan ng mga propeta na paparito sa daigdig."[5] Sandali nilang nakasama Siya, itinuro Niya ang Kanyang ebanghelyo, at iniutos sa kanila na magpabinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan.

"Sinuman ang maniniwala sa akin, at mabinyagan, siya rin ay maliligtas," Kanyang ipinahayag. "Sila yaong magmamana ng kaharian ng Diyos."[6] Bago umakyat sa langit, ibinigay Niya sa matwid na kalalakihan ang awtoridad na magbinyag ng mga taong naniniwala sa Kanya.[7]

*NAGPAKITA SI CIRSTO SA SINAUNANG AMERIKA*, NI ARNOLD FRIBERG, SA KAGANDAHANG-LOOB NG MUSEUM OF CHURCH HISTORY AND ART

Habang sila ay nagsasalin, tumimo kina Joseph at Oliver ang mga turong ito. Tulad ng kanyang kapatid na si Alvin, hindi pa nabibinyagan si Joseph, at nais pa niyang malaman ang tungkol sa ordenansa at awtoridad na kinakailangan upang magawa ito.[8]

Noong Mayo 15, 1829 huminto ang mga pag-ulan at naglakad sina Joseph at Oliver patungo sa kakahuyan malapit sa Susquehanna River. Lumuhod sila, itinanong sa Diyos ang tungkol sa pagbibinyag at kapatawaran ng mga kasalanan. Habang nagdarasal sila, ang tinig ng Manunubos ay nangusap ng kapayapaan sa kanila, at isang anghel ang nagpakita sa isang ulap ng liwanag. Ipinakilala niya ang sarili bilang si Juan Bautista at ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanilang mga ulunan. Napuno ng kagalakan ang kanilang mga puso nang mapalibutan sila ng pagmamahal ng Diyos.

"Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod," pagpapahayag ni Juan, "sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan."[9]

Malumanay ang boses ng anghel, ngunit tila tumagos ito sa kaibuturan ng puso nina Joseph at Oliver.[10] Ipinaliwanag niya na ang Aaronic Priesthood ay nagbibigay ng awtoridad sa kanila na magbinyag, at kanyang inatasan sila na binyagan nila ang isa't isa pagkaalis niya. Sinabi rin niya na kalaunan ay tatanggap sila ng karagdagang kapangyarihan ng priesthood, na siyang magbibigay ng awtoridad na maigawad ang kaloob na Espiritu Santo sa bawat isa at sa lahat ng kanilang bibinyagan.

Pagkaalis ni Juan Bautista, naglakad sina Joseph at Oliver papunta sa ilog at lumusong. Unang bininyagan ni Joseph si Oliver, at nang umahon siya mula sa tubig, si Oliver ay nagsimulang magpropesiya ng mga bagay na mangyayari sa lalong madaling panahon. Pagkatapos ay bininyagan ni Oliver si Joseph, na umahon mula sa ilog at nagpropesiya tungkol sa pagsisimula ng simbahan ni Cristo, na siyang ipinangako ng Panginoon na itatatag sa kanila.[11]

Bilang pagsunod sa tagubilin ni Juan Bautista, bumalik sila sa kakahuyan at inordenan ang isa't isa sa Aaronic Priesthood. Sa kanilang pag-aaral ng Biblia, maging sa kanilang pagsasalin ng sinaunang talaan, madalas mabasa nina Joseph at Oliver ang tungkol sa awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos. Ngayon ay taglay na nila ang awtoridad na ito.

Matapos ang kanilang binyag, natuklasan nina Joseph at Oliver na ang mga banal na kasulatan na dating mahirap maunawaan at mahiwaga ay biglang naging mas malinaw. Napuno ng katotohanan at pang-unawa ang kanilang mga isipan.[12]

*Madalas makabasa sina Joseph at Oliver tungkol sa awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos. Ngayo'y taglay nila mismo ang awtoridad na iyon.*

Sa New York, ang kaibigan ni Oliver na si David Whitmer ay sabik na lalo pang matutuhan ang tungkol sa gawain ni Joseph. Bagama't nakatira sa Fayette si David, mga tatlumpung milya mula sa Manchester, naging magkaibigan sila ni Oliver habang nagtuturo sa paaralan si Oliver at nakatira sa mga Smith. Madalas nilang pag-usapan ang tungkol sa mga gintong lamina, at nang lumipat si Oliver sa Harmony, nangako siya kay David na magpapadala ng liham tungkol sa pagsasalin.

Hindi nagtagal ay nagsimulang dumating ang mga liham. Isinulat ni Oliver na alam ni Joseph ang mga detalye tungkol sa kanyang buhay na walang maaaring makaalam maliban sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Diyos. Inilarawan niya ang mga salita ng Panginoon kay Joseph at ang pagsasalin ng talaan. Sa isang liham, isinulat ni Oliver ang ilang pangungusap na isinalin, at pinatotohanan ito.

Ipinaalam din ni Oliver sa isa pang liham kay David na kalooban ng Diyos na dalhin niya ang kanyang mga kabayo at bagon sa Harmony upang tulungan sina Joseph, Emma, at Oliver na lumipat sa tahanan ng mga Whitmer sa Fayette, kung saan nila tatapusin ang pagsasalin.[13] Ang mga tao sa Harmony ay hindi gaanong nalulugod na tanggapin ang mga Smith. Ilang lalaki ang nagbanta na lulusubin sila, at kung hindi dahil sa impluwensya ng pamilya ni Emma, marahil ay malubha silang nasaktan.[14]

Ibinahagi ni David ang liham ni Oliver sa kanyang mga magulang at kapatid, na sumang-ayon na tanggapin sina Joseph, Emma, at Oliver sa kanilang tahanan. Ang mga Whitmer ay mga inapo ng mga dayuhang nagsasalita ng wikang Aleman na tumira sa lugar at kilala sa kanilang kasipagan at debosyon. Ang kanilang sakahan ay malapit sa tahanan ng mga Smith para bisitahin ngunit sapat ang layo upang mapigilan ang mga magnanakaw na guluhin sila.[15]



Kinabukasan, naglakad papunta sa bukirin si David at nakita ang mga hanay ng mga tudling sa lupa na hindi pa naararo noong nakaraang gabi. Nang magsiyasat pa siya, nakita niya na anim na acre ang magdamag na inararo, at sa huling tudling ay naroon na ang pang-araro, nakahanda na upang tapusin niya ang trabaho.

Namangha ang ama ni David nang nalaman niya ang nangyari. "Marahil ay may makapangyarihang kamay na kumilos sa lahat ng ito," sabi niya, "at sa palagay ko ay dapat ka nang tumungo sa Pennsylvania kapag naipunla mo na ang plaster of paris."

Nagtrabaho nang mabuti si David upang maararo ang natitirang kabukiran at upang maihanda ang lupa para sa maayos na pagtatanim. Nang matapos siya, ikinabit niya ang bagon sa isang malusog na pangkat ng mga kabayo at nagtungo sa Harmony nang mas maaga sa inaasahan.[16]

Nang makalipat sina Joseph, Emma, at Oliver sa Fayette, naging abala ang ina ni David. Si Mary Whitmer at ang kanyang asawang si Peter ay may walong anak na nasa edad labinglima hanggang tatlumpung taon, at ang iba na hindi nakatira sa kanilang tahanan ay naninirahan malapit sa kanila. Ang pag-aasikaso sa kanilang mga pangangailangan ang umuubos ng oras ni Mary, at ang tatlong bisita ay nakaragdag pa sa kanyang mga gawain. May pananampalataya si Mary sa tungkulin ni Joseph at hindi dumaraing, ngunit napapagod na rin siya.[17]

Napakaalinsangan noong tag-araw na iyon sa Fayette. Habang naglalaba si Mary ng mga damit at naghahanda ng mga pagkain, si Joseph naman ay nasa isang kuwarto sa itaas na nagdidikta ng kanyang mga salin. Kadalasang si Oliver ang nagsusulat para sa kanya, at paminsan-minsan ay si Emma o isa sa mga Whitmer.[18] Minsan, kapag napagod sa pagsasalin sina Joseph at Oliver, maglalakad sila patungo sa isang kalapit na lawa at maghahagis ng mga bato sa ibabaw ng tubig.

Nais ni David na agad pumunta sa Harmony, ngunit ipinaalala sa kanya ng kanyang ama na may mabigat na trabaho na kinakailangang gawin nang dalawang araw bago siya umalis. Panahon iyon ng pagtatanim, at kailangan ni David na araruhin ang dalawampung acre at patabain ang lupa gamit ang plaster of paris upang mapabilis ang pagtubo ng trigo. Sinabi ng kanyang ama na magdasal muna siya upang malaman kung kailangan na ba talagang umalis.

Sinunod ni David ang payo ng ama, at habang nagdarasal, naramdaman niya ang Espiritu na nagsasabing tapusin niya ang kanyang trabaho sa bahay bago magtungo sa Harmony.



Halos walang panahon si Mary para ipahinga ang kanyang sarili, at ang dagdag na gawain at ang bigat na pinapasan niya ay mahirap dalhin.

Isang araw, habang nasa labas siya ng kamalig kung saan ginagatasan ang mga baka, may nakita siyang isang lalaking kulay-abo ang buhok na may bag na nakasabit sa kanyang balikat. Natakot si Mary sa biglaang paglitaw nito, ngunit sa paglapit ng lalaki, kinausap siya nito sa mabait na tinig kaya napanatag siya.

"Ang pangalan ko ay Moroni," sabi niya. "Ikaw ay tunay na napagod sa lahat ng karagdagang gawain na kailangan mong gampanan." Inalis niya ang bag mula sa kanyang balikat, at nakita ni Mary na sinimulan niyang alisin ang pagkakatali nito.[19]

"Ikaw ay lubos na matapat at masipag sa iyong mga gawain," dagdag pa niya. "Nararapat, kung gayon, na tumanggap ka ng pagpapatotoo upang mapalakas ang iyong pananampalataya."[20]

Binuksan ni Moroni ang kanyang bag at kinuha ang mga gintong lamina. Ipinakita niya iyon kay Mary at binuklat ang mga pahina upang makita nito ang mga nakasulat doon. Matapos niyang ipakita ang pinakahuling pahina, hinimok niya si Mary na maging matiyaga at matapat habang ginagawa ang dagdag na trabaho sa kaunti pang panahon. Ipinangako ni Moroni na pagpapalain si Mary dahil dito.[21]

Naglaho ang matandang lalaki makalipas ang isang saglit, at naiwang mag-isa si Mary. May mga trabaho pa siyang gagawin, ngunit hindi na niya iyon inalala.[22]

Sa sakahan ng mga Whitmer, mabilis na nagsalin si Joseph, ngunit may mga araw na napakahirap. Ang kanyang isipan ay natutuon sa ibang mga bagay, at hindi siya makatutok sa mga espirituwal na bagay.[23] Ang maliit na bahay ng mga Whitmer ay palaging okupado at maraming nakagagambala. Ang paglipat doon ay nangangahulugang iniwan na nina Joseph at Emma ang pribadong pamumuhay na kanilang natamasa sa Harmony.

Isang umaga, habang naghahanda siyang magsalin, nagalit si Joseph kay Emma. Kalaunan, nang siya ay sumama kina Oliver at David sa silid sa itaas kung saan sila nagtatrabaho, hindi siya makapagsalin ng kahit isang pantig.

Nilisan niya ang kuwarto at naglakad sa labas patungo sa halamanan. Nagdasal doon nang halos isang oras. Pagbalik niya, kinusap niya si Emma at humingi ng tawad. Pagkatapos ay bumalik siya sa pagsasalin tulad nang dati.[24]

Isinasalin na niya ngayon ang huling bahagi ng talaan na kilala bilang maliliit na lamina ni Nephi, na siyang magsisilbing simula ng aklat. Naglalahad ng isang kasaysayang katulad ng isinalin at naiwala nila ni Martin, ang maliliit na lamina ay kuwento tungkol sa isang binatang nagngangalang Nephi, na ang pamilya ay ginabayan ng Diyos mula sa Jerusalem patungo sa isang bagong lupang pangako. Ipinaliwanag nito ang mga pinagmulan ng talaan at ang mga naunang labanan ng mga Nephita at ng mga Lamanita. Higit sa lahat, nagbigay ito ng malakas na patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala.

Nang isalin ni Joseph ang huling lamina, nalaman niyang ipinaliwanag dito ang layunin ng talaan at binigyan ito ng pamagat, Ang Aklat ni Mormon, isinunod sa pangalan ng isang sinaunang propeta at mananalaysay na siyang bumuo ng aklat.[25]

Mula nang sinimulan niyang isalin ang Aklat ni Mormon, maraming natutuhan si Joseph tungkol sa kanyang gagampanan sa gawain ng Diyos. Sa mga pahina nito, nakilala niya ang mahahalagang turo na kanyang natutuhan mula sa Biblia at maging ang mga bagong katotohanan at kaalaman tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. May natuklasan din siyang mga talata tungkol sa mga huling araw na nagpropesiya na may isang piling propetang nagngangalang Joseph na maglalahad ng salita ng Diyos at magpapanumbalik ng mga nawalang kaalaman at tipan.[26]

Sa talaan, nalaman niya na ipinaliwanag pa ni Nephi ang propesiya ni Isaias tungkol sa isang aklat na mahigpit na nakasara na hindi mababasa ng mga edukadong tao. Habang binabasa ni Joseph ang propesiya, naalala niya ang pakikipag-usap ni Martin Harris kay Propesor Anthon. Pinatunayan nito na tanging ang Diyos ang makapaglalabas ng aklat mula sa lupa at magtatatag ng simbahan ni Cristo sa mga huling araw.[27]

Habang tinatapos ni Joseph at ng kanyang mga kaibigan ang pagsasalin, naisip nila ang isang pangakong ibinigay ng Panginoon sa Aklat ni Mormon at sa Kanyang mga paghahayag—na ipapakita ang mga lamina sa tatlong saksi. Ang mga magulang ni Joseph at si Martin Harris ay bumibisita sa sakahan ng mga Whitmer noong panahong iyon, at isang umaga ay nakiusap sina Martin, Oliver, at David kay Joseph na tulutan silang maging mga saksi. Nanalangin si Joseph at sumagot ang Panginoon, sinabi na kung mananalig sila sa Kanya nang buong-puso at mangangakong magpapatotoo sa katotohanan, maaari nilang makita ang mga lamina.[28]

*Hawak ni Moroni ang mga laminang ginto sa harap ni Mary Whitmer at binuklat ang mga pahina nito para makita ni Mary ang nakasulat dito.*

"Kailangan mong magpakumbaba sa iyong Diyos sa araw na ito," ang sabi ni Joseph kay Martin, "at magtamo, kung maaari, ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan."[29]

Kalaunan ng araw ring iyon, isinama ni Joseph ang tatlong lalaki patungo sa kakahuyan malapit sa tahanan ng mga Whitmer. Lumuhod sila, at bawat isa ay malakas na nagdasal na ipakita sa kanila ang mga lamina, ngunit walang nangyari. Sinubukan nila ito sa ikalawang pagkakataon, subalit wala pa ring nangyari. Sa wakas, tumayo si Martin at lumakad palayo, sinabing siya ang dahilan kung bakit nananatiling sarado ang kalangitan.

Bumalik sa pagdarasal sina Joseph, Oliver, at David, at di nagtagal isang anghel ang nagpakita sa kanilang ulunan na balot ng maningning na liwanag.[30] Hawak niya ang mga lamina at isa-isa niyang binuklat ang mga pahina upang ipakita sa mga lalaki ang mga simbolong nakaukit sa bawat pahina. Isang mesa ang lumitaw sa kanyang tabi at sa ibabaw nito ay ang mga sinaunang artifacts na inilarawan sa Aklat ni Mormon: ang mga pansalin, ang baluti sa dibdib, isang espada, at ang mahimalang aguhon o kompas na gumabay sa pamilya ni Nephi mula sa Jerusalem patungo sa lupang pangako.

Narinig nila ang tinig ng Diyos na nagpapahayag, "Ang mga laminang ito ay ipinahayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at isinalin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Ang salin ng mga ito, na inyong nakikita, ay wasto, at inaatasan ko kayo na patotohanan ninyo ang inyong nakikita at naririnig."[31]

Nang umalis ang anghel, naglakad si Joseph sa mas masukal na bahagi ng kakahuyan at natagpuang nakaluhod si Martin. Sinabi sa kanya ni Martin na hindi pa siya nakatatanggap ng patunay mula sa Panginoon, ngunit nais pa rin niyang makita ang mga lamina. Hiniling niya kay Joseph na magdasal kasama niya. Lumuhod sa kanyang tabi si Joseph, at bago pa man sila nakapagbigkas ng isang

salita, nakita nila ang anghel ding iyon na ipinapakita ang mga lamina at iba pang mga sinaunang bagay.

"Sapat na! Sapat na!" bulalas ni Martin. "Namasdan na ng mga mata ko! Namasdan na ng mga mata ko!"[32]

Bumalik si Joseph at ang Tatlong Saksi sa tahanan ng mga Whitmer kalaunan ng hapong iyon. Kasalukuyang nakikipag-usap si Mary Whitmer sa mga magulang ni Joseph nang nagmamadaling pumasok si Joseph sa silid. "Itay! Inay!" sabi niya. "Hindi ninyo alam kung gaano ako kaligaya!"

Umupo siya sa tabi ng kanyang ina. "Hinayaan ng Diyos na makita ng tatlo pang tao ang mga lamina bukod sa akin," sabi niya. "Batid nila sa kanilang sarili na hindi ako nanlilinlang ng mga tao."

Pakiramdam niya ay isang pasanin ang inalis sa kanyang mga balikat. "May mga tungkulin na silang dapat gampanan ngayon," sabi niya. "Hindi na ako nag-iisa sa mundo."

Maya-maya pa'y pumasok na si Martin, na nag-uumapaw sa galak. "Nakakita na ako ng anghel mula sa langit!" sigaw niya. "Pinasasalamatan ko ang Diyos nang buong katapatan ng aking kaluluwa dahil nagpakababa Siya upang gawin ako—maging ako—na isang saksi ng kadakilaan ng Kanyang gawain!"[33]

Pagkalipas ng ilang araw, sumama ang mga Whitmer sa pamilya Smith sa kanilang sakahan sa Manchester. Dahil alam nila na ipinangako ng Panginoon na itatatag Niya ang Kanyang mga salita "sa pamamagitan ng bibig na kasindami ng mga saksing inaakala niyang makabubuti," nagtungo si Joseph sa kakahuyan kasama ang kanyang ama, sina Hyrum, at Samuel, at maging ang apat sa mga kapatid ni David Whitmer—sina Christian, Jacob, Peter Jr., at John—at ang kanilang bayaw na si Hiram Page.[34]

Ang mga lalaki ay nagtipon sa lugar kung saan madalas magtungo ang pamilyang Smith upang magdasal nang pribado. Sa pahintulot ng Panginoon, inalis ni Joseph ang takip ng mga lamina at ipinakita ang mga ito sa grupo. Hindi sila nakakita ng anghel tulad ng tatlong saksi, ngunit hinayaan sila ni Joseph na hawakan ang mga talaan, buklatin ang mga pahina nito, at suriin ang mga sinaunang sulat. Ang paghawak sa mga lamina ay nagpatibay sa kanilang pananampalataya na ang kuwento ni Joseph tungkol sa anghel at sa sinaunang talaan ay totoo.[35]

*Hinayaan ni Joseph na hawakan ng Walong Saksi ang mga talaan, buklatin ang mga pahina nito, at suriin ang mga sinaunang sulat nito.*

Ngayong natapos na ang pagsasalin at mayroon nang mga saksi na magpapatunay sa kanyang nakamamanghang patotoo, hindi na kailangan ni Joseph ang mga lamina. Matapos lisanin ng mga lalaki ang kakahuyan at bumalik sa bahay, nagpakita ang anghel at ibinalik ni Joseph ang sagradong talaan sa kanyang pangangalaga.[36] ■

Ang kumpletong listahan ng mga babasahing nabanggit ay makukuha sa English sa saints.lds.org.

Ang salitang *Paksa* sa mga tala ay nagpapahiwatig ng karagdagang impormasyon sa internet sa mgabanal.lds.org.

**MGA TALA**


1. Oliver Cowdery to William W. Phelps, Sept. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:14; Staker, "Where Was the Aaronic Priesthood Restored?," 158, tala 49.
2. 3 Nephi 8; Oliver Cowdery to William W. Phelps, Sept. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:15–16; tingnan din sa Kowallis, "In the Thirty and Fourth Year," 136–90.
3. 3 Nephi 9:13.
4. 3 Nephi 10:9; 11:1.
5. 3 Nephi 11:10; 15:21–24; tingnan din sa Juan 10:16.
6. 3 Nephi 11:33.
7. 3 Nephi 11:23–33.
8. Oliver Cowdery to William W. Phelps, Sept. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:13–16.
9. Doktrina at mga Tipan 13:1 (Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 17–18, sa *JSP,* H1:292–94 [draft 2]); Oliver Cowdery to William W. Phelps, Sept. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:15; Staker, "Where Was the Aaronic Priesthood Restored?," 142–59. **Paksa:** Panunumbalik ng Aaronic Priesthood
10. Oliver Cowdery to William W. Phelps, Sept. 7, 1834, *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1834, 1:15.
11. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 17–18, sa *JSP,* H1:292–94 (draft 2); "Articles of the Church of Christ," June 1829, sa *JSP,* D1:371.
12. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 18, sa *JSP,* H1:294–96 (draft 2).
13. "Mormonism," *Kansas City Daily Journal,* Hunyo 5, 1881, 1; James H. Hart, "About the Book of Mormon," *Deseret Evening News,* Mar. 25, 1884, [2]; Joseph F. Smith to John Taylor and Council of the Twelve, Set. 17, 1878, draft, Joseph F. Smith, Papers, Church History Library; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 21, sa *JSP,* H1:306 (draft 2).




14. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 18, sa *JSP,* H1:296 (draft 2).
15. "Mormonism," *Kansas City Daily Journal,* Hunyo 5, 1881, 1; Dickinson, *New Light on Mormonism,* 250; "The Book of Mormon," *Chicago Tribune,* Dis. 17, 1885, 3; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 21, sa *JSP,* H1:306 (draft 2).
16. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [8]; Orson Pratt and Joseph F. Smith, Interview with David Whitmer, Sept. 7–8, 1878, [10], sa Joseph F. Smith to John Taylor and Council of the Twelve, Set. 17, 1878, draft, Joseph F. Smith, Papers, Church History Library; Cook, *David Whitmer Interviews,* 26–27.
17. Orson Pratt and Joseph F. Smith, Interview with David Whitmer, Sept. 7–8, 1878, [10], sa Joseph F. Smith to John Taylor and Council of the Twelve, Set. 17, 1878, draft, Joseph F. Smith, Papers, Church History Library.
18. James H. Hart, "About the Book of Mormon," *Deseret Evening News,* Mar. 25, 1884, [2].
19. Skousen, "Another Account of Mary Whitmer's Viewing of the Golden Plates," 40; [Andrew Jenson], "Eight Witnesses," *Historical Record,* Okt. 1888, 621.
20. Orson Pratt and Joseph F. Smith, Interview with David Whitmer, Sept. 7–8, 1878, [10], sa Joseph F. Smith to John Taylor and Council of the Twelve, Set. 17, 1878, draft, Joseph F. Smith, Papers, Church History Library.
21. Skousen, "Another Account of Mary Whitmer's Viewing of the Golden Plates," 40; [Andrew Jenson], "Eight Witnesses," *Historical Record,* Okt. 1888, 621.
22. [Andrew Jenson], "Eight Witnesses," *Historical Record,* Okt. 1888, 621; Orson Pratt and Joseph F. Smith, Interview with David Whitmer, Sept. 7–8, 1878, [10], sa Joseph F. Smith to John Taylor and Council of the Twelve, Set. 17, 1878, draft, Joseph F. Smith, Papers, Church History Library; Stevenson, Journal, Dis. 23, 1877.
23. Whitmer, *Address to All Believers in Christ,* 30.
24. "Letter from Elder W. H. Kelley," *Saints' Herald,* Mar. 1, 1882, 68; tingnan din sa Bushman, *Rough Stone Rolling,* 77.
25. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 34, sa *JSP,* H1:352–54 (draft 2). **Mga Paksa:** Pagsasalin ng Aklat ni Mormon**;** Mga Laminang Ginto
26. 2 Nephi 3:7–19.
27. Joseph Smith History, circa Summer 1832, [5], sa *JSP,* H1:15; 2 Nephi 26:16; 27:15–21.
28. Doktrina at mga Tipan 17 (Revelation, June 1829–E, sa josephsmithpapers.org); Doktrina at mga Tipan 5:11–18 (Revelation, Mar. 1829, sa josephsmithpapers.org); Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 23, sa *JSP,* H1:314–17 (draft 2).
29. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [11].
30. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 24–25, sa *JSP,* H1:316–18 (draft 2).
31. "Letter from Elder W. H. Kelley," *Saints' Herald,* Mar. 1, 1882, 68; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 24–25, sa *JSP,* H1:316–20 (draft 2); "Testimony of Three Witnesses," sa Book of Mormon, 1830 edition, [589]. **Paksa:** Mga Saksi ng Aklat ni Mormon
32. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 25, sa *JSP,* H1:320 (draft 2).
33. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 8, [11]; book 9, [1].
34. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 9, [1]; 2 Nephi 27:14.
35. "Testimony of Eight Witnesses," sa Book of Mormon, 1830 edition, [590]. **Paksa:** Mga Saksi ng Aklat ni Mormon
36. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 9, [2].

# ANG AKING NOTEBOOK SA KUMPERENSYA


*Pangkalahatang Kumperensya ng Abril 2018*



### PRIESTHOOD VS. MGA PRIESTHOOD HOLDER

"Ang Melchizedek Priesthood ay hindi isang katayuan o isang tatak. Ito ay isang banal na kapangyarihang ipinagkakatiwala para gamitin sa kapakinabangan ng gawain ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Dapat nating tandaan palagi na ang mga lalaking maytaglay na priesthood ay *hindi* 'ang priesthood.' Hindi wastong sabihin 'ang priesthood at ang kababaihan.' Dapat ang sabihin natin, 'ang mga *maytaglay* na priesthood at ang kababaihan.' "

**Pangulong Dallin H. Oaks, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang mga Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2018, 65.**




## Pagsisid ng mas Malalim

### MINISTERING

Sa pangkalahatang kumperensya ay marami sa ating mga lider ang nagsalita tungkol sa ministering. Habang pinag-aaralan mo ang pinakabagong mga mensahe, tingnan kung matutukoy mo ang mahahalagang katangian ng ministering. Narito ang ilang mensahe para makapagsimula ka:

- Henry B. Eyring, "Mapasainyo ang Kanyang Espiritu," *Liahona,* Mayo 2018, 86–89.
- Henry B. Eyring, "Inspiradong Pagmiministeryo," *Liahona,* Mayo 2018, 61–64.
- Jeffrey R. Holland, "Makapiling at Palakasin Sila," *Liahona,* Mayo 2018, 101–3.
- Jean B. Bingham, "Paglilingkod na Tulad ng Ginagawa ng Tagapagligtas," *Liahona,* Mayo 2018, 104–7.

## Mga Sagot sa mga Tanong

### TALAGA BANG MAKAKALIMUTAN KO ANG AKING MGA KASALANAN AT MAPAPATAWAD?

"[Inialay ng Tagapagligtas] ang Kanyang buhay at kinuha itong muli.

"Ginawa Niya ito para sa lahat ng naniniwala sa Kanya.

"Ginawa Niya ito para sa lahat ng hindi naniniwala sa Kanya.

"Ginawa Niya ito kahit na sa mga nanlibak, lumait, at lumapastangan sa Kanyang pangalan. . . .

"Dahil kay Jesucristo, mabubuhay tayo bilang mga walang hanggang nilalang, sa mga daigdig na walang katapusan. . . .

"Dahil kay Jesucristo, ang ating mga kasalanan ay hindi lamang mabubura; ang mga ito ay kalilimutan na."

**Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Narito ang Tao!" *Liahona,* Mayo 2018, 108, 109.**

---

Paanyaya: Ano ang mga tanong mo na nasagot ng isang bagay na narinig mo sa kumperensya? Ibahagi ang iyong karanasan sa aming Facebook page: facebook.com/liahona.




**SINUSUBUKAN ANG MGA TURO NG PROPETA**

Naantig ako sa mensahe ni Pangulong Nelson sa kumperensya na nais ng Diyos na makipag-usap sa akin at sabihin sa akin ang nais Niyang gawin ko. Naisip kong susubukan ko ito ngayon. Nagdasal ako na makatulong ako ngayong araw sa isang tao. Pagkatapos magtanghalian kinailangan kong kargahan ng gas ang kotse ko. Pumasok sa isip ko na kailangan kong ibili ng gas ang isang tao. Medyo nagdududa, naisip kong, "Tingnan natin." Nagsimula na akong magkarga ng gas. Isang minivan ang tumigil sa tabi ko, at bumaba ang isang babae kasama ang kanyang anak. Inilabas niya ang kanyang pitaka at binuklat-buklat ito.

Patapos na ako sa pagkakarga ng gas nang marinig kong sinabi niya nang medyo nahihiya, "Excuse me." Lumingon ako at nakita ko ang pag-aalala sa kanyang mukha.

Sinabi ko sa kanya na may dapat akong ibili ng gas ngayon. "Ikaw ba 'yun?" Nagulat siya, at nagsimula siyang mapaluha. "May nakamasid sa iyo ngayon," sabi niya. Lumakad ako palibot sa gas pump at in-insert ko ang credit card ko. Pagkatapos ay sumakay na ako sa kotse ko at umalis, natitiyak na may nakamasid din sa akin sa itaas. Salamat, O Diyos, sa propeta!"

**—Jonathan Benson, nai-share ang kuwento sa *Liahona* Facebook page**

---

May karanasan ka bang gusto mong ibahagi? Isumite ang iyong kuwento sa **liahona.lds.org,** o i-share ito sa aming Facebook page.

## Pagnilayan ito . . .

**ANO ANG GAGAWIN KO KUNG MAY ISANG ARAW PA AKO PARA MABUHAY?**

**Tingnan sa Elder Taylor G. Godoy ng Pitumpu, "Isa Pang Araw," *Liahona,* Mayo 2018, 34–36.**

---

Ibahagi ang mga naiisip mo sa *Liahona* Facebook page, o isulat sa iyong journal ang mga naiisip mo!

## Mga Bilang ng Kumperensya

**103,221**

**NA MGA MISSIONARY ANG KASALUKUYANG NAGLILINGKOD:**


**67,049** ang full-time
**36,172** ang Church-service



7 bagong mga templo ang ibinalitang itatayo sa Salta, Argentina; Bengaluru, India; Managua, Nicaragua; Cagayan de Oro, Philippines; Utah, USA; Virginia, USA; at sa isang lungsod na aalamin pa sa Russia. Tingnan ang mapa sa itaas.



DETALYE MULA SA *WHERE HAVE THEY TAKEN HIM?* NI J. KIRK RICHARDS; IMAHE NG NOTEBOOK AT MUNDO MULA SA GETTY IMAGES



# ANG KAPANGYARIHAN NG PANANAMPALATAYA AT mga Kuwentong Pampamilya

*Mas matatag tayo sa harap ng mga pagsubok kapag pamilyar tayo sa mga hamon na nakaharap ng ating mga ninuno.*

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

Noon pa man ay nakadama na si Rosalene Pacini ng espesyal na koneksyon sa kanyang lola-sa-tuhod na si Elizabeth Xavier Tait dahil sa nakalakhan niyang mga kuwento na punung-puno ng pananampalataya. Nabihag ng mga kuwento tungkol sa tiwala ni Elizabeth sa Panginoon nang maglakbay siya mula Bombay hanggang Liverpool patungong Sion, pati na ang kanyang pagtitiis sa masasakit na pagsubok, ang imahinasyon ni Rosalene noong bata pa siya.

Nagkaroon din ng papel ang mga kuwentong iyon sa paghahanda ni Rosalene na magkaroon ng pananampalataya at umasa roon nang maharap siya sa gayon ding mga hamon sa sarili niyang buhay.

MGA LARAWAN MULA SA STOCK.ADOBE.COM, AT MULA SA GETTY IMAGES

# PAG-ALIS NG BAHAY, PAGKAWALA NG PAMILYA

***Elizabeth, 1850s, Bombay, India***




Si Elizabeth Xavier ay isang dalagang mataas ang pinag-aralan na hindi nahirapan sa buhay dahil mayaman at maharlika ang kanyang pamilya sa India. Ngunit nagkaroon siya ng hamon noong 1850 nang ikasal siya kay William Tait, isang regimental drill master sa British navy na nabinyagan ni Elder Parley P. Pratt sa Scotland.

Ayaw na ayaw ng pamilya ni Elizabeth na magpabinyag siya. Ang problema sa hindi tiwasay na mga relasyon ay sinundan ng trahedya nang mamatay ang kanyang panganay na anak na lalaki dahil sa kolera. Pagkatapos, walong buwang buntis ngunit inaasam na makasama sa mga Banal at maging walang-hanggang pamilya, inutusan ni Elizabeth si William at ang kanilang pangalawang anak na lalaki na maghanda ng isang tahanan para sa kanilang pamilya sa Sion.

Nang isilang ang sanggol, nagmakaawa ang pamilya ni Elizabeth na talikuran niya ang kanyang asawa at relihiyon at manatili sa piling nila. Ngunit sa determinasyong sundin ang Tagapagligtas, tuluyan niyang iniwan ang kanyang pamilya at inang-bayan, at naglayag patungong Liverpool, England.

***Rosalene, 2003, Colorado, USA***



Si Rosalene ang bunsong anak sa isang malaking pamilya sa Enterprise, isang maliit na komunidad sa Southern Utah, USA. Nagkaroon siya ng maraming pagkakataong masaksihan ang kapangyarihan ng pananampalataya kay Jesucristo noong mga taon na nasa bahay siya at sa kanyang misyon. Matapos ikasal sa templo, nagkaroon si Rosalene ng pansariling karanasan na sumubok sa kanyang patotoo nang magsimulang magtrabaho ang kanyang asawa na mas lalong naglayo sa kanya sa kanyang pamilya.

Matapos lumipat sa estado ng Colorado, minasdan ni Rosalene mula sa malayo ang pakikibaka ng kanyang ina sa kanser hanggang sa pumanaw ito pagkaraan ng ilang taon.

"Naging masaya sana akong nanirahan sa aking inang-bayan sa tabi ng mga magulang ko habang nabubuhay ako," wika niya. "Nalungkot ako nang tumanda na ako at kailanganin kong lumayo. Napakasakit nang mawala ang nanay ko. Kahit ngayon, araw-araw akong nangungulila sa kanya.

"Kailangan kong maniwala na may mga araw na lubos na nangulila si Elizabeth sa kanyang pamilya. Ngunit nanalig siya kay Jesucristo at hinayaan niya ang Kanyang kapangyarihan na impluwensyahan ang kanyang buhay. Sapat na iyon para maging matatag siya. Ang kapangyarihan ding iyon ang nakatulong sa akin na umasa sa aking Ama sa Langit para sa lakas, malapit man o malayo ang aking pamilya sa lupa."

PAGLALARAWAN NI MICHAEL T. MALM



*PATULOY NA SUMULONG*, NI JOSEPH BRICKEY

## ANG TIBO NG KAMATAYAN

***Elizabeth, 1856, Liverpool, England***

Sa mahabang paglalakbay-dagat mula India hanggang England, nagkasakit nang malubha ang sanggol na anak ni Elizabeth. Namatay ito at inilibing sa Liverpool. Kalauna'y sinabi ni Elizabeth na napakasakit na mamatay ang kanyang anak kaya hindi niya alam kung paano pa siya magpapatuloy sa buhay. Lungkot na lungkot at nag-iisa, ngunit nabigyan ng pag-asa ni Elder Franklin D. Richards ng Korum ng Labindalawang Apostol, na naglilingkod bilang pangulo ng European Mission, naglayag si Elizabeth patungong Boston, Massachusetts, USA.

***Rosalene, 2006, New York, USA***

Nang makalipat ang lumalaking pamilya ng mga Pacini sa New York, maagang humilab ang tiyan ni Rosalene. Naisip ng mga doktor na operahan siya para ilabas ang sanggol dahil patuloy na humihina ang pintig ng kanyang puso. Ngunit nang mag-normal ang pintig ng kanyang puso, nakahinga nang maluwag at umuwi na ang pamilya.

Sa isang follow-up appointment makalipas ang ilang araw, walang mahanap na tibok ng puso ang doktor. Nailabas ang kanilang sanggol na lalaki makalipas ang ilang oras—na patay na.

"Napakasakit na namatay ang anak ko," sabi ni Rosalene. "Lubos na naging hungkag ang pakiramdam ko nang kunin nila ang kanyang munting katawan mula sa aking mga bisig."

Sumakay ng eroplano ang pamilya patungong Utah para ilibing ito sa tabi ng ina ni Rosalene. Ilang linggo pagkaraan, hindi makayanan ni Rosalene na umalis at magpatuloy sa buhay.

"Palagay ko nauunawaan ko nang kaunti kung paano naisip ni Elizabeth kung kaya pa niyang mabuhay," sabi ni Rosalene. "Pero nakaya niya. Maaaring matagpuan nating lahat ang ating sarili sa lugar na iyon balang-araw sa ating buhay. Ngunit hindi tayo maaaring tumigil. Sumusulong tayo na umaasa sa ating Tagapagligtas nang higit kaysa rati, at kalauna'y napapansin natin na may mga himala pala sa ating paligid."

## ANG MGA KALUNGKUTAN SA BUHAY

***Elizabeth, 1856, Iowa, USA***

Matapos tawirin ang karagatan, natagpuan ni Elizabeth ang kanyang sarili sa isang ganap na bagong kultura. Naglakbay siya sakay ng tren patungong Iowa, USA, sa dulo ng ng riles patungong timog noon. Pagdating niya noong Hulyo 1856, sumama si Elizabeth sa Martin handcart company.

Ang pagdurusa ng Willie at Martin handcart company ay maayos na naitala. Wala na sa panahon ang pag-alis ng mga company at inabutan sila ng maagang taglamig sa Rocky Mountains. Napakaginaw at halos wala nang pagkain, mahigit 200 ang namatay.

Kasama sa pangkat ng mga sumagip na ipinadala ni Pangulong Brigham Young ang asawa ni Elizabeth na si William. Muling nagkasama ang mag-asawa sa malalim na niyebe at napakalamig na hangin.

Matapos gumaling sa Salt Lake City, nagtapos ang paglalakbay ng mag-asawa sa Cedar City, ilang milya lang mula sa pinagmulan ni Rosalene.

***Rosalene, 2007, Hong Kong, China***

Tulad ni Elizabeth maraming henerasyon bago iyon, di-nagtagal ay natagpuan ni Rosalene ang kanyang sarili na patawid ng karagatan upang manirahan sa isang bagong kultura kung saan nagtatrabaho ang kanyang asawa.

"May ilang tao na nabubuhay sa pagbabago at pakikipagsapalaran, ngunit halos hindi ko iyon nakayanan," sabi ni Rosalene.

Muli siyang nakasumpong ng lakas sa kanyang Tagapagligtas at sa plano ng Diyos para sa kanya. Sa tulong ng kanyang pamilya at mahal na kababaihan sa kanyang ward, natutuhan ni Rosalene na mahalin at pahalagahan ang bago niyang kapaligiran at karanasan.



## NAPAGDAANAN NA ITO NG IBA

Sa pagsisikap nating sundin si Jesucristo, nagdaraan tayong lahat sa mga pagsubok—sa sarili nating mga kapatagan at karagatang tatawirin at malulupit na taglamig na daranasin. Ngunit napagdaanan na ito ng iba, Maaari tayong makasumpong ng pag-asa at lakas sa kanilang mga kuwento ng tiwala sa Tagapagligtas.

Kinikilala ni Rosalene na malamang na nasa gitna pa lang siya ng kanyang paglalakbay, ngunit nang makita ang buong kuwento ni Elizabeth, hindi niya maiwasang isipin ang wakas ng sarili niyang kuwento.

"Siguro may ilang katangian ako na katulad ni Elizabeth, siguro wala. Ngunit umaasa ako na kapag nakita ng mga anak ko ang buhay ko, makakakita sila ng mga pagkakatulad—na pareho kaming naging tapat hanggang wakas at tinulutan naming hubugin kami ng aming mga pagsubok na maging mas katulad ng ating Tagapagligtas."

Kinikilala ang lakas na natamo niya mula sa mga taong nagdaan na rito, ipinapasa ni Rosalene ang mga kuwentong iyon sa kanilang mga anak.

"Batid ang kanilang mga kuwento, alam namin na mahirap ang mga ginawa nila," sabi ni Rosalene. "At alam namin ang dahilan at motibo. Ngayo'y ako naman ang magdadala ng tradisyong iyon ng pananampalataya kay Jesucristo at dedikasyon sa Kanyang ebanghelyo, at ipapasa ko ito sa sarili kong mga anak." ■

### MGA KUWENTONG PAMPAMILYA SA MGA BANAL NA KASULATAN

Ipinapakita sa mga pag-aaral na nagiging mas matatag ang mga bata sa mga hamon ng buhay kapag pamilyar sila sa mga kuwento ng mga hamon na naranasan ng sarili nilang mga ninuno.[1]

Sa Aklat ni Mormon, kinilala rin ni Helaman ang kapangyarihan ng pagkonekta ng kanyang mga anak sa mga kuwentong pampamilya na naipasa sa pamamagitan ng pagsulat at pagkuwento. Sinabi niya sa kanyang mga anak:

"Masdan, ibinigay ko sa inyo ang mga pangalan ng ating mga naunang magulang na lumisan sa lupain ng Jerusalem; at ginawa ko ito nang sa gayon kapag naalaala ninyo ang inyong mga pangalan ay maalaala ninyo sila; at kapag naalaala ninyo sila ay maalaala ninyo ang kanilang mga gawa; at kapag naalaala ninyo ang kanilang mga gawa ay malaman ninyo kung paanong nasabi, at nasulat din, na sila'y mabubuti.

"Samakatwid, mga anak ko, nais kong gawin ninyo ang yaong mabuti, upang masabi sa inyo, at masulat din, maging tulad ng nasabi at nasulat tungkol sa kanila" (Helaman 5:6–7).

**TALA**

1. Tingnan sa Robyn Fivush, "Collective Stories in Families Teach Us About Ourselves," *Psychology Today,* Peb. 2, 2017, psychologytoday.com/blog/the-stories-our-lives/201702.

*Ang mga kuwento ng kanilang mga ninuno ay nakatulong sa pagtatag ng pananampalataya ni Rosalene Pacini at ng kanyang pamilya.*





# PAGLIMOT SA PLANO KO SA BUHAY


Noong anim o pitong taong gulang ako, alam ko na gusto kong maging oceanographer. Nagtuon ako sa aking mithiin, nagsumikap, at nakapasok sa isang magandang kolehiyo. Kumuha ako ng ilang kurso sa zoology at nagustuhan ko iyon. Ngunit habang lumalaon, naging interesado ako sa katawan ng tao, lalo na tungkol sa selula. Nagpasiya akong maging pathologist.

Hindi nagtagal nakilala ko ang mapapangasawa ko, at nagpasiya kaming magpakasal. Noon pa man ay bahagi na ng plano ko ang pagpapamilya, pero kahit alam ko na maaari akong maging mahusay na doktor at mahusay na ina, nadama ko na hindi ako magiging mahusay sa dalawang ito nang sabay. Dahil mahalaga ang pamilya sa plano ng kaligtasan ng Panginoon, nagpasiya akong unahin ang pagiging ina. Naisip ko na kapag nag-aral na ang mga anak ko, makakabalik din ako sa pag-aaral.

Nang pumasok ang bunsong anak ko sa kindergarten, sinimulan kong mag-aplay sa isang PhD program sa nutritional studies sa University of Texas sa Austin. Bago ko pa naisumite ang application ko, nalaman ko na buntis ako sa ikapito kong anak. Nasa 40s na ang edad ko noon, at kapag nag-aral na ang batang ito, halos 50 na ako.

"Medyo huli na para magsimula ng bagong propesyon na nangangailangan ng malawakang pag-aaral," naisip ko.

Tila imposible nang matupad pa ang mga pangarap ko. Nang nawawalan na ako ng pag-asa, pumasok sa puso't isipan ko ang isang talata sa banal na kasulatan: "Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan' (Juan 15:13). Noon ko pa naisip na ang kahulugan ng talatang ito ay isang tao na mamamatay para sa iba, ngunit ngayo'y mas malalim na ang kahulugan nito.



Kahit alam ko na maaari akong maging mahusay na doktor at mahusay na ina, nadama ko na hindi ako magiging mahusay sa dalawang ito nang sabay.

Natanto ko na ang pinakadakilang pag-ibig na maipapakita ko ay kalimutan ang sarili kong plano sa buhay at ibigay ang oras at lakas ko sa pagpapalaki sa aking mga anak. Nadama ko na para sa akin, iyan ang gusto ng Panginoon na gawin ko. Oo, natulungan ko sana ang maraming tao bilang doktor, ngunit alam ko rin na ang pinakamalaking walang-hanggang epekto ko ay sa buhay ng aking mga anak. ■

Jeannette Cox, Texas, USA

PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT



# JET LAG AT ANG WORD OF WISDOM

Ilang beses sa isang taon, kailangan kong maglakbay mula Taiwan hanggang San Francisco, California, USA, para sa training sa trabaho ko. Ang problema sa paglalakbay sa pagitan ng dalawang lugar na ito ay ang 15 oras na pagkakaiba ng oras. Dahil sa jet lag gusto kong matulog sa araw, at buong magdamag akong gising.

Dumadalo ang mga kasamahan ko mula sa iba't ibang panig ng mundo sa mga training na ito. Sinabi nila sa akin na nakayanan nila ang jet lag sa pag-inom ng kape para manatili silang gising at pag-inom ng red wine para makatulog sila.

Inalok ako ng ilang kasamahan namin ng mga inuming ito, pero magalang kong sinabi sa kanila na miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at nangako ako sa Panginoon na hindi ako iinom ng alak o kape. Tinukso ako ng ilan at sinabi na mas pinahirap ng mga kautusang iyon ang buhay ko. Kung minsan, pakiramdam ko kinukutya ako ng mga tao sa malaki at maluwang na gusali sa panaginip ni Lehi (tingnan sa 1 Nephi 8:26–27).

Gayunman, sa paglipas ng panahon, nadama ko na nakakapagod nang sumunod sa Word of Wisdom. Isang gabi na hindi ako makatulog, natanto ko na nanghihina ang aking pananampalataya. Mabuti na lang, pinadalhan ako ng message ng asawa ko noong araw na iyon na hinihikayat akong panatilihin ang aking pananampalataya, umasa sa Diyos, at sundin ang Kanyang mga kautusan anuman ang sitwasyon. Dahil sa kanyang panghihikayat, nagsimula akong humingi ng tulong sa panalangin at nag-iba ang pananaw ko sa mga bagay-bagay.

Minsan sa isang biyahe, napansin kong nakadalawang-tasang kape ang isa naming kasamahan. Tinanong ko siya tungkol sa pangalawang tasa.

"Hindi sapat ang isang tasa para manatili akong gising," sagot niya.

Nagulat ako nang mapansin ko na totoo rin iyon sa mga taong uminom ng alak. Kailangan nilang uminom ng mas marami para makatulog. Kung minsan, sobra ang tulog nila dahil sobra ang nainom nila.

Habang nakikita ko na mas umaasa sa alak at kape ang mga kasamahan ko, natanto ko kung gaano kahalagang sundin ang mga kautusan. Kung pinili kong suwayin ang Word of Wisdom, malamang ay gayon din ang naging sitwasyon ko.

Hindi lubusang nawala ang jet lag ko, ngunit bumuti na ang sitwasyon. Isang umaga, nagising ako matapos makatulog nang mahimbing sa gabi at nakita ko ang pagsikat ng araw. Nang pumasok sa bintana ang sinag ng araw, natanto ko na sa tulong ng Ama sa Langit, makakaya kong harapin ang anumang pagsubok, gaano man ito kalaki o kaliit. Kailangan ko lang patuloy na sumunod, panatilihing malakas ang aking pananampalataya, at magtiis hanggang wakas. ■

Andrew Lee, New Taipei City, Taiwan

Ang pagsunod sa Word of Wisdom ay nagsimulang maging pabigat hanggang sa mapansin kong ang isang kasama ko ay kailangang uminom ng dalawang tasang kape para lang manatiling alerto.



PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

# PAGKARAAN NG HURRICANE MARIA

Lumipat kami ng pamilya ko sa isla ng Dominica sa Caribbean noong Agosto 2016. Nagustuhan namin kaagad ang ganda, kultura, at mga tao ng isla. Dumalo kami sa lokal na branch at marami kaming natutuhan mula sa mga miyembro doon.

Pagsapit ng Lunes, Setyembre 18, 2017, isang Category 5 na buhawi, Maria, ang tumama sa aming munting isla. Minasdan naming mag-asawa ang mga bahay at sasakyang inihagis ng malakas na bagyo sa kalye. Nagdaan ang nagngangalit na Hurricane Maria sa mismong ibabaw ng isla, at nakapanlulumo ang pangwawasak nito. Kinabukasan pagkatapos ng bagyo, naglakad-lakad kami sa mga kalye at nakita namin na ang malago at makulay na kagubatan ng Dominica ay nagmukha nang basura.

Noong umaga ring iyon, naglakad kami papunta sa bahay ng mga kapwa miyembro ng branch. Dalawang bahay lang ang hindi napinsala at maaaring tirhan. Nawalan ng lahat ang anim sa walong pamilyang miyembro na nakatira sa hilagang bahagi ng isla. Walumpung porsiyento ng mga bahay at gusali sa Dominica ay idineklarang hindi angkop na tirhan. Sa kabila ng trahedyang ito, marami pa ring pamilyang nakangiti. Nang kumustahin namin sila, sumagot sila ng, "Mapalad kami at buhay pa kami."

Dahil sinunod ng pamilya namin ang payo ng propeta na umasa sa sarili, nag-imbak kami ng pagkain. Marami kaming napakaing kapitbahay, missionary, at miyembro ng aming branch. Sa bawat kainan, nagpakain kami ng humigit-kumulang 20 tao. Nang gamitin namin ang aming imbak na pagkain para paglingkuran at arugain ang mga nasa paligid namin, gumaan ang sarili naming mga pasanin.

Ang karanasang ito ay nagpaalala sa akin kay Alma at sa kanyang mga tao, na ang kanilang "mga pasanin . . . ay pinagaan; oo, pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan" (Mosias 24:15).

Kahit wala pa rin kaming suplay ng tubig, kuryente, at pang-araw-araw na kaginhawahan, pinalakas kami upang makapanaig at matulungan ang iba. Sa mga buwan mula nang manalasa ang Hurricane Maria, natanto ko na bagama't mahalagang maging handa sa temporal, kailangan din nating maging handa sa espirituwal. Kapag sumunod tayo at pinalakas natin ang ating patotoo sa pagsampalataya kay Jesucristo, magkakaroon tayo ng matatag na pundasyon na hindi babagsak kahit humampas ang mga hangin at unos ng buhay sa ating paligid. ■

Brianne Anderson, Virginia, USA

Noong Setyembre 2017, isang Category 5 na buhawi ang tumama sa isla ng Dominica. Minasdan naming mag-asawa ang mga bahay at sasakyang inihagis ng malakas na bagyo sa kalye.



# "ANAK MO BA AKO?"

Kahit ilang beses lang ako nakasimba, patuloy akong binisita ng home teacher ko. Isang gabi tumawag siya at nagtanong kung puwede akong magbahagi ng ilang ideya tungkol sa mga walang-hanggang pamilya sa susunod na klase sa Gospel Principles.

"Oo, sige," sabi ko.

Hindi ko gaanong inisip iyon hanggang kinaumagahan. Noon ko natanto na pumayag akong magsalita tungkol sa mga walang-hanggang pamilya sa grupo ng mga taong malamang na alam na ang lahat tungkol dito. Hindi ko alam kung ano ang puwede kong sabihin sa kanila.

Sa paglipas ng mga taon, nakagawa ako ng mga pagpapasiya na naglayo sa akin sa ebanghelyo. Paano ko ibabahagi ang mga naiisip ko tungkol sa isang bagay na hindi ako sigurado kung pinaniniwalaan ko? Nalito ako. Pagkatapos ay pumasok sa isip ko ang mga titik sa himnong "Ako ay Anak ng Diyos" (*Mga Himno,* blg. 189). Matagal ko nang hindi narinig ang mga titik na iyon, pero kabisado ko iyon. Pagkatapos ay natanto ko: Kailangan kong itanong sa Diyos kung anak nga Niya ako.

Noong oras na iyon, inaayos ko ang mga muwebles sa kuwarto ko, kaya kahit tagilid pa ang kama ko sa gitna ng kuwarto, lumuhod ako sa tabi nito at hinintay kong dumating ang mga salita. Ano ang puwede kong sabihin sa Diyos? Hindi ko nga alam kung totoo Siya. Sa sandaling iyon, inihatid ng pinakamarubdob na hangarin ng puso ko ang mga simpleng salitang ito sa aking mga labi: "Diyos ko, nariyan Ka ba talaga? Kung nariyan Ka, anak Mo ba ako?"

Agad dumating ang sagot. Parang matagal na Niyang hinihintay na itanong ko iyon. Nadama ko na sinabi ng Diyos, "Oo, Camille, narito Ako, at ikaw ay anak ko."

Nang dumilat ako, nasa magulong kuwarto ko pa rin ako. Magulo ang buong paligid ko, pero pakiramdam ko parang naayos nang husto ang buhay ko. Alam ko na ako ay anak ng Diyos, at iyon lang ang mahalaga.


Sa klase noong araw ng Linggo, ikinuwento ko lang kung paano ko nalaman na *ako* ay anak ng Diyos. "Kung anak Niya ako," sabi ko, "gayon din ang lahat ng iba pa."

Tatlo't kalahating taon pa ang kinailangan para magawa ko ang lahat ng positibong pagbabagong kinailangan kong gawin, pero hindi na katulad ng dati ang buhay ko. Simula noon, hinding-hindi ko na pinagdudahan kung sino ako. Alam ko na nariyan palagi ang Ama sa Langit. Mahal Niya ako dahil ako ay Kanyang anak. ■

Camille Nelson, Utah, USA

PAGLALARAWAN NI JANICE KUN





**Ni Elder
Kevin W. Pearson**
Ng Pitumpu

# Huwag Talikuran ang Tagapagligtas

**Nabubuhay tayo sa magulong panahon. Ngunit ang tanong ay hindi kung ano ang kahihinatnan ng Simbahan, kundi, ano ang kahihinatnan natin?**

Ilang taon na ang nakararaan, nakipagkita ako sa isang kaibigan para mananghalian. Matagal na kaming hindi nagkita. Noong hayskul ako at sa mga unang taon ko sa kolehiyo, isa siya sa pinakamatatalik kong kaibigan. Isa siya sa mga pinakamatatag at pinakatapat na kabataang lalaki kilala ko.

Magkasama kaming dumalo sa seminary, naglaro ng sports, nag-aral sa unibersidad, naghanda para sa misyon, at nagpunta sa misyon na ilang buwan lang ang pagitan. Pagkatapos ng aming misyon, pinakasalan niya ang isang talentado at kahanga-hangang babae mula sa aming stake.

Sa paglipas ng mga taon, nagkaiba ang takbo ng aming buhay. Lumipat kami sa iba't ibang lungsod at kalaunan ay nawalan kami ng komunikasyon. Naaalala ko pa kung gaano ako nabiglang mabalitaan na tumalikod na silang mag-asawa sa Simbahan. Sa lahat ng kilala ko noong kabataan ko, siya ang huling maiisip ko na tatalikod sa Simbahan.

Sa tanghalian ginunita namin ang aming pagkakaibigan na napakahalaga sa aming dalawa. Nagtawanan kaming muli sa ilan sa nakakatuwang karanasan noong binatilyo pa kami. Pinag-usapan namin ang aming pamilya at sinubukang ikuwento ang buhay-buhay naming dalawa.

Sa huli, itinanong ko ang malinaw na tanong: "Tim, ano'ng nangyari? Lubos ang pagbabalik-loob at katapatan mo! Bakit mo tinalikuran ang Simbahan? Bakit ka lumayo sa mga tipan mo sa templo? Tinalikuran mo rin ba ang Tagapagligtas? Nangako tayo sa isa't isa na magiging tunay at tapat tayo hanggang kamatayan!"

"Kevin," sagot niya, "Nag-iba lang talaga ang pananaw ko ngayon. Nagbago ang tingin ko sa Simbahan at sa mga turo nito. Hindi ko kinamumuhian ang Simbahan—hindi ko na lang ito kailangan ngayon."

MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

Pagkatapos ng pag-uusap namin, ipinahayag ko ang aking pagmamahal at pasasalamat sa isang pagkakaibigang pinahahalagahan ko pa rin. Pagkatapos, marubdob kong ipinahayag ang aking patotoo: "Tim, alam ko na ang mga bagay na ito ay totoo. At alam mo rin na ang mga ito ay totoo. Noon pa man ay alam mo na iyan. Nawala lang sa iyo ang kalinawang dati mong taglay. Pero maibabalik mo ang liwanag at pag-unawa tungkol sa Espiritu Santo na taglay mo noon. Pakiusap, magbalik ka na."



Nagyakap kami at nagpaalam sa isa't isa, at bumulong siya, "Hanga ako sa pananalig at simbuyo ng damdamin mo. Pero paano ka nakasisiguro?"

Nang maghiwalay kami, pinagnilayan kong mabuti ang mga desisyong ginawa namin at ang epekto nito sa aming buhay at sa buhay ng aming mga anak at apo.

Mga kaibigan kong kabataan, huwag sana ninyong hayaang mangyari sa inyo ang nangyari sa kaibigan kong si Tim. Kayo ba ay matatag, hindi matitinag, at nagbalik-loob na tulad ng inaakala ninyo? Kapag naharap kayo sa di-maiiwasan at mahalagang mga hamon sa buhay, saan kayo babaling para sa kapayapaan at pag-unawa? Kung ang buhay ninyo ay may ligalig, kusa at patuloy pa rin ba kayong magdarasal?[1]

Sa pagdami ng pumupuna sa Simbahan, sa kasaysayan nito, sa mga pinuno, at sa mga turo nito, saan kayo papanig? Sa paglaban ng mga paniniwala at gawi ng patuloy na nagdidilim na mundo sa mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo, ano ang gagawin ninyo?

**"Ibig Baga Ninyong Magsialis Din Naman?"**

Ang ilan sa pinakaepektibong mga sandata ni Satanas ay paggambala, panlilinlang, at espirituwal na pagkamanhid. Bawat isa sa mga nito ay nagpapababaw sa pananampalataya, nagpapalabo ng tingin, at nakakasira ng pananaw. Kung pagsasamahin ay makakabuo ang mga ito ng malaking hamon sa ating panahon. Ginagamit ni Satanas ang mga ito hindi lang para pahinain ang pananampalataya kay Joseph Smith, sa Aklat ni Mormon, sa doktrina ng Simbahan, at sa mga pinuno ng Simbahan kundi para tuligsain din ang Tagapagligtas at ang plano ng Ama. Gayon na ito noon pa man. Kapag napalapit ang di-maiiwasang bangis ng mga tukso at paghihirap sa Category 5 na espirituwal na kalagayan ng unos, magtitiwala pa rin ba kayo sa Diyos at hahawak nang mahigpit sa katotohanan? Ang matalim na tanong ng Tagapagligtas sa Labindalawa ay may bisa pa rin ngayon:

"Ibig baga ninyong magsialis din naman?

“Sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.

At kami’y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw [ang Cristo,] ang [Anak] ng Dios” (Juan 6:67–69).

Naaalala ko ang isang makapangyarihang pahayag ni Pangulong Heber C. Kimball (1801–68), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. Ligtas na nakarating ang mga Banal sa Salt Lake Valley at nalugod sa kanilang sarili. Dahil marami silang kinaya at tiniis, medyo mayabang at sobra ang tiwala nila sa sarili. Sabi ni Pangulong Kimball:

“Gusto kong sabihin sa inyo, na makikita ng marami sa inyo ang panahon na magkakaroon kayo ng lahat ng problema, pagsubok at paguusig na makakayanan ninyo, at ng maraming pagkakataon para ipakita na kayo ay tapat sa Diyos at sa kanyang gawain. . . . Para madaig ang paparating na mga problema, kailangang magkaroon kayo mismo ng kaalaman tungkol sa katotohanan ng gawaing ito. . . . Kung wala pa kayong patotoo, mamuhay nang matuwid at manawagan sa Panginoon at huwag tumigil hangga’t hindi ninyo nakakamit ito. Kung hindi ninyo ito gagawin, hindi kayo tatagal.

“. . . Darating ang panahon na walang sinumang lalaki o babae na makakatagal sa hiram na liwanag. Bawat isa ay kakailanganing gabayan ng liwanag na taglay niya sa kanyang sarili. Kung wala kayo nito, paano kayo makakatagal?”[2]

Nabubuhay tayo sa magulong panahon. Ngunit ang tanong ay hindi kung ano ang kahihinatnan ng Simbahan, kundi, ano ang kahihinatnan natin? “Ang Pamantayan ng Katotohanan ay naitayo na; walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong sa gawain.”[3] Ang tanging bagay lang na walang nakakaalam ay kung ako at ikaw ay susulong kasama ng gawaing ito.

**Paano Espirituwal na Makaligtas**

May mungkahi akong anim na mahahalagang bagay na kailangang gawin ng bawat isa sa atin para espirituwal na makaligtas.



**1** **Mahalin at sundin muna ang Diyos.** Kailangan munang mahalin at sundin ang Diyos bago mahalin at paglingkuran ang iba. Mahalagang pagsunurin ito. Itinuro ni Nephi, “Sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbibigay-liwanag sa pang-unawa; sapagkat siya ay nagsasalita sa mga tao alinsunod sa kanilang wika, sa kanilang ikauunawa” (2 Nephi 31:3). Mahal tayo ng Ama sa Langit at palagi Siyang handang bigyan tayo ng pang-unawa. Gayunman, kailangan natin Siyang unahin sa ating buhay.




**2** **Magdaos ng personal na panalangin.** Mahalaga ang panalangin. Itinuro ni Propetang Joseph Smith, “Ang pinakamabisang paraan para makamtan ang katotohanan at karunungan ay hindi sa paghanap dito sa mga aklat [maaari pa niyang idagdag ang “mga blog”], kundi sa pagdarasal sa Diyos, at pagtatamo ng banal na turo.”[4] Hindi kayo magiging hindi-karapat-dapat na manalangin kailanman! Kung nais ninyo ng iba pang mga sagot, magtanong pa. Patuloy na hangarin at ipagdasal na impluwensyahan kayo ng Espiritu Santo (tingnan sa Moroni 10:5). Ito ang liwanag na ipinapadala ng Ama na naghahatid ng pang-unawa.



**3** **“Maghanap ng kaalaman maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya” (D at T 109:7).** Ang pagkatuto ay isang banal na tungkulin. Ang mga kinatawan ay naghahangad na matuto; ang mga bagay ay naghihintay na pakilusin sila. Ang mahuhusay na lider ay mahuhusay na magaaral. Kailangan ng Simbahan ng magagaling na mga lider—mga babae at lalaking naghahangad ng higit na liwanag at kaalaman, mas malalim na pang-unawa at pagbabalik-loob (tingnan sa D at T 93:36). Kailangan dito ang katapatan at dedikasyon. Wala kayong makikitang malalalim na katotohanan sa pag-scroll sa wiki o paghahanap sa blogosphere. Tandaan, ang pananampalataya ay nag-aalab sa pakikinig sa patotoo ng mga taong may pananampalataya, hindi sa pakikinig sa mga pagdududa ng mga nawalan nito.

**4** **Saliksikin ang mga banal na kasulatan, lalo na ang Aklat ni Mormon—araw-araw!** Ang Aklat ni Mormon ay partikular na isinulat para protektahan at pangalagaan tayo sa pagharap sa mga kundisyon ng ating panahon. Tungkol sa kapangyarihan nito, pinatotohanan ni Nephi ang gabay na bakal, "At sinabi ko sa kanila na ito ang salita ng Diyos; at sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at mahigpit na kakapit dito, kailanman sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila tungo sa pagkabulag, upang akayin sila sa pagkalipol" (1 Nephi 15:24). Kung naguguluhan at nawawala na kayo, magsimula ulit sa unang pahina, at magbabad sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon.



**5** **Magtuon sa buong plano.** Kayo ay bahagi ng pinakamalaking kilusan sa mundo: ang pagtitipon ng Israel at paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. May mahalagang papel kayong gagampanan! Pumarito kayo sa lupa na may pangakong maging matapang sa inyong patotoo tungkol sa Tagapagligtas. Iyan ang inyong banal na pagkatao. Magtuon sa buong plano: ang plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Ito ang pananaw ng katotohanan. Ito ang konteksto para sa lahat ng tanong, problema, at alalahanin. "Sapagkat ang Espiritu ay nagsasabi ng katotohanan at hindi nagsisinungaling. Anupa't nagsasabi ito ng mga bagay kung ano talaga ang mga ito, at mga bagay kung ano talaga ang magiging ito" (Jacob 4:13).



**6** **Higit sa lahat, magtiwala kay Jesucristo.** Siya pa rin "ang ilaw at ang buhay ng sanlibutan" (3 Nephi 11:11; tingnan din sa Juan 8:12). Kapag napalibutan at nalukuban kayo ng pagdududa, paghihirap, at tukso, magtiwala sa Kanya. Kapag ang buhay ay hindi katulad ng inyong inaasahan at binigo at pinagtaksilan kayo ng mga taong pinagkatiwalaan ninyo, lubos pa rin Siyang pagkatiwalaan. Nawa'y tumugon kayong katulad ni Nephi noong araw sa gayon ding nakakaligalig na mga panahon: "Gayunpaman, alam ko kung kanino ako nagtiwala. . . . O Panginoon, ako ay nagtiwala sa inyo, at ako ay magtitiwala sa inyo magpakailanman" (2 Nephi 4:19, 34).



Anuman ang gawin ninyo, huwag ninyong talikuran ang Tagapagligtas! Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, tayo ay mga kinatawan, malayang kumilos at hindi pinakikilos. Bawat isa sa atin ay tatayo sa harapan ng Makapangyarihang Diyos at mananagot para sa liwanag at katotohanang pinili natin.

Ipinapangako ko na kung susundin ninyo ang mga alituntuning ito at kakapit kayo nang mahigpit sa katotohanan, hinding-hindi mawawalan ng kabuluhan ang inyong pananampalataya. Nawa'y pagpalain kayo ng Diyos na lagi ninyong piliing tumingin sa pananaw ng katotohanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na, "The Lens of Truth," na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho, noong Marso 7, 2017. .*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa "Naisip Bang Manalangin?" *Mga Himno,* blg. 82.
2. Sa Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball* (1945), 449–50.
3. Joseph Smith, sa *History of the Church* 4:540.
4. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 4:425.



# Pagtuklas sa Aking Kabanalan

**Pagkaraan ng mga taon ng paghihirap na tanggapin ang aking sarili, naranasan ko rin sa wakas ang isang himala na nagpaunawa sa akin ng aking walang-hanggang kahalagahan.**

**Ni Daiane Korth da Silva**

Bata pa ako, hirap na ako sa katabaan ko at hindi ko matanggap ang sarili ko. Sa simula, parang walang anuman ang mga bansag sa akin dahil sa katabaan ko, ngunit nang lumaon, nagsimula na akong maniwala na ang mga negatibong bagay na sinasabi patungkol sa hitsura ko ay patungkol din sa personalidad ko.

Bilang isang tinedyer, napagtanto ko na kahit gusto ko ang mga pisikal na katangian ko, hindi akma ang katawan ko sa gusto ng mundo. At gusto ko ang kalmado kong personalidad, ngunit hindi rin iyon ang inaasahan sa akin ng mga tao—gusto ng mga guro na magsalita ako sa klase, gusto ng mga lalaki ang mas madaldal na mga babae at madalas akong sabihan na kailangan kong maging mas magiliw kaysa rati. Unti-unting nabawasan ang pagpapahalaga ko sa aking sarili.

Ang mga taon ng pagiging dalaga ko ay naging malungkot, hindi ako komportable sa katawan ko, at tinanong ko sa Panginoon kung bakit hindi man lang Niya ako ginawang medyo mas maganda o kaakit-akit. Sinubukan kong magdiyeta pa nang higit kaysa nararapat, at ang nakakainis, nang lalo kong pagsikapang magbawas ng timbang, lalo akong bumigat. Mukhang walang gaanong maaasahan sa pagiging isang dalaga na kimi, at mataba.

Pakiramdam ko wala na akong magagawa at tinanggap ko na ganoon na talaga ako, kahit hindi mabawasan ang timbang ko kailanman o hindi ako matutong makisama. Bagama't tumigil ako na kasuklamang masyado ang sarili ko, hindi ko pa rin makita na maganda at kapaki-pakinabang akong anak ng Diyos. Tumigil na lang ako sa pagpipilit na makita ang kahalagahan ko.

### Isang Liwanag na Kailangan Ko

Isang araw isang himala ang nangyari habang binabasa ko ang isang mensahe ni Sister Mary G. Cook, asawa ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, mula sa pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult noong Setyembre 2016 na pinamagatang "Makasumpong ng Galak sa Pang-araw-araw na Buhay." Sabi roon: "Nang pumarito tayo sa mundong ito, taglay natin ang ating likas na kabanalan bilang mga anak ng Diyos. Ang kahalagahan ng bawat isa sa atin ay nagmula sa langit." Pakiramdam ko naliwanagan na rin sa wakas ang aking isipan na lubos kong kailangan ngunit inakala kong hindi mangyayari kailanman. Napagtanto ko na, dati-rati, pakiramdam ko parang maling gustuhin ko ang sarili ko dahil hindi ako nararapat na ituring ng

mundo na isang maganda at kapaki-pakinabang na babae. Ngayo'y handa na akong aminin na gustung-gusto ko ang aking pagiging kimi at ang naka-kabagot kong personalidad, magulo at kulot na buhok, brown na mata, hugis-patatas na ilong, malaking ngiti, at kahit ang aking matabang katawan na ginagawa pa rin ang kailangan nitong gawin. Natuto akong magpa-salamat na maging nilikha ng Diyos. Naunawaan ko rin sa wakas na hindi Siya gumagawa ng mali.

Pagkaraan ng napakaraming taon ng emosyonal at pisikal na hirap at pagdurusa, nalaman ko rin sa wakas ang isang katotohanan na maaaring kitang-kita ng marami: walang kina-laman sa mundong ito ang aking kahalagahan! Nagmula ito sa langit. Noon pa man ay taglay ko na iyon, kahit hindi ko alam. Hindi ito ipina-pasiya ng media, o ng mga kabigan ko, o ninuman kundi ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, at nakikita Nila na sapat ang kahalagahan ko kaya namatay ang Tagapagligtas para sa akin.

## Isang Pundasyon kay Cristo

Ang matuto mula sa Espiritu tungkol sa kahalagahan ko sa pani-ngin ng Diyos ay nagpabago sa akin sa napakaraming paraan. Muli kong ginustong mabuhay. Mas nagpapa-salamat ako para sa di-mabilang na mga pagpapalang nasa akin. Lumaki ang hangarin ko na mas sikaping gawin ang tama at mas maniwala sa aking sarili at sa mga pangarap ko. Dahil dito, ginusto kong maging mas mabait at matiyaga sa mga taong nakapaligid sa akin at mas napalapit ako sa Tagapagligtas.


Patuloy akong binabansagan at hinuhusgahan ng mga tao sa mun-do, ngunit ngayo'y matibay na ang kaalaman ko tungkol sa aking kaha-lagahan na ayaw kong kalimutan kailanman. Ang kaalamang iyon ay naghatid sa akin ng kapayapaan at galak na gusto kong ibahagi sa lahat ng nakikilala ko. Sa mensaheng iyon sa debosyonal, nalaman ko na kahit ang pagpapahalaga at tiwala ko sa sarili ay kailangang magkaroon ng matibay na pundasyon kay Cristo nang "sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga pala-so sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa [akin], hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa [akin] na hilahin [ako] pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan [ako] naka-sandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumag-sak" (Helaman 5:12).

Nagpapasalamat ako sa Panginoon at sa walang-hanggang kahalaga-hang nakikita Niya sa ating lahat. Nagpapasalamat ako sa inspiradong kababaihan na tulad ni Sister Cook ay nagsisikap na ipamuhay ang ebang-helyo at ibahagi ang karunungan nito. Nagpapasalamat ako sa buhay na ito, sa himala ng ating katawan at isipan, at sa kabanalang nasa bawat isa sa atin. ■

***Ang awtor ay naninirahan sa New York, USA.***



MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES



# IKAW BA AY ISANG *Maaasahang Kaibigan?*

*Ano ang ginagawa mo para ipakita sa mga kaibigan mo na nariyan ka para sa kanila?*

**Ni Marissa Widdison**
Mga Magasin ng Simbahan

Nang mawala si Abel, tinanong ng Panginoon ang kapatid niyang si Cain kung nasaan siya. "Ako ba ay tagapagbantay ng aking kapatid?" sagot ni Cain.

Sa madaling salita, ang sabi lang ni Cain, "Malay ko? Hindi ko trabahong bantayan siya."

Sa kabilang dako, ibang-iba ang mensaheng itinuro sa atin ni Jesucristo tungkol sa pangangalaga sa iba. Sabi Niya, dapat nating tratuhin ang iba sa paraang gusto nating tratuhin nila tayo, kabilang na ang pagtulong, pangangalaga, at pagbabantay sa isa't isa (tingnan sa Lucas 6:31).

May mga tao sa paligid mo na may pinagdaraanan. Maaaring ikaw mismo ay may pinagdaraanan din. Ano man ang sitwasyon, makakagawa ka ng kaibhan sa pamamagitan ng pagpiling sundin si Jesucristo.

## MAAASAHANG MGA KAIBIGAN

Isang grupo ng magkakaibigan ang nakahanap ng pambihirang paraan para matulungan ang isa't isa. Magkakaiba ang sitwasyon at kalagayan ng kanilang mga pamilya, ngunit may malasakit silang lahat sa isa't isa at gusto nilang patibayin ang kanilang pagkakaibigan.

Ang isa sa magkakaibigan ay may malaking problema sa tahanan. Sinabi niya sa kanila na kung minsa'y hinihiling niya na sana'y maglaho na lang siya ngunit itinago niya ang kanyang damdamin sa likod ng isang ngiti dahil nag-alala siya na baka husgahan siya ng iba.

Gustong ipaalam sa kanya ng mga kaibigan niya na maaasahan niya sila at na mas maganda ang mundo dahil naroon siya. Kaya nakaisip sila ng isang plano: magkakabit sila ng pardible sa damit nila. Nagkabit ng pardible sa damit ang bawat isa sa kanila bawat araw para ipaalala sa kanya, at sa isa't isa, na bubuo sila ng maaasahan, sigurado, at mapagkakatiwalaang pagkakaibigan—at na gusto nilang manatiling malapit sa isa't isa.

Makalipas ang ilang taon, naaalala pa rin ng dalagang ito ang maaasahan niyang mga kaibigan at nagpapasalamat sa seguridad na nadama niya batid na nagmamalasakit sila sa kanya.

## ANO ANG MAGAGAWA MO?

Hindi, hindi mo kailangang magkabit ng pardible para suportahan ang mga kaibigan mo. Ngunit maitatanong mo sa sarili mo kung ano ang magagawa mo para mabantayan ang mga kaibigan mo, mapalakas ang mga nahihirapan, at maging isang maaasahang kaibigan ng sinumang nangangailangan ng tulong mo.

"Sa lahat ng tao, tayo dapat ang mas marunong magmahal sa mga tao sa halip na manghusga sa kanila. Sa lahat ng tao, tayo dapat ang mas marunong makisama," sabi ni Elder Dale G. Renlund ng Korum ng Labindalawang Apostol. "'[Mahabag, at gumawa ng kaibhan]' (Judas 1:22)—iyan ang dapat nating gawin."[1]

> "Sa lahat ng tao, tayo dapat ang mas marunong magmahal sa mga tao sa halip na manghusga sa kanila. Sa lahat ng tao, tayo dapat ang mas marunong makisama."

Kaya ano ang magagawa *mo* para matulungan ang mga tao sa paligid mo? Nasa ilalim ang ilang ideyang makakatulong sa iyong pagkamalikhain:

- Magdasal at humingi ng tulong sa Diyos. Parang simple ito, ngunit maaari itong maging mabisang kasangkapan. Kilalang-kilala ng Diyos ang mga kaibigan mo. Kilalang-kilala ka ng Diyos at matutulungan kang maging isang mahabaging kaibigan.
- Antabayanan ang mga palatandaan na maaaring may pinagdaraanan ang mga kaibigan mo.
- Humanap ng maliliit at personal na pagkakataong makapaglingkod. Tulad ng sinabi minsan ni Sister Linda K. Burton, Relief Society general president, "Magmasid muna at pagkatapos ay maglingkod."[2] Ano ang napapansin mo sa mga kaibigan mo? Ano ang kanilang mga gusto at hindi gusto? Ano ang kailangan nila? Pagkatapos ay matutulungan mo ang isang tao sa kakaiba at personal na paraan.
- Tandaan na ang pagiging mapagmahal at mapagsuportang kaibigan ay *hindi* nangangahulugan na responsable ka sa mga ikinikilos ng iba. Hindi rin ikaw ang responsable sa kaligayahan nila.
- Mag-isip ng isang nakakatuwang bagay na magagawa ninyong magkakaibigan, gaya ng pagkakabit ng pardible, para ipaalala sa bawat isa na maging mapagsuporta. Ang ilang kabataan ay gumawa ng kakatwang mga medyas at nangakong "magkaroon ng tapang, kabaitan, at silbi [seekers of courage, kindness, and service]" (na may acronym sa Ingles na *socks*). Nag-usap-usap din ang isa pang grupo na gumamit ng mga kulay na nagpapahayag ng kanilang nadarama. Kung matingkad na "lila" ang nadarama ng isa, halimbawa, alam ng iba pang mga kaibigan na kailangan ng taong iyon ng dagdag na pagmamahal.
- Huwag limitahan ang mga kaibigan mo! Kinaibigan ni Jesus ang mga taong kinamuhian ng iba sa mundo. Kapag gumawa ka ng hakbang para kaibiganin ang iba—lalo na ang mga nahihirapang makipagkaibigan—sinusunod mo ang Kanyang halimbawa.

Mahirap ang buhay kung minsan. Ngunit malakas ka, at makapangyarihan. Ang kabaitan at pagiging maalalahanin mo ay maaaring magpabago sa buhay ng iba. Kailangan ka ng mga kaibigan mo! Hangarin ang patnubay ng Panginoon, at susuportahan ka Niya sa mga pagsubok mo at tutulungan kang gawing mas maganda ang mundo. ■

*Ang awtor ay miyembro ng suicide-prevention committee ng Simbahan.*

**MGA TALA**

1. Interbyu kay Elder Renlund noong Ene. 23, 2018.
2. Linda K. Burton, "Magmasid Muna at Pagkatapos ay Maglingkod," *Liahona,* Nob. 2012, 78.



**BASAHIN ANG IBA PA**

Basahin ang "Mga Kinatawan ng Pag-asa" sa isyung ito para malaman kung paano naghatid ng dagdag na pag-asa ang isang grupo ng mga kabataan sa Utah sa kanilang high school.

MGA LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES

# MGA EMBAHADOR NG PAG-ASA: **Pagtutulungan para Mahadlangan ang Pagpapakamatay**

**MAPAPALAKAS NINYO ANG INYONG MGA KAIBIGAN SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAHAGI NG LIWANAG AT PAG-ASA NI JESUCRISTO.**





**Ni Maryssa Dennis**
Mga Magasin ng Simbahan

Sa mga diplomatiko, kinakatawan ng mga embahador ang kanilang bansa sa ibang grupo ng tao. Ngunit *kayo* ay maaaring maging embahador kahit wala kayong pasaporte! Sa mundo na kung minsa'y tila napakasama, maaari kayong maging embahador ng pag-asa at liwanag. Tanungin na lang ninyo si Jackson L., (kaliwa, na nakasuot ng brown na pantalon), mula sa Utah, USA, na miyembro ng HOPE Squad—isang peer-to-peer suicide prevention program—sa paaralan nila. Sa pamamagitan ng organisasyong Hope4Utah, natuto siyang kumilala ng mga babala, maging kaibigan, at maghatid ng pag-asa sa kanyang paaralan.

## Kailangan Namin KAYO

"Talagang nabuksan ang mga mata ko sa pagsapi sa HOPE Squad," sabi ni Jackson. "May mga kaklase, kaibigan, at miyembro ng pamilya na may problema."

Natutuhan ni Jackson na kahit hindi siya ang responsable sa mga desisyon ng kanyang mga kaibigan, may magagawa siya para matulungan silang malagpasan ang isang mabigat na problema. Makikita sa mga pag-aaral na 7 sa 10 tinedyer na nalulungkot o nag-iisip na magpakamatay ay sasabihin ito sa isang kaibigan bago kausapin ang isang matanda.[1] Ibig sabihin, malaki ang maitutulong ninyo sa inyong mga kaibigan.

Tulad ng sabi ni Sister Carol F. McConkie, dating Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency: "May responsibilidad tayo sa tipan na pangalagaan ang isa't isa, magtulungan at sabay-sabay na tumahak sa landas na ito. Sa madaling salita, bitawan ang phone at alamin kung sino ang nangangailangan ng tulong ninyo."[2]

Hindi ninyo kailangang sumapi sa isang pormal na organisasyon para makagawa ng kaibhan sa paaralan o sa mga kaibigan ninyo. Narito ang mga tip na makakatulong anumang oras, kahit saan.



MGA LARAWANG KUHA NI MASON COBERLY AT SA KAGANDAHANG-LOOB NI CYDNEY LEMONE

## Ano ang Gagawin

Para maging isang embahador ng pag-asa, sikaping **kilalanin, makipagkaibigan,** at **magreport.**

1. **KILALANIN** ang mga palatandaan na nangangailangan ng tulong ang isang tao.[3] Antabayanan ang mga taong:

   - Nalulungkot o nawawalan ng pag-asa.
   - Walang ingat kung kumilos.
   - Lumalayo sa mga kaibigan at aktibidad.
   - Namimigay ng mahahalagang pag-aari.
   - Dumaranas ng mabibigat na sitwasyon gaya ng kawalan, malalaking pagbabago sa buhay, pang-aapi, atbp.
   - Nag-iiba ang nakaugalian sa pagtulog, pagkain, o pangangalaga sa sarili.
   - Bumabanggit o nagpaplanong magpakamatay—na nagsasabi ng katulad ng, "Sana hindi na lang ako ipinanganak" o "Mas mapapabuti ang lahat kung wala ako."

2. **MAKIPAGKAIBIGAN.** Bahagi ng pagiging embahador ang pakikipagkaibigan sa iba. Maghanap ng oras na magkakausap kayong magkaibigan nang hayagan. Maaaring mag-alala kayo na baka lumala pa ang sitwasyon kung babanggit kayo tungkol sa pananakit sa sarili o pagpapakamatay, pero hindi iyan totoo. Kapag malakas ang loob ninyong sabihin ang dapat sabihin, ang totoo'y pinapahaba ninyo ang buhay ng tao at ipinapaalam ninyo na nagmamalasakit kayo sa kanila.

   "Huwag matakot na tanungin ang isang kaibigan kung may problema siya," sabi ni Dr. Greg Hudnall, isang suicide prevention expert at founder ng Hope4Utah. "Magsalita nang diretsahan, ngunit huwag magsermon o manghusga." Inirerekomenda niyang gamitin ang "ako" para ipahayag ang sarili ninyong pananaw, na ang dating ay

"Para sa mga nahihirapang makita ang kahalagahan ng kanilang sarili, o nahihirapang makahanap ng layuning mabuhay, gusto kong tiyakin mismo na mahal kayo ng Diyos. . . . Alam Niya kung sino kayo. Alam Niya ang inyong mga problema. At nariyan ang ating Tagapagligtas para suportahan kayo. Madarama ninyo ang kapangyarihang iyon sa buhay ninyo kapag hinangad ninyo ang Espiritu Santo. . . . Pinapayuhan ko kayo na makipagkaibigan at maging handang kausapin ang mga pinagkakatiwalaan ninyo, dahil sa pakikipag-usap tungkol sa mga bagay na ito, talagang ibinabahagi ninyo ang inyong pasanin sa taong mahal ninyo at nagmamahal sa inyo. Proseso ito ng pagpapagaling."

**Sister Carol F. McConkie, dating Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency**

pagmamalasakit sa halip na pagsesermon. Halimbawa: "Napansin ko sa klase kanina na may problema ka. OK ka lang ba? Iniisip mo bang saktan ang sarili mo?"

Ipagdasal na tulungan kayo ng Espiritu na malaman kung ano ang sasabihin. Kung iniisip ng mga kaibigan ninyo na magpakamatay o may iba pa silang mabibigat na hamon gaya ng depresyon o pagkaligalig, huwag silang sabihan na pigilan ang damdaming iyon! Itinuro ni Elder Dale G. Renlund ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang paraan ng pagkausap sa isang taong malusog at siguro'y nalulungkot lang sandali ay iba kaysa pakikipag-usap natin sa isang tao na maysakit sa pag-iisip." Inirerekomenda niya na sabihin ang gaya ng, "Hindi ka nag-iisa. Narito kami. Tutulungan ka naming malagpasan iyan."

At alalahaning talagang makinig sa halip na magplano kung ano ang susunod ninyong sasabihin. Tulad ng sabi ni Elder Renlund, "Mas mahalaga sigurong hayaan silang sabihin at ipaliwanag ang nadarama nila, at hikayatin silang magsalita, kaysa payuhan sila.

3. **MAGREPORT.** Kapag nalaman ninyo na may problema ang kaibigan ninyo, baka matukso kayong sarilinin ang mga alalahaning iyan. Baka nga pakiusapan pa kayo ng inyong kaibigan na huwag sabihin iyon sa iba. Ngunit sinasabi ng mga embahador ang dapat sabihin! Mag-alok na samahan silang makipag-usap sa isang pinagkakatiwalaang matanda, gaya ng isang magulang, school counselor, o lider ng simbahan. Pakonsultahin sila sa inyong national suicide help line o crisis text line. Kung nagbabanta silang saktan ang kanilang sarili o ang iba, dalhin sila sa isang ospital o tumawag sa emergency services, at samahan sila hanggang sa makakuha ng propesyonal na tulong. Kung malayo sila sa peligro, maghanap ng mga paraan para makasama at masuportahan sila. "Lumikha ng mga oportunidad na makabahagi sila sa isang aktibidad," sabi ni Dr. Hudnall, "Subukan silang anyayahang sumama sa inyo sa isang aktibong gawain, gaya ng pagtakbo, pagbibisikleta, o swimming. Mainam ang mga pisikal na aktibidad dahil makakabuti ito sa pakiramdam.

## KUNG MAY PROBLEMA KAYO

Huwag sumuko! Mahalaga kayo at may nagmamahal sa inyo. Mas maganda ang mundo dahil narito kayo, at nararapat na iligtas ang buhay ninyo. Makipag-usap sa isang pinagkakatiwalaang matanda—isang magulang, doktor, school counselor, o lider ng Simbahan. Kung mayroon kayong mabigat na problema, tawagan ang inyong national suicide help line (hanapin sa ilalim ng "Resources"). Matutulungan kayo ni Jesucristo na makasumpong ng liwanag at pag-asa kapag ang tanging nadarama ninyo ay kadiliman at kawalan ng pag-asa.

**RESOURCES**

- befrienders.org
- suicide.org/international-suicide-hotlines.html
- iasp.info
- suicide.lds.org

## Huwag Maliitin ang Inyong Kakayahan

Isipin sandali kung gaano kalaki ang magiging kaibhan ng mundo kung may mapagsuportang kaibigan ang bawat tao. Hindi natin maililigtas ang buong mundo, ngunit maaari nating kaibiganin ang mga nangangailangan ng kaibigan.

Hinimok tayo ni Sister McConkie na maging "handang dagdagan ang inyong mga kaibigan" at "tanggapin ang iba, kahit maaaring naiiba sila sa inyo." Binanggit niya na ang pakikipagkaibigan sa isang tao ay maaaring makagawa ng kaibhan sa pagitan ng pagsulong nila nang may pag-asa o paggawa ng isang bagay na nakapipinsala, tulad ng pagpapakamatay. "Gumawa ng kaibhan," paghikayat niya. "Ganyan kalaki ang kakayahan ninyong gumawa ng kabutihan."

Sa pakikipagkaibigan, sinusundan ninyo ang halimbawa ng pinakadakilang pinagmumulan ng pag-asa: si Jesucristo.

"Sabi sa amin ng HOPE Squad adviser, kami ay 'mga embahador ng pag-asa,'" sabi ni Jackson. "Gusto ko iyon, dahil hindi lang kami mga embahador ng pag-asa kundi embahador din kami ni Jesucristo. Sa huli, Siya ang ating pag-asa."

Kapag nagpakita tayo sa iba ng pagmamahal na tulad ni Cristo, matutulungan natin silang makasumpong ng pag-asa at paggaling.

"Alam ko na kung narito si Jesucristo sa lupa, kakaibiganin Niya ang iba tulad natin," sabi ni Jackson. "Napapanatag akong malaman na ginagawa ko ang gagawin Niya." ■



**ISA KA BANG MAAASAHANG KAIBIGAN?**
Basahin ang naunang artikulo para malaman kung inilalarawan ka nito!

"Kung susubukan nating makaraos lang hanggang sa susunod na araw, at sa susunod na araw, at sa susunod na araw, . . . tutulungan tayo ng Panginoon diyan. May isang partikular na talatang sinabi si Isaias na pambihira. Sabi niya, 'Kapag kayo ay nanlulupaypay siya'—ang Tagapagligtas—'ay nagigising tuwing umaga' [2 Nephi 7:4]. Nariyan Siya sa araw-araw. . . . Kaya kung ang pinakamabuting magagawa ninyo ay bumangon sa umaga, dapat lang ninyong malaman na kasama ninyo Siya. . . . Ituring itong isang tagumpay, pagkatapos ay magpatuloy. Kung iyon ang pinakamabuting mangyayari sa araw na iyon, patuloy na magsikap."

**Elder Dale G. Renlund ng Korum ng Labindalawang Apostol**

**MGA TALA**

1. Tingnan sa "What Are Hope Squads?" Hope4Utah, hope4utah.com/hope-squad.
2. Interbyu kay Sister McConkie noong Ene. 19, 2018.
3. Tingnan sa "The Warning Signs of Suicide," Befrienders Worldwide, befrienders.org/warning-signs, and "Suicide: What to Do When Someone Is Suicidal," Mayo Clinic, mayoclinic.org/diseases-conditions/suicide/in-depth/suicide/art-20044707.
4. Interbyu kay Elder Renlund noong Ene. 23, 2018.

# NALIGAW SA FORBIDDEN

Ni Sarah Keenan

Nasa kalagitnaan ako ng Forbidden City sa Beijing, China. Ilang minuto pa lang ang nakararaan, napalibutan ako ng mga kaibigan at guro, pero bigla na lang akong lubos na nag-iisa.

Agad kong naisip na nasa panganib ako. Kitang-kita ang isang 15-anyos na Amerikano na nag-iisa sa gitna ng maraming tao sa museong palasyo. Nagpunta ako sa China kasama ang iba pang mga kaklase ko sa high school sa isang byahe na inisponsor ng paaralan, at ilang beses kaming binalaan ng aming mga guro at tour guide tungkol sa mga posibleng panganib sa paglilibot sa ibang bansa kung hindi kami maingat.

Naglakad-lakad ako sa lugar na iyon, at nakipagtulakan sa maraming turista—kapwa mga Chinese at dayuhan—at nakatingkayad sa paghahanap sa mga nakaternong pula at puting damit na suot ng bawat miyembro ng grupo namin. Ngunit wala akong nakita. Sa kung paanong paraan, nakaalis ang grupo ko nang hindi ako kasama at wala akong ideya kung saang direksyon sila nagtungo. Naupo ako at nagbantay sa mga entrance at exit. Lumipas ang sampung minuto, 30 minuto, 45 minuto. Walang lumitaw ni isa sa mga kagrupo ko.



# CITY

*Nadama ko na dati ang Espiritu, ngunit kailanma'y wala akong nadamang partikular—siguradong hindi tungkol sa mga direksyon kung saan pupunta.*

May sumunggab sa kamay ko. Tumingala ako at nakita ko ang isang pandak na babaeng parang baliw kung makatingin at mahaba ang mga kuko. Hinila niya ang kamay ko. "Sundan mo ako," sabi niya sa mali-maling Ingles. "Magandang dilag, sundan mo ako."

Hindi ako mapakali. "Lumayo ka," sigaw ko, sabay hila sa kamay kong hawak niya. Bago pa niya ito nasunggabang muli, mabilis na akong nakatakbo palabas sa isang exit at pumasok ako sa isa pang bahagi ng lungsod.

Tumakbo ako sandali hanggang sa lalo akong naligaw. Umupo ako sa isang baitang sa tabi, malayo sa maraming tao, at nagsimulang umiyak. Marunong akong magsalita ng kaunting Chinese pero siguradong hindi sapat para magtanong ng direksyon pabalik sa aming hotel, sa isang lugar sa kabilang panig ng malawak na lungsod ng Beijing. At sa puntong ito, ni hindi ako sigurado kung nasaan ang exit.

Habang umiiyak, nagsimula akong magdasal. Inamin ko na naging hangal ako nang lumayo ako sa grupo, kahit saglit, at nagmakaawa ako sa Ama sa Langit na tulungan akong makita ang daan pabalik sa grupo ko.

Tumayo ako at lumakad pabalik sa pinanggalingan ko. Wala akong natanggap na anumang agarang paghahayag—at hindi ako sigurado kung anong klase o anong damdamin ang ihahatid ng paghahayag na iyon kung *matanggap ko nga* iyon. Nadama ko na dati ang Espiritu, isang panatag na damdamin matapos maglingkod sa isang tao o makinig sa isang mensahe sa simbahan, ngunit kailanma'y wala akong nadamang partikular na bagay, lalo nang hindi tungkol sa mga direksyon kung saan pupunta. Nagsimula ako maglakad nang walang direksyon, na patuloy na taimtim na nagdarasal.

Sa wakas ay nakarating ako sa isang sangandaan. Kakanan na sana ako nang may marinig akong bulong, "Diyan ka lang."

Napakahina ng tinig kaya muntik ko na itong balewalain sa pag-aakalang nasa isip ko lang ito. Ngunit may katiyakan iyon na siguradong hindi ko nadama sa sandaling iyon. "Umupo ka sa bangkong iyon," sabi ng tinig. Tumingala ako at nakakita ako ng isang bangko sa gitna ng sangandaan. Pinuntahan ko iyon at umupo ako. Makalipas lang ang tatlong minuto, may lumitaw na isang nakaternong puti at pulang damit sa grupo ng mga tao at kinawayan ako. Siya ang tour guide namin sa araw na iyon.

Napalundag ako mula sa bangkong kinauupuan ko. Muntik ko nang yakapin ang babaeng iyon sa sobrang saya ko.

"Isang oras ka na naming hinahanap!" sabi nito. "Saan ka ba nagpunta?"

Habang pabalik kami sa grupo ko, ipinaliwanag ko sa kanya kung saan ako nagpunta, mula nang mahiwalay ako sa grupo hanggang sa magdesisyon akong umupo sa halip na kumanan sa sangandaan.

"Napakasuwerte mo," sabi niya. "Kung kumanan ka roon, sa kabilang direksyon ka sana napunta palayo sa grupo. Napakalaki ng lungsod, malamang na hindi kita makita."

Umalis ako sa China makalipas ang ilang linggo, at hindi na ako muling naligaw sa paglilibot, ngunit paulit-ulit kong ginunita ang sandali na narinig kong bumulong sa akin ang Espiritu. Hindi iyon katulad ng pahiwatig na natanggap ko dati, ngunit alam ng Diyos na iyon ang kailangan ko para maiwasan kong tumahak sa maling landas. Nalaman ko rin kung gaano kadali sanang balewalain ito kung hindi ako nakikinig noon.

Simula sa araw na iyon, maraming beses ko nang narinig ang Espiritu sa iba't ibang paraan, na binabalaan ako kapwa sa pisikal at sa espirituwal na panganib. Nakita ko na paminsan-minsan ang mga resulta ng pagsunod o pagsuway sa tinig na iyon gaya ng ginawa ko noong unang araw na iyon sa Forbidden City. Mas madalas, hindi ko makita ang mga resulta. Ngunit natutuhan ko na kapag nagpapakumbaba ako at handa akong makinig, tutulungan ako ng Panginoon na matukoy ang mga pahiwatig ng Espiritu at gagabayan Niya ako pabalik sa kailangan kong puntahan. Sa Kanya, hindi ako nag-iisa kailanman. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

PAGLALARAWAN NI VLAD GUSEV



# PAGHAHAYAG kay Propetang Joseph Smith—*at sa Inyo*

**Ni Ryan Carr**
Mga Magasin ng Simbahan

Isipin ang lahat ng kahanga-hangang bagay na ginawa ni Joseph Smith: pagsasalin ng Aklat ni Mormon, pag-organisa ng Simbahan, pagtanggap ng priesthood, pagtatayo ng mga templo, pagtuturo ng ipinanumbalik na ebanghelyo, pagsusugo ng mga missionary sa ibang lugar. At mas kahanga-hanga pa na ginawa niya ang mga iyon sa napakamurang edad.

Paano niya nalaman kung paano gawin ang mga bagay na iyon? Sa kabutihang-palad, hindi niya kinailangang manghula—ginabayan siya ng paghahayag. Sa pamamagitan ng mga paghahayag na ito, na ang marami ay nasa Doktrina at mga Tipan na ngayon, itinuro ng Panginoon sa kanya ang doktrina, ginabayan siya sa pag-organisa ng Simbahan, at sinagot ang mahahalagang tanong. Narito ang ilang halimbawa.

## Mga Tanong na Sinagot sa Pamamagitan ng Paghahayag

- Sino ang may awtoridad na magbinyag? Noong Mayo 15, 1829, nanalangin sina Joseph Smith at Oliver Cowdery tungkol sa pagbibinyag. Nagpakita si Juan Bautista at ipinagkaloob sa kanila ang Aaronic Priesthood at inutusan silang binyagan ang isa't isa. (Tingnan sa D at T 13.)
- OK lang bang gumamit ng tabako? Ang pagnguya at paghitit ng tabako ay karaniwan noong panahon ni Joseph Smith. Noong 1833, humingi siya ng patnubay sa panalangin tungkol sa paksang ito at tumanggap ng paghahayag na kilala ngayon bilang Word of Wisdom, na sinasabing ang "tabako ay hindi para sa katawan" (tingnan sa D at T 89).
- Bakit tayo gumagawa ng gawain sa templo para sa mga patay? Sa ilalim ng pamumuno ni Propetang Joseph Smith, itinayo ng mga miyembro ng Simbahan ang Kirtland Temple at pagkatapos ay ang Nauvoo Temple, kung saan magagawa nila ang mga pagbibinyag at iba pang mga ordenansa sa templo. Ipinaliwanag sa Doktrina at mga Tipan 128 na "tayo kung wala [ang ating mga ninuno] ay hindi magagawang ganap; ni sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap" (talata 18).

Maaari din kayong gabayan ng Panginoon sa inyong buhay at sagutin ang inyong mga tanong sa pamamagitan ng personal na paghahayag. Kung minsa'y darating ang mga sagot na iyon mula sa mga banal na kasulatan o sa inspirasyong nadarama ninyo sa inyong puso't isipan. At kung minsa'y patuloy kayong manananampalataya, na hindi tiyak kung ano ang mangyayari ngunit ginagawa ang lahat para sumunod.

Kadalasa'y kailangang maghintay na matanggap ang inspirasyon at patnubay na kailangan ninyo. Tulad ni Propetang Joseph, malalaman ninyo ang kalooban ng Panginoon nang "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin" (D at T 98:12). Tulad ng ginawa ng Propeta, magsimula sa panalangin. Humiling sa Ama sa Langit ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo. Saliksikin ang mga banal na kasulatan at mga turo ng mga makabagong propeta. Magpasiya at saka magtanong kung tama iyon (tingnan sa D at T 9).

## Pagkatuto sa Paglipas ng Panahon

Tingnan ang mapang ito, at makikita ninyo kung nasaan si Joseph Smith nang matanggap niya ang mga paghahayag mula sa Panginoon. Dumating ang mga paghahayag kung kailan at kung saan kinailangan ni




*Ang Doktrina at mga Tipan ay nagpapakita kung paano ginabayan ng paghahayag si Propetang Joseph Smith at nagbibigay ng huwaran kung paano kayo magagabayan ng inspirasyon.*

Joseph Smith ang mga ito, ayon sa kalooban ng Panginoon.


Tumanggap si Joseph ng 46 na paghahayag sa Kirtland, Ohio, ngunit hindi niya kinailangang manatili roon para patuloy na magabayan ng Panginoon. Tumanggap din siya ng mga paghahayag sa Pennsylvania, New York, Missouri, at Illinois.

Dumating ang mga paghahayag na ito sa paglipas ng maraming taon. Hindi ba maganda sana kung inihayag ng Panginoon ang lahat ng kailangang malaman ni Joseph Smith tungkol sa priesthood, halimbawa, sa isang paghahayag? Sa halip, naghayag ang Panginoon sa Propeta tungkol sa priesthood noong 1829, 1830, 1832, 1835, 1841, at iba pang mga taon (tingnan, halimbawa, sa D at T 13; 20; 84; 107; 124).

Lalago rin ang kaalaman ninyo sa ebanghelyo sa paglipas ng panahon. Kapag pinag-aralan ninyo ang ebanghelyo sa tulong ng Espiritu Santo—sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, pangkalahatang kumperensya, mga miting sa Simbahan, seminary, at iba pa—lalago ang inyong pag-unawa sa paglipas ng panahon, katulad ng nangyari kay Joseph Smith. ■




Bilang ng mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan na natanggap ni Joseph Smith sa isang partikular na lokasyon



### MGA NAGAWA SA MURANG EDAD

"Si [Joseph Smith] ay 14 anyos nang matanggap niya ang Unang Pangitain at 17 anyos nang unang bumisita ang anghel na si Moroni. Siya ay 21 anyos nang matanggap niya ang mga gintong lamina at 23 anyos lang nang matapos niyang isalin ang Aklat ni Mormon (wala pang 60 araw na may pasok). Mahigit kalahati sa mga paghahayag sa ating Doktrina at mga Tipan ay ibinigay sa pamamagitan ng Propeta noong siya ay 25 anyos o mas bata pa."

**Pangulong Dallin H. Oaks, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Joseph, the Man and the Prophet," *Ensign,* Mayo 1996, 71.**

PAGLALARAWAN NI MICHAEL MULLAN


Maha-
lagang
ipagla-
ban ang
inyong
kalayaan.

# Ang Pakikipaglaban para sa Inyong Kalayaan

**Ni David Dickson**
Mga Magasin ng Simbahan

Ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay nagdudulot ng kalayaan. Para sa isang tao na wala pang patotoo tungkol sa katotohanang iyon, baka nakalilito ang gayong pahayag. Kunsabagay, kung nilapitan kayo ng isa sa mga kapitbahay ninyo at may iniabot sa inyo na listahan ng mga bagay na kinailangan ninyong gawin (o hindi ninyo kayang gawin), baka madama ninyo na parang *kulang* ang inyong personal na kalayaan.

Gayunpaman, talagang nagiging malaya kayo sa pagsunod sa mga utos ng Diyos—malaya sa mga negatibong bunga ng pagkakasala at malayang magtamasa ng mga pagpapalang dulot ng kabutihan.

Gayunman, ang pagsuway sa mga utos ng Diyos ay humahantong sa pagkabihag. Ang isang ibig sabihin ng pagkabihag ay kawalan ng kalayaan. Mahirap gumawa ng maraming pagpapasiya sa buhay ninyo kung kayo ay bihag.

Alam natin mula sa mga banal na kasulatan na si Satanas ay "naghangad na wasakin ang kalayaan ng tao" (Moises 4:3) sa premortal na buhay. Alam din natin na natalo siya sa labanang iyon at na *kayo* ang nanalo.

Ang nakakalito ay na patuloy na sinusubukan ni Satanas na nakawin ang ating kalayaan. Ngunit huwag matakot. Maaari din kayong manalo sa labanang ito.

## PAMUMUHAY SA PAGKABIHAG

Sa Aklat ni Mormon, itinuro ni Jesus, "Kinakailangan kayong mag-ingat at laging manalangin, na baka kayo ay matukso ng diyablo, at maakay niya kayong palayo na bihag niya" (3 Nephi 18:15).

Tila nakakatakot ang maging bihag ng diyablo! Ngunit kapag inisip nga ninyo ang gayong kapalaran, mas madalas ba ninyo itong iugnay sa huling paghuhukom? Ang totoo, may mas naunang klase ng ganitong pagkabihag. At kadalasan ay hindi ito halata.

Itinuro ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang mga tao ay maaaring maalipin o mailagay ang sarili nila sa pagkabihag hindi lamang sa nakasisira, nakalululong na mga sangkap kundi maging sa nakasisira, nakalululong na mga pilosopiya na lihis sa matwid na pamumuhay" ("Mga Panaghoy ni Jeremias: Mag-ingat sa Pagkaalipin," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2013).

Madaling maunawaan ang pagkaalipin sa mga nakalululong na sangkap gaya ng nakapipinsalang mga droga o nikotina. Ngunit paano naman ang pagkaalipin sa nakaugaliang pagsisinungaling? Sa iisang kasinungalingan lang, madali nang mabihag sa sarili mong bitag.

Paano naman ang pagkaalipin sa pagkamagagalitin o pagtsitsismis?

O ang simpleng *hindi paggawa* ng araw-araw na mabubuting gawain (pagdarasal, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, atbp.) na hinihiling sa atin ng Diyos? Humahantong din ba iyan sa kawalan ng kalayaan?

Oo naman. Narito ang isang ibig sabihin nito. Ano ang nangyayari sa mga atleta o musikero kung lubos silang titigil sa pag-eensayo? Sagot: agad silang nawawalan ng kakayahang maglaro o tumugtog nang napakahusay. Kahit mukhang hindi iyon kawalan ng kalayaan, gayon talaga iyon. Ang atleta o musikerong hindi pinagbubuti ang kanilang kasanayan ay hindi na makakagawa ng maraming pagpapasiya kung paano gagamitin ang kasanayang iyon. Sa paghina ng kanilang mga kakayahan, mas kakaunti na ngayon ang magagawa nila kaysa rati. Nababawasan ang mga opsiyon nila.

Sa gayon ding paraan, talagang hindi ninyo maaabot ang inyong potensyal nang walang patnubay ng Espiritu Santo. Kailangan ninyo ang tulong Niya sa bawat araw. Isa ito sa mga pinakadakilang kaloob na maaasam ninyong matanggap sa buhay na ito, at matatamo ninyo iyan sa araw-araw na matwid na pumumuhay.

## PAGKAKAROOON NG TUNAY NA KALAYAAN

Itinuro ni Apostol Pablo, "Sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo: magsitibay nga kayo, at huwag na kayong pasakop na muli sa pamatok ng pagkaalipin" (Mga Taga Galacia 5:1). Sa Aklat ni Mormon, itinuro ni Haring Benjamin, "At sa ilalim ng pangalang ito, kayo ay ginawang malaya, at walang ibang pangalan kung saan kayo ay kayang gawing malaya. Walang ibang pangalang ibinigay kung saan ang kaligtasan ay darating; kaya nga, nais kong taglayin ninyo ang pangalan ni Cristo" (Mosias 5:8).

Ang tunay na kalayaan ay nagmumula sa pagsunod kay Cristo. Kaya piliing maging malaya! ■

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES



# ANG TAMANG MALING SAGOT

**NANG MAG-ENROL AKO** sa isang philosophy class sa high school, medyo nag-alala ang tatay ko. Sa philosophy, lahat ay pinagdududahan, kabilang na ang pag-iral ng Diyos. Itinuro ng guro namin ang mga bagay na laban sa relihiyon at nagkakaila sa pag-iral ng Diyos.

May tanong sa isang philosophy test, "Bakit tayo pumarito sa lupa?" Ang dapat kong isagot ay para lubos nating maabot ang ating potensyal at maunawaan at magampanan ang ating tungkulin sa mundo. Hindi ko isinulat ang sagot na iyon dahil hindi iyon ang paniniwala ko.

Sa halip, isinulat ko, "Pumarito tayo sa lupa para subukan at bumalik sa piling ng Ama sa Langit sa kawalang hanggan kasama ng ating pamilya."

Pagkatapos, tinawagan ako ng guro at tinanong ako kung alam ko ang tamang sagot sa tanong. Sabi ko, alam ko pero hindi ko isusulat ang isang bagay na alam kong hindi totoo.

Itinanong niya kung relihiyoso ako at saang simbahan ako kasapi. Sabi ko, miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sabi niya, wala pa siyang nakilalang relihiyosong estudyante kahit kailan na sapat ang tapang para ipagtanggol ang kanyang mga paniniwala at isulat ang gayong sagot.

"Hindi kita binigyan ng full credit dahil hindi iyon ang tamang sagot," wika niya. "Pero binigyan kita ng puntos para sa tapang mong isulat ang pinaniniwalaan mo."

Masaya ako dahil sumagot ako ayon sa mga paniniwala ko at ayon sa mga katotohanan ng ebanghelyo na alam ko at sinisikap kong ipamuhay. ■


***Benjamin M., Chile***

"Ang ibig sabihin ng magpakatotoo sa ating sarili ay maging halimbawa ng matwid na pamumuhay sa lahat ng sitwasyon at kalagayan."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Stand True and Faithful," *Ensign*, Mayo 1996, 92.**

## Paano ko maipagtatanggol ang katotohanan?

1. Magpasiya ngayon kung paano ka tutugon kapag pinagdudahan ang pananampalataya mo (tingnan sa I Pedro 3:15).
2. Ipagdasal na magkaroon ng tapang na kumilos at malaman kung ano ang sasabihin (tingnan sa Deuteronomio 31:6; D at T 100:5–7).
3. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga makabagong propeta para palakasin ang iyong pananampalataya (tingnan D at T 88:118).
4. Madalas na magpatotoo, sa tahanan at sa simbahan, para masanay sa pagbabahagi ng pinaniniwalaan mo (tingnan sa D at T 58:6.)



# LIWANAG NG TEMPLO

**ILANG TAG-ARAW NA ANG NAKARARAAN,** nag-mountain biking ang mga kabataang lalaki sa ward namin. Medyo kinabahan ako dahil iyon ang unang pagkakataon ko. Mahusay magbisikleta ang kaibigan kong si Jacob, kaya nagplano akong manatiling malapit sa kanya.

Matapos magpahinga sandali sa tuktok, nagsimula kaming bumaba ng bundok. Mas mabagal ako kaysa sa iba sa grupo at nahuli ako, lalo na matapos akong mahulog sa bisikleta nang ilang beses sa mga biglaang pagliko. Tumitigil si Jacob tuwing mahuhulog ako, at sinikap naming humabol sa grupo.

Paglubog ng araw, malinaw na naligaw kami. Mahigit kalahating oras na simula nang huli naming nakita ang grupo, at dumidilim na at halos hindi namin makita ang daanan. Nagdasal ako, at humingi ng tulong at lakas-ng-loob sa Ama sa Langit para makapagpatuloy. Pagkatapos ay nagpasiya kami ni Jacob na patuloy na magbisikleta sa isang partikular na direksyon. Pagliko namin sa isang kanto, nakita namin ang pinakamagandang tanawin—ang Draper Utah Temple! Inilawan ng liwanag ng templo ang aming daan, at nakarating kami nang ligtas sa mga lider at kaibigan namin.

Tuwing makikita ko ang templo, naaalala ko ang kapanatagan at tulong na naroon para sa amin. Tuwing madarama ko na naliligaw ako sa kasamaan ng mundo, makakaasa ako sa templo para sa liwanag na kailangan ko. ■

***Joel G., Utah, USA***

MGA PAGLALARAWAN NI MATTHEW SHIPLEY



# PAGKAKAROON NG BAGONG KAIBIGAN

**KASAMA KONG NANANANGHALI** ang mga kaibigan ko nang mapansin ko ang isang bagong estudyante—si Michael. Nagpasiya siyang umupo sa tabi ng grupo ng nakatatandang mga lalaki, na nagsimulang pagtawanan siya. Kalaunan nalaman ko na may autism si Michael.

Nagpasiya akong tanungin si Michael kung gusto niyang tumabi sa amin ng mga kaibigan ko. Tumanggi siya, siguro'y sa takot na baka pagtawanan siya ulit ng mga tao.

Kinabukasan, ipinakilala ko siya sa mga kaibigan ko. Masasabi ko na masaya siya na hindi ako tumigil sa pagyaya sa kanya. Marami siyang kuwento. Nakakatuwa siya!

Araw-araw, masasabi ko na nagiging mas masaya si Michael. Inasam na niyang sumamang mananghali sa mga kaibigan niya. Ang pagtabi kay Michael sa pananghalian di-kalaunan ay bumuo ng makabuluhang pagkakaibigan. Hindi lang ito nakatulong kay Michael, kundi pati sa akin.

Ang pakiramdam na makapaglingkod sa iba ay isa sa pinakamagandang pakiramdam sa mundo. ■

***Laura P., Illinois, USA***

ANG BUHAY AY MAAARING MAPUSPOS NG **PANANAMPALATAYA, GALAK, KALIGAYAHAN, PAG-ASA,** at **PAGMAMAHAL** KAPAG MAY KATITING TAYO NG TUNAY NA PANANAMPALATAYA KAY CRISTO.

Pangulong M. Russell Ballard,
Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol,
"Mga Natatanging Kaloob mula sa Diyos," pangkalahatang kumperensya ng Abril 2018

LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

# Mga Propeta: Isang Pagpapamalas ng Pagmamahal ng Diyos

**Ni Elder Ulisses Soares**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Nais kong patotohanan sa inyo na si Pangulong Russell M. Nelson ay ang propeta ng Diyos sa mundo. Wala akong nakitang ibang tao na mas mabuti at mapagmahal kaysa sa kanya. Nakakaramdam man ako ng kahinaan para sa sagradong tungkuling ito, ang kanyang mga salita at mahabaging tingin nang ibinigay niya sa akin ang resposibilidad na ito ay nagpadama sa akin ng yakap ng pagmamahal ng Panginoon.

Hindi ba isang biyaya ang magkaroon ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa mundo sa mga araw na nabubuhay tayo, na hinahangad ang kagustuhan ng Panginoon at susundin ito? Nakakapanatag malaman na hindi tayo nag-iisa sa mundo, sa kabila ng mga pasubok na kinakaharap natin sa buhay. Ang pagkakaroon ng mga propeta ay pagpapamalas ng pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ipinapakita nila ang mga pangako at tunay na katangian ng Diyos at ni Jesucristo sa Kanilang mga tao.

Taos-puso kong pinatototohanan na ang mga propeta ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Pinatototohanan nila si Cristo at ang Kanyang dakilang misyon sa mundo. Kinakatawan nila ang isip at puso ng Panginoon at tinawag sila upang kumatawan sa Kanya at turuan tayo ng kung ano ang dapat nating gawin upang makabalik sa presensya ng Diyos at ng Kanyang Anak, na si Jesucristo. Pinagpapala tayo sa pamumuhay natin ng ating pananampalataya at pagsunod sa kanilang mga turo. Sa pagsunod sa kanila, ang ating buhay ay magiging mas masaya at hindi masyadong komplikado, ang ating mga pagsubok at problema ay mas gagaan, at makakagawa tayo ng espirituwal na baluti sa paligid natin na poprotekta sa atin mula sa mga pagsalakay ng kalaban sa panahon natin ngayon.

Mataimtim kong pinatototohanan na si Jesucristo ay nagbangon, Siya ay buhay, at pinamumunuan Niya ang Kanyang Simbahan sa mundo sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, tagakita, at mga tagapaghayag. Pinatototohanan ko na Siya ang Tagapagligtas at ang Manunubos ng mundo at sa pamamagitan Niya tayo ay maliligtas at madadakila sa presensya ng ating mahal na Diyos. Minamahal ko Siya, sinasamba ko Siya. Nais kong sumunod sa Kanya at gawin ang kagustuhan Niya at maging higit na katulad Niya. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2018.*





*Ipinanganak sa* **São Paulo, Brazil,** *noong Oktubre 2, 1958.*

*Ang kanyang pamilya ay sumapi sa Simbahan noong siya ay 6 taong gulang.*

*Naglingkod sa full-time mission sa* **Brazil Rio de Janeiro Mission.**

*Nag-aral sa* **São Paulo Pontifical Catholic University** *(bachelor's degree sa accounting at economics, master's sa business administration).*

*Pinakasalan si Rosana Fernandes sa* **São Paulo Brazil Temple** *noong Oktubre 1982. Sila ay may 3 anak at 3 apo.*





*Bukod sa kanyang katutubong wikang Portuges, nakapagsasalita siya sa Ingles, French, at Espanyol.*

**Sinang-ayunan bilang Apostol** *noong Marso 31, 2018.*

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES; © INGO MENHARD – STOCK.ADOBE.COM; AT NI ANDREW ROBERTS

# Pangangalaga at Pagbabahagi



**Isang Malaking Isla at Isang Malaking Pamilya**

Nakatira ako sa isang malaking isla sa Tonga. Mayroon akong anim na kapatid na babae at apat na kapatid na lalaki, at nakatira ako malapit sa Nuku'alofa Tonga Temple.


1





### Pagbabahagi ng Aming Pagkain

Nagtatanim ang tatay ko, kaya marami kaming pagkain. Pero maraming balo (mga babaeng namatayan ng asawa) at iba pang pamilya ang walang sariling mga pananim. Kaya dinadalhan sila ng mga magulang ko ng ilan sa aming ani. Palagi akong sumasama para tumulong!





### Mahilig sa Science

Marami kaming magagandang halaman at hayop sa aming isla. Nasa ika-apat na klase ako sa Ocean of Light Primary School, at science ang paborito kong subject.



### Pagkakarga ng mga Bunot

Gumagamit ng mga bunot ang mga balong binibisita namin para ipanggatong sa pagluluto. Kapag dinadalhan namin sila ng pagkain, palagi kong ipinapaalala sa mga magulang ko na magdala rin ng mga bunot. Tumutulong ako sa pagkakarga ng mga bunot sa sasakyan at pagdidiskarga nito pagdating namin sa bahay ng mga balo.



### Mga Pagpapala ng Pagtulong

Binibigyan ako ng Ama sa Langit ng malalaking pagpapala kapag tumutulong ako sa iba—hindi pagpapalang pinansyal kundi pagpapala ng karunungan at kaalaman. Gusto ko palaging tumulong at magbahagi sa iba ng kung ano ang mayroon ako.

MGA LARAWANG KUHA NI MICHAEL RAMIREZ

## PAANO KA MAGNININGNING?

- Magdala ng pagkain sa isang taong nangangailangan nito.
- Magbigay ng pagkain sa isang community food bank.
- Magbigay ng damit sa mga walang tirahan.

## PADALHAN KAMI NG BITUIN!

Hiniling sa atin ni Jesus na "lumiwanag nang gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao" (Mateo 5:16). Paano mo pinaniningning ang iyong liwanag? I-email sa amin ang larawan ng iyong bituin lakip ang iyong kuwento, retrato, at pahintulot ng magulang sa liahona@ldschurch.org.





# Nasagot na Panalangin


**Ni Megan Armknecht**
Batay sa tunay na buhay

*Si Grace ay 11-taong-gulang na batang nakatira sa Holland noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Hinuli at ibinilanggo ang tatay niya noong panahon ng digmaan.*

Nang hulihin si Itay, inalagaan ni Inay si Grace, ang dalawang kapatid niyang lalaki, at dalawa sa kanilang mga pinsan. Maraming pakakainin at hindi sapat ang pagkain para sa lahat. Kakaunti lang ang harina, gulay, at patatas ng kanilang pamilya.

Isang araw tumunog ang doorbell. Sinundan ni Grace si Inay para tingnan kung sino ito. Nang buksan ni Inay ang pinto, naroo't nakatayo sa may pintuan ang isang binatang opisyal na Nazi. Bumilis ang tibok ng puso ni Grace, at nagpigil siya ng hininga. Ano ang gusto niya?





"Ilan ang nakatira sa bahay na ito?" magaspang niyang tanong.

"Ako, ang tatlong anak ko, at dalawang pamangking lalaki," sabi ni Inay.

"Wala ang asawa mo rito?" tanong ng opisyal.

"Wala po," sagot ni Inay. "Hinuli nila siya."

Tumingin ang opisyal sa buong paligid ng bahay. "May radyo kayo? Ayaw naming makinig kayo sa mga programa ng mga kaaway natin sa England at Amerika.

Kinuha ni Inay ang radyo at ibinigay iyon sa opisyal.

"Malaki ang bahay na ito," sabi nito, habang muling iginagala ang tingin sa paligid. "Napakalaki para sa iilang taong nakatira dito. Kakailanganin ninyong umalis bukas. Kami na ang tatao sa bahay na ito." Bigla itong tumalikod at umalis.

Hindi makapaniwala si Grace sa narinig niya. Nakita niya ang pagkabigla sa mga mata ni Inay. Pagkatapos ay isinara ni Inay ang pinto at dumiretso sa likod ng bahay.

Dahan-dahang sumunod si Grace, na mabilis ang tibok ng puso. Talaga kayang babalik ang sundalo at kukunin ang bahay nila, gaya ng pagkuha nito sa radyo? Ano ang gagawin nila? Saan sila pupunta? Paano malalaman ni Itay kung saan sila hahanapin?

Tumigil si Grace sa labas ng pinto ni Nanay at sumilip sa loob. Nakaluhod si Inay at nagdarasal. Tahimik na bumalik si Grace sa sala hanggang sa bumalik si Inay.

"Inay, ano ang gagawin natin?" tanong ni Grace.

Bumuntong-hininga si Nanay. "Ang magagawa lang natin ay magdasal at magtiwala sa Panginoon na poprotektahan Niya tayo."

Hindi na bumalik ang binatang Nazi kinabukasan o nang sumunod pang araw. Hindi na siya bumalik! Nanatili si Grace at ang kanyang pamilya sa bahay nila.

Alam ni Grace na tinutulungan ng Diyos ang pamilya niya. Kahit hindi pa tapos ang digmaan, patuloy pa Niya silang binabantayan.

Itutuloy . . . ■

*Ang awtor ay naninirahan sa New Jersey, USA.*

PAGLALARAWAN NI REBECCA SORGE





"Sabi ng Tagapagligtas, 'Hindi ko kayo iiwang mag-isa: ako'y paririto sa inyo' [Juan 14:18]. Ito ang Kanyang pangako sa inyo. Alam ko na ang pangakong ito ay totoo. Alam ko na Siya ay buhay."

**Ni Elder Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol
*"Mga Espirituwal na Buhawi,"* Liahona, *Mayo 2014, 21.*

PAGLALARAWAN NI STEVEN JAMES



# KANLUNGAN mula sa BAGYO

**Ni Elder Joaquin E. Costa**
Ng Pitumpu



*"Ang nakikinig sa akin ay tatahang tiwasay. At tatahimik na walang takot sa kasamaan" (Mga Kawikaan 1:33).*

Lumaki ako sa Argentina. Hindi ako miyembro ng Simbahan noong bata pa ako. Ngunit may nakatagong Biblia ang pamilya ko sa aming istante. Malaki ito at may magagandang larawan. Hindi namin ito madalas basahin nang magkakasama. Ngunit gustung-gusto kong buklatin ang mga pahina nito at tingnan ang mga larawan at kuwento.

Paborito ko ang kuwento ni Noe. Gustung-gusto kong makita si Noe, ang baha, at ang mga hayop. Nagustuhan ko kung paano napanatiling ligtas ng arko si Noe at ang kanyang pamilya mula sa bagyo.

Kalaunan nabinyagan ako sa Simbahan, nag-asawa, at nagkaroon ng pamilya. Isang gabi sa family home evening, ikinuwento ng asawa kong si Renee, kung paano magkatulad ang arko ni Noe at ang aming tahanan sa maraming paraan. Bawat isa ay naging kanlungan mula sa nakakatakot na mga kaguluhan sa mundo.

May natutuhan ako tungkol kay Noe. Natanggap niya ang priesthood noong 10 taong gulang pa lang siya. Habang lumalaki siya, nakita niya ang lahat ng kasamaan sa mundo. Pero nanatili siyang marapat. Gumawa siya ng arko para iligtas ang pamilya niya. Tinulungan sila ng Ama sa Langit na maging ligtas.

Kung minsa'y nakakakita tayo ng nakakatakot na mga pangyayari sa ating mundo. Pero makakahanap tayo ng kanlungan mula sa bagyo. Maaari tayong maghandang katulad ni Noe. Maaari nating piliing sumunod sa Diyos. Magagawa nating espirituwal na kanlungan ang ating tahanan.

Kung may pananampalataya tayo sa Ama sa Langit, hindi tayo kailangang matakot. Dahil sa Kanya, makadarama tayo ng kapayapaan, anumang bagyo ang dumaan sa atin. ■

PAGLALARAWAN NI BARBARA BONGINI

# Samahan ng mga Nagbabasa
ng Aklat ni Mormon

## SUMALI SA PAMAMAGITAN NG PAGBABASA NG AKLAT NI MORMON!

Maaari kang magbasang mag-isa, kasama ang pamilya mo, o ang isang kaibigan. Pagkatapos ay ipadala sa amin ang larawan mo na nagbabasa ng Aklat ni Mormon at ikuwento sa amin ang anumang natutuhan mo o ang paborito mong kuwento sa Aklat ni Mormon. Ipadala ito sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article").




**Ang talata para sa buwang ito:**
**Mosias 2:17**


"Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos."



Gustung-gusto ko ang Aklat ni Mormon dahil totoong aklat ito. Banal na kasulatan ito na nagmula sa Diyos, at naniniwala ako rito.
**Joel S. (kanan), edad 8, Maharashtra, India**



Ang mga bata sa Primary sa ward na ito sa **Ile-de-France, France,** ay hinamon na basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw. Nakakuha sila ng sertipiko sa pagkakamit ng kanilang layunin!




Gusto ko ang kuwento ng pangitain ni Lehi dahil pinapasaya ako nito. Itinuturo nito sa akin na gumawa ng mabubuting pasiya para makarating ako sa punungkahoy ng buhay. Ang punungkahoy ng buhay ay isang simbolo ng buhay sa piling ng Ama sa Langit, ni Jesucristo, at ng lahat ng taong mahal ko.
**Sadie S., edad 9, Lusaka, Zambia**




Gustung-gusto namin ang Aklat ni Mormon dahil natututo kami tungkol sa ebanghelyo at lalo na kay Jesucristo. Lubos kaming nagpapasalamat sa Diyos para sa Aklat ni Mormon dahil nalalaman namin na si Jesucristo ang aming Tagapagligtas, at malaking tulong iyon sa buhay.
**Allfie at Anna B., edad 6 at 8, Maharashtra, India**



Natapos ko ang pambatang bersyon ng Aklat ni Mormon bago ako nabinyagan. Sa dulo ng aklat, hiniling ng nanay ko na ipagdasal ko ang tungkol sa Aklat ni Mormon. Nadama ko na habang nagbabasa ako na totoo ang mga salita.
**Sean I., edad 7, Somerset, England**



Aklat ni Mormon ang paborito kong aklat. Gustung-gusto ko ang halimbawa ni Nephi. Siya ang superhero ko sa Aklat ni Mormon. Napakamasunurin niya sa mga utos ng Diyos. Gusto kong maging katulad niya.
**Jhetro F., edad 10, Iloilo, Philippines**





PAGLALARAWAN NI MERCÈ TOUS

# Mga Panalangin sa Likod ng Entablado




**Ni Emily B., edad 12, Utah, USA**

Isa sa mga paborito kong libangan ang Irish dance. Pinagsisikapan kong ensayuhin ang choreography sa bahay para handa akong magtanghal. Nag-eensayo akong mabuti, pero kapag nasa likod ako ng entablado at malapit nang magtanghal, karaniwa'y kinakabahan ako. Sa bawat kompetisyon, naghahanap kami ng nanay ko ng tahimik na lugar para manalangin. Kung minsa'y sa likod ng isang kurtina o sa isang silid sa tabi. Alam kong hindi mahalaga sa Ama sa Langit kung nasaan tayo, basta't may pananampalataya tayo sa Kanya.

Sa huling pagtatanghal ko, hindi ko kasama ang nanay ko para manalangin. Kasama siya ng mga manonood at naghihintay. Talagang kinabahan ako pero naisip ko na hindi mahalaga kung kasama ko siya o hindi. Lumayo ako sa mga kaibigan ko at nanalangin. Hiniling ko na walang mangyaring masama sa akin habang nagsasayaw ako at na magawa ko ang lahat ng makakaya ko. Napakaganda ng sayaw ko noong araw na iyon, at naaalala ko ang kapayapaang nadama ko nang umakyat ako sa entablado.

Maaari tayong magtiwala palagi sa Ama sa Langit. Kahit saan tayo naroroon o kahit kailan, palagi Siyang nakikinig. ■



**Christian B., edad 7, North Holland, Netherlands**

# Anuman ang Mangyari!


Sa unang bahagi ng taong ito, malungkot ang kapartner ko sa pagbasa at pagsulat nang pumasok sa klase. May mga mali siyang nagawa sa math. Sabi niya, "Wala akong silbi."

Nag-alala ako sa kaibigan ko, kaya ikinuwento ko sa kanya si Jesus at kung gaano Niya tayo kamahal. Sinabi ko sa kanya na ibig sabihin niyan ay hindi totoong wala tayong silbi. Pagkatapos ay kinantahan ko siya ng "Ako ay Anak ng Diyos." Nagustuhan niya ito at tinanong ako kung saan ko natutuhan ang mga bagay na ito. Ipinaliwanag ko na nagsisimba ang pamilya ko linggu-linggo at na marami akong natututuhan tungkol kay Jesus sa Primary.

Nang gabing iyon, sinabi niya sa nanay niya ang pinag-usapan namin. Itinanong niya sa nanay niya kung puwede siyang sumama sa pamilya namin na magsimba. Pumayag ang nanay niya!

Magkatabi kami ng kaibigan ko sa sacrament meeting nang Linggong iyon mismo! Halos linggu-linggo na siyang sumasama sa akin ngayon na magsimba. Parami nang parami ang natututuhan nila ng mga magulang niya tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo mula sa mga missionary at sa iba pang mga pamilya sa ward namin.

Masayang-masaya ako na nasundan ko ang halimbawa ng Tagapagligtas at napasaya ko ang isang malungkot na kaibigan. Magpasiya mang magpabinyag ang pamilya niya o hindi, ang pinakamaganda ay alam na niya ngayon na mahal siya ng Diyos at ni Jesucristo, anuman ang mangyari! ■



PAGLALARAWAN NI MIKE DEAS

# Si Elijah at ang Babaeng Balo

Ni Kim Webb Reid



Binalaan ng propetang si Elijah ang mga tao na magkakaroon ng taggutom. Hindi uulan, at hindi tutubo ang mga pananim. Sa panahon ng taggutom, uminom ng tubig si Elijah mula sa isang sapa. Nagpadala ng mga ibon ang Diyos para dalhan siya ng pagkain. Ngunit natuyo ang sapa. Sinabi ng Diyos kay Elijah na hanapin ang isang babae sa bayan, at pakakainin siya nito.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Natagpuan ni Elijah ang babae na namumulot ng mga panggatong. Humingi si Elijah sa kanya ng makakain. Sinabi ng babae kay Elijah na kakaunti na lang ang kanyang harina at langis para makakain sila ng kanyang anak na lalaki.



Nangako ang propeta na kung hahatian siya nito ng pagkain, hindi ito mauubusan ng pagkain. Nagtiwala ang babaeng balo kay propetang Elijah at hinatian siya nito ng pagkain.




Bawat araw, may sapat silang nakakain. Isang himala iyon! Pagkatapos ay nagkasakit ang anak ng babaeng balo at namatay, ngunit binuhay siya ni Elijah. Pinagpala ang babae sa pakikinig sa propeta.




Pinagpapala ako kapag nakikinig ako sa propeta. ■

*Mula sa I Mga Hari 17.*

# Kaya Kong Magsabi ng Totoo



PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT




**Ni Elder Mark E. Petersen (1900–84)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# PINAMUMUNUAN NG MGA BUHAY NA PROPETA

*Laging nangungusap ang Diyos sa mga tao sa pamamagitan ng mga buhay na propeta.*

*Paunawa ng patnugot: Noong Hulyo 1972, pumanaw si Joseph Fielding Smith, ika-10 Pangulo ng Simbahan. Sinang-ayunan si Pangulong Harold B. Lee sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1972 bilang bagong Pangulo ng Simbahan. Ang siping ito ay mula sa mensahe ni Elder Mark E. Petersen sa pangkalahatang kumperensyang iyon.*



Ang isang bagong propeta ng Diyos . . . ay isa sa hanay ng inspiradong kalalakihan na tinawag ng langit upang maglingkod ngayon at magbigay ng bagong paghahayag mula sa langit sa bawat lalaki, babae, at batang makikinig.

Ang pagtatalaga sa [isang] propeta ay mahalagang sandali sa bawat taong nananalig sa Diyos, lalo na sa bawat nananalig sa Panginoong Jesucristo. . . .

Sa tuwina kapag may isang lahi sa lupa na inari ng Panginoon, pinamumunuan Niya sila sa pamamagitan ng mga buhay na propeta na binigyan Niya ng patnubay mula sa langit. . . .

Nagtalaga na ngayon ng gayon ding hanay ng inspiradong kalalakihan sa makabagong panahon. Bunga ito ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo sa pamamagitan ng Kanyang tagakita sa mga huling araw na si Joseph Smith . . .

Salungat sa karaniwang paniniwala, ang Panginoon ay isang Diyos na nangungusap, isang Diyos na naghahayag. Siya ay isang Diyos ng liwanag at katalinuhan, ng kaalaman at impormasyon. Hindi Siya nakikitungo sa kasamaan, at hindi rin Siya nagliligtas ng sinumang walang nalalaman. Ang Kanyang buong plano ng kaligtasan ay nakabatay sa komunikasyon sa mga taong naliwanagan.

Sino ang makasasamba nang may katalinuhan kung wala siyang alam?

Sino ang magkakaroon ng makabuluhang pananampalataya kung wala siyang alam tungkol sa Diyos?

At saan magmumula ang kaalamang ito kung hindi sa Diyos mismo? . . .

Hindi mabilis matuto ang mga tao ng mga paraan ng Panginoon, at lalong hindi nila matanggap kaagad ang katotohanan na kahit handa Siyang mangusap sa kanila, ang Kanyang pamamaraan ng paggawa niyon ay sa pamamagitan ng itinalaga Niyang mga buhay na propeta.

Isang huwaran ito sa Kanya. Ito ang Kanyang pamamaraan, at hindi pa Niya ito binabago. Ang Diyos ay Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, at gayon din ang Kanyang mga pamamaraan. . . .

Taimtim naming pinatototohanan na ang komunikasyon sa pagitan ng langit at lupa ay muling naitatag sa ating panahon. Ipinapahayag namin na ang Diyos ay hindi hiwalay sa mundo.

Hindi Siya patay. Siya ay buhay.

Hindi Siya bulag. Siya ay nakakakita.

Hindi Siya bingi. Siya ay nakaririnig.

Hindi Siya pipi. Siya ay nagsasalita, nang malinaw, sa Kanyang mga buhay na propeta at sa pamamagitan nila sa buong mundo.

Sa ganitong paraan nangungusap ang Diyos sa inyo ngayon. ■

*Mula sa "Another Prophet Now Has Come!"* Ensign, *Ene. 1973, 116–18. Pinagpare-pareho ang pagbabantas.*



© LOZANO MORENO, HINDI MAARING KOPYAHIN

***LAKSAN NINYO ANG INYONG LOOB; AKO NGA; HUWAG KAYONG MANGATAKOT,*** **NI LOZANO MORENO**

*Pagsapit ng gabi, mag-isang nakatayo si Jesus sa lupa at nakita ang bangkang sinasakyan ng Kanyang mga disipulo sa gitna ng dagat. Pasalungat sila sa hangin, at pagod na sila sa pagsagwan o paggaod. Pinuntahan sila ni Jesus sa pamamagitan ng paglakad sa ibabaw ng dagat. Nang makita Siya nila, natakot sila.*


*"Datapuwa't pagdaka'y nagsalita sa kanila si Jesus, na nagsasabi, Laksan ninyo ang inyong loob: ako nga: huwag kayong mangatakot.*

*"At pinanhik niya sila sa daong; at humimpil ang hangin: at sila'y nanganggilalas." (Tingnan sa Marcos 6:47–51.)*

MGA YOUNG ADULT

**ANIM NA MUNGKAHI PARA ESPIRITUWAL NA MAKALIGTAS**

44



MGA KABATAAN

**PAGTUTULUNGAN PARA MAHADLANGAN ANG PAGPAPAKAMATAY**

50, 52

PAKSA PARA SA MGA YOUTH LESSON

**MGA KAUTUSAN: PAANO TAYO PINALALAYA NG MGA ITO**

60

TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW